
MAMERTO PAGLINAWAN

GRAD
BX
4659
.P5
P72
1913
BUHR



# HEOGRAPIANG TAGALOG

**Nálululan sa aklát na itó:**

*Bulatlupang Kalangitán* (GEOGRAFÍA ASTRONÓMICA) na nagtuturo ng̃ ukol sa lang̃it, Araw, Buwán, bituwin, kometa, at ibá pa. *Bulatlupang Kalikasán* (GEOGRAFÍA FÍSICA) na nagtuturo ng̃ ukol sa hang̃in, bagyó, ulán, lintík, kidlát, kulóg, dagat, ilog, batis, bukál, lawa, bundók, buról, iláng, bulkán, lindól, at ibá't ibá pa. *Bulatlupang Kapamayanán* (GEOGRAFÍA POLÍTICA) na nagtuturo ng̃ ukol sa kapisanan, bayan, bansa, karunung̃an, kabihasnán, relihión, wika, pamahalaan, at ibá't ibá pa. *Bulatlupang Kasalaysayán* (GEOGRAFÍA DESCRIPTIVA), na nagtuturo ng̃ ukol sa Europa, Asia, Aprika, Amérika at Oseanía. *Heograpía ng Pilipinas* na nagtuturo ng̃ ukol sa ating bayan ó lupain. *Heograpía ng Estados Unidos* na nagtuturo ng̃ ukol sa bayan ng̃ Amérika. Sa katagang sabi, itó ang aklát na nagtuturo ng̃ mg̃a karunung̃ang náuukol sa lang̃it, sa lupa at sa bayan na totoóng kailang̃ang mátutuhan ng̃ lahát ng̃ tao.

THE UNIVERSITY OF MICHIGAN • LIBRARIES •
THE UNIVERSITY OF MICHIGAN
1817

# BULATLUPANG TAGALOG

# BULATLUPANG TAGALOG

SINULAT NI

## Mamerto Paglinawan

May taglay na katibayan sa "Perito Mercantil," kumatha ng "Gramatikang Tagalog," "Aritmetikang Tagalog," at "Gramatikang Kastila-Tagalog," yumayari ng "Diksionario ng Wikang Tagalog," kaanib sa "Aklatang Dunong-Bayan," kasanggunì sa "Samahan ng mga Mananagalog" at kasapi sa "Aklatang Bayan."

---

UNANG PAGKAKALIMBAG

---

MAYNILA.—S. P.

LIMB. «MAGITING» NI HONORIO LÓPEZ.

Juan Luna, 486, Binundók.

1913

Felix Paglinawan

NAGPALIMBAG.

Ang aklát na itó'y aring tunay ng̃ Sumulat.

---

Hindi maipalilimbág ng̃ kahi't sino kung walang pahintulot ng̃ May ari.

---

Pagúusigin ang alín mang sipi na waláng taták ng̃ Nagpalimbág.

---

Ipinagbíbilí ang aklát na itó sa mg̃a Aklatan (Librería) sa Maynila.

---

Ang mg̃a tagá Lalawigan ay makapagpapadalá ng̃ liham sá May katha, sakaling nagnanasang bumilí

---

Tingi at pakyawan: Sa bahay ng̃ Kumatha, daáng Trabajo, blg. 116, Sampalok, Maynila. S. P.

---

Ang halagá ng̃ isáng aklát ay ₱0.50 sa buong Pilipinas.

# Sa mga kababayan

*Wala akóng ibáng pinaghahandugán ng bagong aklát na itó, kundi ang mga giliw na kababayang mairugín sa ikásusulong ng Wikang Tagalog at maibigín sa mga ikatatalas ng pagiisip.*

*Ang aklát na itó, na sinulat ko sa likód ng tiyaga at pagsisikap, ay isá pang katuparan sa aking loyen at pagmimithi na magkaroón sa Wikang Sarili ng mga aklát na katutútuhan ng aking mga kababayan.*

*Pagkátapos kong sulatin ang BILANGAN ó ARITMETIKA ay inisip ko nang isunód itóng BULATLUPA ó HEOGRAPIA, palibhasa'y ang dalawáng karúnungang itó ay magkakatníg sa pagaaral at kapupulhán kapuwa ng malalakíng kapakinabangán.*

*Tanggapín nga ninyó ang abáng aklát na itó, na iniháhandóg ko sa inyó ng buóng puso. Hangád kong mátutuhan ninyó ang dito'y mga nilálamán, nang sa paraáng itó'y makátulong akó sa pagpapayabong ng Wikang Tagalog at sa pagpapatibay sa Kabihasnán ng ating Bayan.*

*Mamerto Paglinawan.*

*Sampalok, Maynila, Mayo, 1913.*

# BULATLUPANG TAGALOG

## (HEOGRAPIANG TAGALOG)

---

### SIMULA

TANONG. ¿Anó ang *Bulatlupa* ó *Heograpía?*

SAGOT. Ang karúnungang nagsasaysáy ó nagúulat ng Lupà, na ipinalálagáy na siyáng tábanan ng tao.

T. ¿Anó ang tinátawag na *Lupa?*

S. Ang mundó ó sangdaigdíg na siyáng tinátahanán natin.

T. ¿Sa ilán nababahagi ang Bulatlupà ó Heograpía?

S. Nababahagi sa tatló na tinátawag na *Bulatlupang Kalangitán* (GEOGRAFIA ASTRONÓMICA), *Bulatlupang Kalikasán* (GEOGRAFIA FISICA) at *Bulatlupang Kapamayanán* (GEOGRAFIA POLITICA). Bukód dito'y mayroón pang isáng tangìng bahagi na tinátawag namáng *Bulatlupang Kasalaysayán* (GEOGRAFIA DESCRIPTIVA).

T. ¿Anó ang *Bulatlupang Kalangitán?*

S. Ang pagaaral ng Lupà na ipinagpapalagáy itóng isá sa mga tangláw (astro) na nakaligid ó nakalaganáp sa kabilugan ng langit.

T. ¿Anó ang *Bulatlupang Kalikasán?*

S. Ang pagaaral ng̃ Lupà ukol sa kanyáng kalagayang likás ó katutubò, sa makatuwíd bagá'y huwág isama ang mg̃a gáwàing sa kanyá'y ginawâ ng̃ mg̃a tao.

T. ¿Anó ang *Bulatlupang Kapamayanán?*

S. Ang pagaaral ng̃ Lupà, na parang táhanan ng̃ tao, ukol sa pagsasaysáy ng̃ mg̃a bayan ó bansâ sangayon sa kanyáng pagkakábahagi, at gayón din ang pagaaral na ukol sa pananampalataya, pámahalàan, kautusán, ugalì, wikà, at ibá't ibá pa, ng̃ mg̃a bayan ó bansâng nabanggít.

T. ¿Anó ang *Bulatlupang Kasalaysayán?*

S. Ang pagaaral na bukódbukód ng̃ bawà't isá sa mg̃a bahaging kinàhahatìan ng̃ Lupà, ó dilì kayâ'y ang pagsasalaysáy na ukol lamang sa isáng bansâ ó bayan.

T. ¿Kailang̃an kayâng matutuhan ang mahalagáng karúnung̃ang itó?

S. Ang karúnung̃ang itó ay totoóng kailang̃ang matutuhan ng̃ mg̃a tao sa kasalukuyang panahón, lalòng lalò na ng̃ máng̃ang̃alakál, magsasakâ, manglalakbáy, at ibá pa; lubhâng kailang̃an sa pagaaral ng̃ Kasaysayan (Historia), ng̃ mg̃a karúnung̃ang likás at sa pamamayan, at siyáng mahalagáng patnugot ng̃ Pápang̃asiwàang Bayan at ng̃ mg̃a usapíng ukol sa dalawáng bansâ.

# BULATLUPANG KALANGITAN
## (GEOGRAFIA ASTRONOMICA)

### UNANG KABANATA.

### Ukol sa mga tanglaw ng langit.

TANONG. ¿Anó ang *tangláw* (astro)?

SAGOT. Bawà't isá sa mga bituwíng nagliliwanag sa langit ó kaitasán.

T. ¿Sa anó nababahagi?

S. Sa dalawáng tumpók: *bituwíng lagi* (estrellas fijas ó soles) at *bituwíng libót* (estrellas errantes ó planetas).

T. ¿Anó ang mga *bituwíng lagi?*

S. Yaóng mga tangláw na may sariling liwanag at nanánatilì sa iisáng kinálalagyán ang bawà't isá. Sangayon sa kanyáng ningníng na tagláy ay nahahatì sa mga bituwíng 1.a, 2.a, 3.o, hanggáng iká 16 na dilág (magnitud).

T. ¿Natatanáw bagá sa paningín lamang ang mga bituwíng itó?

S. Mulâ sa una hanggáng iká 6 ay maáarìng matanáw, ngunì't sapúl sa iká 7 hanggáng iká 16 ay hindî na kundî sa pamamagitan lamang ng teleskopio.

T. ¿Mayroóng ilán ang mga bituwíng lagî?

S. Lubhâng marami; ang kanyáng bilang ay hindî mababalak, dahil sa ang karamihan ay hindî mákita

kahi't na sa pamamagitan ng̃ teleskopio na nakaáabót sa lalòng mataás. Gayón man, ang mg̃a nakikita at nábibilang hanggá ng̃ayón ay umaabót sa 75 ang̃aw-ang̃aw na bituwín.

T ¿Gaano ang layô sa atin ng̃ mg̃a bituwíng tinuran?

S. Ang layô sa atin ay totoóng kagilagilalás: ang takbó ng̃ liwanag ng̃ bituwíng pinakamalapit ay tatagál ng̃ tatlóng taón bago umabot sa Lupà. Dapat matalastás, na ang takbó ng̃ liwanag ay humigít kumulang sa 300.000 kilómetro sa isáng segundo lamang.

T. ¿Anó ang *kabituwinán* (constelación)?

S. Tumpók na pinagbahagi ng̃ mg̃a bituwín upáng itó'y matagpùan ng̃ buông dali sa kalang̃itán.

T. ¿Alialín ang lalòng maririlág?

S. Ang *Osa Mayor* (Daóng ni Noé) na lalòng kilalá sa ng̃alang ang *Carro*, at ang *Osa Mayor;* ang labingdalawáng bumubuô ng̃ labingdalawáng tandâ ng̃ *Zodiaco*; ang *Orión* na pinakamagandá sa lahát; at ang *Can Mayor* (Asong Malakí) na kinápapanigan ng̃ *Sirio* na siyáng bituwíng lalòng maningníg sa langit,

T. Sa mg̃a bituwíng lagî na lalòng malapit sa Lupà. ¿alín ang lalòng nábabakás?

S. Ang Araw.

T. ¿Anó ang *Araw*?

S. Ang tangláw sa araw, bituwíng lagî, na siyáng pinanggagaling̃an ng̃ init at liwanag, at siyáng pinakagitnâ sa kaparaanáng naúukol sa planeta.

T. ¿Gaano ang kanyáng lakí?

S. Humigít kumulang sa 1.284.000 yugtông lakí kay sa Lupà.

T. ¿Gaano ang layô niyá sa Lupà?

S. Kulángkuláng sa 150 ang̃awang̃aw na kilóme-

tro, sa makatuwíd bagá, na kung ang isáng automóbil ay tumátakbó ng isáng katulinang pantáy na 75 kilómetro sa isáng oras ay tatagál ng higít sa 200 taón bago tayo umabot sa Araw.

T. ¿Iláng galáw ó takbó mayroón siyá?

S. Dalawá: isá ang sa *pagikit* (rotación) sa kanyáng sarili na tumátagál ng 25 araw at 8 oras, at ikalawá'y ang sa *paglilipat* (traslación) na ang tulin sa pagtakbó ay 656.000 kilómetro sa isáng araw na patungo sa kabituwinán ni Hércules. Ang Lupà at ang tanáng mga planeta ay paraparang nakikisama sa Araw sa kanyáng mahabà't walâng katapusáng paglalakbáy sa kalawakan ng langit.

## IKA II KABANATA.

## Sa mga planeta at sa kanyang bahagi.

TANONG. ¿Anó ang mga *planeta ó bituwíng libót?*

SAGOT. Ang mga tangláw na nagpapaikitikit sa ligid ng Araw na siyang tinatanggapán nilá ng liwanag.

T. ¿Sa anó nababahagi ang planeta?

S. Sa tatló: *panguná* (primarios), *pangalawá* (secundarios ó satélites) at *kometa* ó bituwíng may buntót.

T. ¿Anó ang mga *planetang panguná?*

S. Ang mga planetang nagpapaikitikit sa ligid ng Araw, at bukód sa galáw na itó ay mayroón pang sa pagikit sa kanyáng pahalang (eje).

T. ¿Alinalín ang mga planetang panguná?

S. Ang mga kilalá ay itóng sumúsunód, sangayon sa pagkakalapít sa Araw: *Mercurio, Venus*, ang *Lupa, Marte, Asteroides, Júpiter, Satúrno, Urano* at *Neptuno,*

T. ¿Anó ang *Lupa?*

S. Ang planetang lalòng kilalá na siyáng kinatatahanán ng̃ mg̃a tao, at ang pagaaral sa kanyá ay siyáng layon nitóng Bulatlupà ó Heograpía.

T. ¿Anóng anyô mayroón ang Lupà?

S. Ang anyô ng̃ Lupà ay mabilog, kawang̃ís ng̃ isáng bola.

T. ¿Iláng galáw ó takbó mayroón ang Lupà?

S. Dalawá: ang isá ay *pagikit* (rotación) sa paligid ng̃ kanyáng pahalang (eje) na tumátagál ng̃ 24 na oras, at ang ikalawá ay *paglilipat* (traslación) na lumiligid sa buông palibot ng̃ Araw na tumátagál namán ng̃ isáng taón.

T. ¿Anóng mg̃a bagay ang dapat málaman ukol sa Lupà?

S. Ang mg̃a *pangulong panulukan* (puntos cardinales) at ang mg̃a *Ikitán* (Polos).

T. ¿Mayroóng ilán ang mg̃a *pangulong panulukan?*

S. Mayroón apat: ang *Hilaga* (Norte), ang *Silanganan* (Este), ang *Kalunuran* (Oeste) at ang *Timog* (Sur). Ang paggamit na karaniwan ay sinusulat lamang ng̃ *H.* (N.), *S.* (E.), *K.* (O.), at *T.* (S.).

T. ¿Paano ang paghanap ó pagtukoy ng̃ mg̃a panulukang itó?

S. Sa ganitóng paraán: Ang humahanap ay kinákailang̃ang iturò ang kanyáng kanang kamáy sa Silang̃anan na siyáng sinisikatan ng̃ Araw at ang kanyáng kaliwâ ay sa Kalunuran, at kung magkaganitó, ang Hilagà ay ang na sa haráp, ang Timog ay ang na sa likurán, ang Silang̃anan ay ang na sa kanan at ang Kalunuran ay ang na sa kaliwâ.

T. ¿Anó ang tinátawag na mg̃a *Ikitán* (Polos)?

S. Ang mg̃a dulo ng̃ guhit na tuwíd at likhâ

lamang na sa ligid niyá ay umiikit ang Lupà.

T. ¿Anó ang kanyáng mğa pangalan?

S. Ang karaniwa'y tinátawag na *Ikiláng Hilaga*, (Polo Norte) ang na sa itaás, at *Ikiláng Timog* (Polo Sur) ang na sa ibabâ.

T. ¿Anó ang pinangánganláng *pabilóg na malalakí* (círculos máximos)?

S. Ang mğa guhit na pabilóg na nangagdaraán sa gitnâ, na ang kabilugan (esfera) ay nahahatì sa dalawáng bahaging pantáy.

T. ¿Alínalín ang mğa pabilóg na malalakí ng Lupà?

S. Ang lalòng mahalagá'y ang mğa tinátawag na *Ecuador, Meridiano* at *Ecliptica*.

T. ¿Anó ang tinátawag na *Ecuador*?

S. Ang malakíng guhit na pabilóg na nálalagáy sa kabilugan ng lupà (esfera terrestre) at nálalayô ng pantáy sa dalawáng ikitán (polo) ng Sangdaigdig

T. ¿Anó ang tinátawag na *Meridiano*?

S. Ang malakíng guhit na pabilóg na nagdaraán ó nálalagáy sa mğa ikitán (polos).

T. ¿Anó ang tinátawag na *Eclíptica*?

S. Ang malakíng guhit na pabilóg na siyáng dinádaanán ng Lupà sa tagál na isáng taón sa ligid ng Araw; siyáng pumuputol sa anyông patungó ó pahilíg sa Ecuador.

T. ¿Anó ang pagkakáibá ng mğa planeta sa mğa bituwíng lagî?

S. Na, ang mğa bituwing lagî ay may sariling liwanag; samantalàng ang mğa planeta ay walâ kundî ang nanggagaling sa Araw.

## IKA III KABANATA.

### Sa mga planetang pangalawa (satelites).

TANONG. ¿Anó ang mg̃a *planetang pangalawá* (satélites)?

SAGOT. Ang mg̃a nagpapaikitikit sa paligid ng̃ mg̃a planetang pang̃uná kasabáy ang pagpapaikitikit ng̃ mg̃a itó sa buông ligid ng Araw.

T. ¿Anóng galáw ó takbó mayroón ang mg̃a itó?

S. Ang galaw ó takbó ng̃ mg̃a itó ay kagaya rin ng̃ sa mg̃a planetang pang̃uná, na, ang kaibhán lamang ay ang galáw ng̃ pagikit (rotación) ng̃ mg̃a planetang pang̃alawá ay lubhâng banayad.

T. ¿Mayroóng ilán ang mg̃a planetang pang̃alawá na nákikilala?

S. Mayroóng 21 lahát: ang Lupà ay may 1, na dili ibá't ang Buwán;—si Marte ay 2;—si Júpiter ay 5;—si Saturno ay 8, bukód pa ang dalawáng síngsing na may muntíng liwanag na sa kanyá'y lumíligid;—si Urano ay 4 na bahagyâ nang mákita sa teleskoplo;—at si Neptuno ay 1.

T. ¿Anó ang *Buwán*?

S. Ang planetang pang̃alawá ng̃ Lupà.

T. ¿Gaanong panahón nilalakad ng̃ Buwán ang kanyáng paligid (órbita)?

S. Sa tagál na 29 na araw at kalahatì humigít kumulang.

T. ¿Gaano ang kanyáng lakí?

S. May 50 yugtông liit sa Lupà; ó sa malinaw na sabi, ang Lupà ay may 50 yugtông lakí kay sa Buwán.

T. ¿Gaano ang layô niyá sa atin?

S. Ang kanyáng layô sa atin ay 384,000 kilómetro.

T. ¿Anó ang tinátawag na *perigeo*?

S. Tinátawag na *perigeo*, ang kalagayan ng̃ Buwán sa kanyáng paligid (órbita) na lalòng nálalapít sa Lupà.

T. ¿Anó ang tinátawag na *apogeo*?

S. Tinátawag na *apogeo*, ang kalagayan ng̃ Buwán sa kanyáng paligid (órbita) na lalòng nálalayô sa Lupà.

T. ¿Anó ang mg̃a *anyó ng Buwán* (fases de la Luna)?

S. Ang sarìsarìng kaayusán na ipinamamalas niyá sa atin, sangayon sa kanyáng kalágayan ukol sa Lupà at sa Araw.

T. ¿Ilán ang kanyáng mg̃a anyô?

S. Apat, at náitó: *bagong buwán, kapat sa paglakí, kabilugan*, at *kapat sa pagliít*.

T. ¿Kailán nagiging *bagong buwán*?

S. Kailán ma't ang Buwán ay nálalagáy sa pagitan ng̃ Araw at ng̃ Lupà. Sa katayùang itó, ay ipinakikita sa atin ang bahagi ng̃ Buwáng hindî tumátanggáp ng̃ liwanag ng̃ Araw, kung kayâ't ganáp na nátatagò sa ating paningín, na siyáng tinátawag nating *bagong buwán*.

T. ¿Kailán nagiging *kapat sa paglakí*?

S. Kailán ma't lumálayô ang Buwán sa katayùang kinálalagyán niyá sa *bagong buwán*, ay nagpapakita sa Lupà ng̃ kalahatì ng̃ bahaging nililiwanagan ng̃ Araw.

T. ¿Kailán magiging *kabilugan*?

S. Kailán ma't ang Lupà ay nálalagáy sa pagi-

tan ng̃ Araw at ng̃ Buwán. Sa katayùang itó, ang Buwán ay nagpapakita sa atin ng̃ kanyáng buông kaliwanagan, na sa kalagayang itó ay siyáng tinátawag na *kabilugan*.

T. ¿Kailán nagiging *kapat sa pagliit?*

S. Kailán ma't ang nakikita lamang sa Lupà ay ang kabiyák ng̃ Buwáng nililiwanagan ng̃ Araw, na hanggá't patuloy ang kanyáng paglakad ay lalò namáng paunti ang liwanag na nákikita hanggáng sa manumbalik na mulî sa *bagong buwán.*

T. ¿Gaanong panahón ang itinátagál sa paglakad ng̃ bawà't isáng anyô (fase)?

S. Humigít kumulang sa 7 araw, at dito sinasapantahàng nagbuhat ang *linggó* (semana).

IKA IV NA KABANATA.

## Sa mga kometa at sa kanyang saklaw.

TANONG. ¿Anó ang mg̃a *kometa?*

SAGOT. Mg̃a bituwíng may buntót na nagpapaikitikit sa buông ligid ng̃ Araw.

T. ¿May marami bagáng kometa?

S. Ang mg̃a talàan ay nagsasabing may mg̃a 700 hanggáng 800; ng̃unì't sa taóntaón ay nakatutuklás pa ng̃ 5 ó 6 na kometa sa pamamagitan ng̃ teleskoplo. Gayón man, ay hindî pa napaglilimìng maigi ang lakad ó takbó ng̃ mg̃a tinurang kometa liban na sa 14 ó 15 hanggá ng̃ayón.

T. ¿Alín ang mg̃a kometang lalòng mahahalagá?

S. Ang lalòng mahahalagá'y ang may mg̃a pang̃alang *Encke* (na siyáng kometang may maikling panahón sa pagtakbó sa kanyáng paligid na tumá-

tagál ng̃ 3 taón at 4 na buwán), ang kay *Faye*, ang kay *Brorsen*, *d'Arrest*, *Winnecke*, *Tempel*, *Brooks*, *Finlay*, at ibá pa, at saká ang bantóg na kometa *Halley* (na siyáng may mahabàng panahón sa pagtakbó sa kanyáng paligid na tumátagál ng̃ 76 na taón).

T. ¿Iláng bagay ang dapat alamín sa mg̃a kometa?

S. Tatló: ang *ulo* (cabellera), ang *gitna* (núcleo) at ang *buntót* (cola).

T. ¿Anó ang *ulo* (cabellera)?

S. Tinátawag na *ulo*, ang bahagi ó lugál ng̃ kometa na lalòng maliwanag.

T. ¿Anó ang *gitna* (núcleo)?

S. Tinátawag na *gitna*, ang lugál na lalòng maningníng na námamasíd sa kalagitnâan ng̃ kometa.

T. ¿Anó ang *buntót* (cola)?

S. Ang mahahabàng sinag na maliwanag na sa kanyá'y sumúsunód.

T. ¿Anó ang dapat másabi ukol sa mg̃a kometa?

S. Na, ang mg̃a kometa, hanggá't nálalapít sa Araw ay lalòng nagliliwanag at ang kanyáng buntót ay lalòng humáhabà. Mayroóng kometa na ang habà ng̃ buntót ay mahigít pa sa 300 ang̃awang̃aw na kilómetro, at ang kanyáng tulin sa pagtakbó ay 500 kilómetro sa isáng segundo lamang.

T. ¿Mayroón bagáng pang̃anib na magbunggô ang kometa at ang Lupà?

S. Sangayon sa hakà ng̃ marurunong, ang pagkakabunggô ng̃ kometa at ng̃ Lupà ay hindi mangyayari kailán man.

T. ¿Nakasasamâ kayâ ó nakabubuti ang paglitáw ng̃ kometa sa Lupà?

S. Ang paglitáw ng̃ kometa sa Lupà ay hindî nakasasamâ ni nakabubuti, sa makatuwíd bagá'y walâng sukat ipang̃anib. Dapat matalastás, na ang mg̃a kometang lalòng kilalá ay may sariling landasing tinutuntón sa pagtakbó na siyáng inilikitan niyâ sa panápanahón, na gaya sa halimbawà ng̃ *kometa Halley* na bago málakad ang kanyáng paligid ay tumátagál muna ng̃ 76 na taón. Ang mg̃a kometa ay hindi nawawalâ kailán man sa kabilugan ng̃ lang̃it, at kung kayâ lamang hindî natin nakikita sa arawaraw ó sa gabígabí ay sapagkâ't nálalayó silá sa Lupà.

T. ¿Anó ang dapat másabi ukol sa matatandâng paniwalà?

S. Sangayon sa matatandâng paniwalà, ang paglitáw raw ng̃ kometa ay siyáng dahilán ó babalâ ng̃ mg̃a digmâan, salot ó mg̃a pagkakasakít, gutom at ibá pang sakunâ na mangyayari sa mg̃a tao. Walâ nang kasinung̃aling̃ang gaya ng̃ mg̃a paniwalàng itó, palibhasà'y ang mg̃a bagong tuklás ng̃ karunung̃an ay táhasang nagsasabi na ang mg̃a kometa ay walâng kinálaman ukol sa Lupà.

## IKA V KABANATA.

## Sa mga paglalaho at sa kanyang bahagi.

TANONG. ¿Anó ang *paglalaho* (eclipse)?

SAGOT. Ang pagkakátagòng ganáp ó pangkát ng̃ liwanag, na násusubok ó nangyayari, sa gayó't ganitóng panahón, sa isáng tangláw na nasa langit.

T. ¿Bakit nangyayari ang mg̃a paglalahò?

S. Dahil sa pagkakásalit ó pagkakapagitan ng̃

isáng tangláw na siyáng tumátakíp sa tangláw na naglalahò at yaóng tinátanggapán ng̃ kanyáng liwanag.

T. ¿Ilán ang mg̃a paglalahòng nangyayari sa mg̃a planeta?

S. Marami, ng̃uni't ang lalòng napagaralan at ang malimit mapansín ng̃ tao ay ang mg̃a paglalahò ng̃ Araw at ng̃ Buwán.

T. ¿Kailán nangyayari ang paglalahò ng̃ Araw?

S. Ang paglalahò ng̃ Araw ay nangyayari kailán ma't ang Buwán ay nálalagáy sa pagitan ng̃ Araw at ng̃ Lupà, na sa bagay na itó, ay nátatagò sa ating paning̃ín ang buô ó bahagi ng̃ liwanag ng̃ tinurang Araw. Ang paglalahòng itó ay nangyayari sa mg̃a *bagong buwán.*

T. ¿Kailán nangyayari ang paglalahò ng̃ Buwán?

S. Ang paglalahò ng̃ Buwán ay nangyayari kailán ma't ang Lupà ay nálalagáy sa pagitan ng̃ Buwán at ng̃ Araw, na sa dahiláng itó'y hindî makalusót ang liwanag ng̃ Araw sa Buwán. Ang paglalahòng itó ay nangyayari lamang sa mg̃a *kabilugan ng buwán.*

T. ¿Sa iláng paraán nangyayari ang mg̃a paglalahò ng̃ Araw?

S. Sa tatló: *ganáp* (total), *pangkát* (parcial) at *gasingsing* (anular).

T. ¿Kailán magiging *paglalahong ganáp*?

S. Kailán ma't natatagò ó nákakanlóng sa ating paning̃ín ang kabilugan ng̃ Araw.

T. ¿Kailán magiging *paglalahong pangkát*?

S. Kailán ma't ang isáng bahagi ng̃ Araw ay madilím at ang kabiláng bahagi ay maliwanag.

T. ¿Kailán magiging *paglalahong gasingsing*?

S. Kailán ma't naglalahò lamang ang dakong gitnâ, na ang tanging nakikita'y isáng anyông singsing na maliwanag.

T. ¿Sa ilán namáng paraán nangyayari ang mga paglalahò ng Buwán?

S. Sa dalawá lamang: *ganáp* at *pangkát*, gaya ng sinabi na sa mga paglalahò ng Araw.

## IKA VI NA KABANATA.

### Ang kalendario o ukol sa panahon.

TANONG. ¿Anó ang tinátawag na *kalendario*?

SAGOT. Isáng talàan ng mga araw ng isáng taón, na pinagbukódbukód sangayon sa mga pangulong bahagi ng panahón at naáakmâ sa mga kailangan ng tao.

T. ¿Alinalin ang mga pangulong bahagi ng panahón?

S. Ang mga pangulong bahagi ay itó: ang *araw*, ang *linggó*, ang *buwán* at ang *taón*.

T. ¿Anó ang *araw*?

S. Ang panahóng itinatagál ng Lupà sa pagtakbô ng isáng buông ligid sa kanyáng pahalang (eje).

T. ¿Anó ang *linggó*?

S. Ang panahóng itinatagál ng Buwán sa pagpapakita ng bawà't isá sa kanyáng mga anyô (fases). Halimbawà: mulâ sa *bagong buwán* hanggáng sa *kapat sa paglaki* ay tumatagal ng 7 araw humigít kumulang.

T. ¿May iláng araw ang isáng linggó?

S. Ang isáng linggó ay may pitóng araw, na pinangangalanáng *lunes*, *martés*, *miérkoles*, *huebes*, *biernes sábado* at *linggó*

T. ¿Anó ang *buwán*?

S. Ang panahóng itinátagál ng Buwán sa pagikit niyá sa buông ligid ng Lupà.

T. ¿May iláng buwán ang isáng taón?

S. Ang isáng taón ay may labingdalawáng buwán, na ang mga ngalan ay *Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo, Hunio, Hulio, Agosto, Septiembre, Oktubre, Nobiembre, Disiembre.*

T. ¿May iláng araw ang bawà't buwán?

S. Ang Enero, Marso, Mayo, Hulio, Agosto, Oktubre at Disiembre, ay pawàng may 31 araw; ang Abril, Hunio, Septiembre at Nobiembre, ay pawàng may 30 araw; at ang Pebrero ay mayroón lamang 28 ó 29 na araw sangayon sa taóng karaniwan ó bisisesto ang kinaúukulan.

T. ¿Anó ang *taón?*

S. Ang panahóng ginagamit ng Lupà sa pagtakbó sa kanyáng paligid (órbit), ó kayâ'y ang isáng ikit sa kabilugan ng Araw.

T. ¿Ilán ang mga pangulong bahagi ng taón.

S. Tatló: *arawán* (solar ó trópico), *bayan* (civil, at *animán* (bisiesto).

T. ¿Anó ang *taóng arawán* (año solar ó trópico)?

S. Ang panahóng ginágamit ng Araw sa paglibot niyá sa buông Eclíptica. Ang taóng itó'y binúbuô ng 365 araw, 5 oras, 48 sandalî (minuto) at 47 pintik (segundo).

T. ¿Anó ang *taóng bayan* (año civil ó común)?

S. Ang taón ding arawán, na, ang tanging binibilang ay 365 araw. Ang taóng itó ay siyáng ginagamit sa maraming bayan ó bansâ at siyá ring ginagamit ngayón sa Pilipinas.

T. ¿Anó ang *taóng animán* (año bisiesto)?

S. Ang taóng may 366 na araw. Ang isáng araw na itóng inilabis sa datihang 365 araw, ay nanggaling sa 5 oras, 48 minuto at 47 segundo na lumalabis sa taóng arawán, at sa tuwing ikaapat na taón ay nagiging isáng araw.

T. ¿Paano ang pagitan ng mg̃a taóng anlmán ó bisiesto?

S. Pagkátapos ng̃ bawà't tatlóng *taóng karaniwan*, (años comunes) ay sumúsunód ang isáng taóng *animán* (bisiesto). Ang huling taón ng̃ bawà't siglo ay karaniwan, at pagkaraán ng̃ apat na siglo ay animán ó bisiesto.

T. ¿Bakit nagkakaroón ng̃ araw at gabí?

S. Palibhasà'y bilóg ang Lupà, kung kayâ't ang kabiyak niyá na ináabót ng̃ mg̃a sinag ng̃ Araw ay siyáng tang̃ing naliliwanagan, at ang kabiyák namán na nasasalung̃át sa liwanag ng Araw ay siyáng nagiging madilím; sa malinaw bagáng sabi, ang kalahatì ng̃ Lupà na naliliwanagan ay siyáng tinatawag na *araw* at ang kalahati na dî naliliwanagan ay siyang pinamamagatáng *gabí*.

# BULATLUPANG KALIKASAN
## (GEOGRAFIA FISICA)

UNANG KABANATA.

### Ang Lupa at sa kanyang bahagi.

TANONG. ¿Anó ang *Lupa*?

SAGOT. Ang planetang lalòng kilalá na siyáng kinatatahanán ng̃ mg̃a tao.

T. ¿Anóng anyô mayroón ang Lupà?

S. Ang anyô ng̃ Lupà ay kawang̃ís ng̃ isáng malaking bola na may kaunting kapatagan sa dako ng̃ mg̃a ikitán ó polo.

T. ¿Sa ilán nababahagi ang Sangdaigdig?

S. Sa tatló: bahaging *mahangin* na siyáng ALAPAAP, bahaging *lusáw* na siyáng TUBIG; at bahaging *matigás* na siyáng LUPA.

T. ¿Gaano ang taás ng̃ alapaáp?

S. Ang taás ng̃ alapaáp ay kumulang humigít sa 100 kilómetro ó kayâ'y 100,000 metro.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ tubig at lupà?

S. Ang kalakhán ó kalaparan ng̃ tubig ay may 365 800,000 kilómetrong parisukát (cuadrado) at ang lupà ay may 144.200,000 kilómetrong parisukát din.

T. ¿Gaano ang kabuùang lakí ó lapad ng̃ Lupà?

S. Ang kalakhán ó kalaparan ng̃ Sangkalupàan ay umáabót sa 510.000,000 kilómetrong parisukát (kilómetro cuadrado).

IKA II KABANATA.

## Bahaging mahangin o ang alapaap.

TANONG. ¿Anó ang *alapaáp* (atmósfera)?

SAGOT. Ang katipunan ng mga *flúido* ó *gas* na bumabalot sa buông lupà.

T. ¿Alinalin ang mga *flúido* ó *gas* na itó?

S. Dilì ibá't ang *hangin*, ang *tubig* na nasa anyông singáw, ang *ácido carbónico* at ibá pa.

T. ¿Anó ang *hangin*?

S. Isáng *flúido* na lubhâng manipís at hindî mahipò kung hindî gumágaláw ó pumápaspás.

T. ¿Anông mga sangkáp mayroón ang hangin?

S. Ang mga sangkáp ng hangin ay itó: 21 bahagi ng *oxígeno* at 79 na bahagi ng *nitrógeno* na may kalahók na muntîng bahagi ng *ácido carbónico* at singáw ng tubig.

T. ¿Anó ang tinátawag na *kababalaghán* (meteoro)?

S. Ang mga kababalagháng nangyayari ó nakikita sa alapaáp.

T. ¿Sa ilán siyá nababahagi?

S. Sa apat: *kababalaghán sa tubig* (meteoro acuoso), *sa liwanag* (luminoso), *sa dagitáb* (eléctrico) at *sa hangin* (aéreo).

T. ¿Anó ang mga *kababalaghán sa tubig* (meteoros acuosos)?

S. Ang mga kababalagháng nililikhâ ng ibá't ibáng pagbabago ng singáw ng tubig.

T. ¿Alinalin ang mga kababalagháng itó?

S. Ang *singáw*, ang *panganorin*, ang *ulán*, ang *busilak* (nieve), ang *granizo*, ang *pedrisco*, ang *ulap*, ang *relente*, ang *hamóg sa gabí* ó *sereno*, ang *hamóg* at ang *escarcha*.

T. ¿Anó ang tinátawag na *singaw?*

S. Ang kalagayan ng tubig na nápapailangláng dahil sa init ng Araw. Sa pagsingáw na itó ay untiuntîng náwawalâ ó náuubos ang tubig na násisilíd sa mg̃a tapayan ó sisidlán, na hanggá't ma tindí ang init ay lalòng malakás namán ang pagkaubos. Ganitó rin ang nangyayari sa mg̃a lawà, ilog at dagat.

T. ¿Anó ang *panganorin?*

S. Malaking tumpók ng̃ singáw ng̃ tubig na nakalutang sa alapaáp. Ang mg̃a pang̃anorin ay nababahagi sa ibá't ibáng ng̃alan, sangayon sa taás na kanyáng kinálalagyán. Kung panahón ng̃ tagaráw, ang pang̃anorin ay lalòng mataás, at siyá ang pinanggagalingan ng̃ ulán na nagdidilig ng̃ ating mg̃a bukirín.

T. ¿Anó ang *ulán?*

S. Ang pagkáhulog na nákikita, sa hugis na patákpaták, ng̃ mg̃a sing̃áw ng̃ tubig na nang̃agtitipon sa pang̃anorin. Ang lakás ng̃ hang̃in ay tumátang̃áy kung minsan ng̃ mg̃a binhî, dahon, batóng mumuntî, at ibá pa, na sa gayóng pagpaták ay siyáng tinátawag na ulán. Ang mg̃a ulán ay nangasasabog ng̃ dî pantáypantáy sa ibá't ibáng poók ng̃ Sangdaigdig.

T. ¿Anó ang *busilak* ó *niebe?*

S. Ang tubig na namuô na parang mg̃a bubog na mumuntî at makikisláp, na ang pagkáhulog ay hinayhinay at patigiltigil. Sa biglâang pagmamasíd ay parang ang túluyang pagkasagì sa busilak ó niebe ay nakasasamâ sa mg̃a halaman; ng̃unì't hindî ganitó, bagkús nakapagtatangkilik sa malalamíg na

hanging siyáng naging dahilán ng kanyáng pagkamatáy.

T. ¿Anó ang tinátawag na *granizo*?

S. Ang pagkáhulog ng mga paták ng tubig na parang yelo na nangyayari sa pagdaraán sa mga poók na lalòng malamíg ng alapaáp.

T. ¿Anó ang tinátawag na *pedrisco*?

S. Ang pagkahulog ng tunay na mga tipák ng yelo ó bató na nangyayari sa pagkakabuntón ng mga *granizo*. Ang *pedrisco* ay karaniwan nang makasirà ng malakí sa mga magsasakâ, palibhasà'y lumalanság ng mga bahaging malambót ng mga halaman na siyáng sumisirà sa buóng pagaani. Kung minsan ay nakasasamâ rin namán sa mga tao at sa mga hayop, kailán ma't ang mga tipák ng yelo ó batóng nahuhulog ay totoóng malalakí na.

T. ¿Anó ang tinátawag na *ulap*?

S. Tinátawag na *ulap* ay isáng panganorin na nasa dakong ibabâ na halos kapiling ng lupà. Ang ulap ay nákikita kailán ma't ang panahón ay malamíg. Ang ulap ay tanging mayroón sa mga lupàng malalamíg at mainit; kayâ't hindî nákikita kailán man sa mga iláng (desierto).

T. ¿Anó ang tinátawag na *relente*?

S. Uláng may napakamumunting paták at di maramdamán halos na náhuhulog sa gabí. Karaniwan nang sabihin, na ang hangin sa gabi ay nakasasamâ sa katawán ng tao, dahil ngâ sa kahulumigmigáng ibinubunga ng *relente*.

T. ¿Anó ang *sereno* ó *hamóg sa gabí*?

S. Ang pagkáhulog ng nápakamumunting paták ng tubig, na nakakawangis ng *relente*, na nangyayari

lamang pagkalubóg ng̃ Araw, lalòng lalò na sa panahóng lubhâng mainit. May iláag nagpapalagáy, na ang *relente* at ang *sereno* ay hindî nagkakaibá.

T. ¿Anó ang tinátawag na *hamóg* (rocío)?

S. Ang kahalumigmigán (humedad) na may anyông paták ng̃ tubig na nálalagak sa ibabaw ng̃ mg̃a halaman at sa ibá pang bagay na nangyayari sa buông gabí. Ang *hamóg* ay hindî nálalagak ng̃ parisparis sa lahát ng̃ mg̃a bagay. Ang damó, ang kahoy, ang bubog ay siyáng nahahamugán ng̃ lalòng marami. Ang hindî nagkakaroón ng̃ hamóg ay ang gintô, ang pilak at ang tansô.

T. ¿Anó ang mg̃a *kababalaghán sa liwanag* (meteoros luminosos)?

S. Ang mg̃a kababalagháng nililikhâ ng̃ ilaw ó liwanag.

T. ¿Alinalín ang mg̃a kababalagháng itó?

S. Ang *kulay ng langit*, ang *liwayway* (crepúsculo), ang *bahaghari* (arco-iris), ang *parhelios* at ang *paraselenas*.

T. ¿Anó ang sukat másabi sa *kulay ng langit*?

S. Ang kulay ng̃ langit ay malimit magbago sangayon sa kalinisan ng̃ alapaáp, bagama't ang kadalasa'y mabugháwbugháw ang nagiging kulay niyá.

T. ¿Anó ang *liwayway* (crepúscolo)?

S. Ang kaliwanagang náuuná sa pagsilang ng̃ Araw, at ang liwanag na sumusunód sa kanyáng paglubóg. Ang una'y siyáng tinatawag na *liwayway sa umaga* at ang ikalawá'y pinanganganlán namang *liwayway sa hapon*. Ang liwaywáy ay nagbubuhat sa pagliliwanag ng̃ mg̃a poók na matataás ng̃ alapaáp dahil sa mg̃a sinag ng̃ Araw, bago sumilang itó ó kayâ'y bago lumubóg.

T. ¿Anó ang *bahaghari* (arco-iris)?

S. Ang maganáng sakbát ó banda na may pitóng kulay, na pagulán ay lumilitáw sa alapaáp sa gawing kasalungát ng Araw. Ang kababalagháng itó ay nangyayari dahil sa paghihiwaláy ó pagkalág ng maputing liwanang sa pitóng kulay na tagláy niyá na nagaganáp sa loób sa bawà't paták ng tubig. Ang mga kulay na itó ay dilì ibá't ang sumúsunód: *mapulá, kulay suhà, madiláw, lungtian, bughaw, kulay tina* at *kulay ubi*.

T. ¿Ano ang tinátawag na *parhelio*?

S. Isáng larawan ng Araw na nililikhâ sa alapaáp ng pagkasinág ng liwanag nitó sa mga panganorin.

T. ¿Anó ang tinátawag na *paraselena*?

S. Isáng larawan ng Buwán na nasisinág din sa mga panganorin.

T. ¿Anó ang mga *kababalaghang sa dagitáb* (meteoros eléctricos)?

S. Ang mga kababalagháng nanggagaling sa dagitáb ng alapaáp na nangagtitipon sa panganorin.

T. ¿Alinalín ang mga kababalagháng itó?

S. Ang *lintík*, ang *kidlát*, ang *kulóg*, ang *fuegos fatuos* at ang *aurora boreal*.

T. ¿Anó ang *lintík* (rayo)?

S. Isáng malakíng tilamsik ng dagitáb ó eléktrika na nagdaraáng mulâ sa isáng panganorin hanggáng sa kabilâ ó kayâ y sa lupà. Upáng mailagan ang lintík ay nilikhâ ni Franklin ang tinátawag na *pararrayos*, na itó'y isáng mahabàng metal na tulís ang dulo, na siyáng inilalagáy sa ibabaw ng mga gusalì ó bahay. Binabalak na ang lakás ng lintík ay kapantáy ng 24 na mákina ng bapor na tig 500

kabayo ang bawa't isá. Ang katulinan ng lintík ay lubháng malakí, na sa isáng sandalî lamang ay makaiikit na ng makawaló sa sangdaigdíg.

T. ¿Anó ang *kidlát* (relámpago)?

S. Ang liwanag na nakasisilaw na nilikhâ ng lintîk.

T. ¿Anó ang *kulóg* (trueno)?

S. Ang tunóg na minsang mahinà at minsang malakás na paulitulit sa dakong malapit at malayò. Hindí lagì nang sumúsunód ang kulóg sa kidlát; nangyayari ang ganitó kailán ma't ang siguwá ay lubhâng malayò, ó kailán ma't lubhâng nagkakalapít ang mga pangauorin sa sandalî ng pagsulpót ng dagitáb ó eléktrika. Kung nangyayari itó ng malapit sa atin, ang kulóg ay lubhâng matunóg at matagal at pagdaka'y sumúsunód sa kidlát; ngunì't kung nangyayari ng lubhâng malayò, ang tunóg namán ng kulóg ay paputólputól at di magkaparis at nárinig pagkatapos ng malaong pagkamasíd sa kidlát.

T. ¿Anó ang tinátawag na *fuegos fatuos*?

S. Mga liwanag ó mumunting alab na malimit makita sa mga larangán ng pagbabaka, sa mga libingan, sa mga lupàng matubig, at ibá pa, dahil sa paghihiwaláy ng mga sangkáp na may buhay.

T. ¿Anó ang tinátawag na *aurora boreal*?

S. Isáng kababalagháng maliwanag na malimit magpakita sa langit sa mga pook na malapit sa mga ikitán ó polo at lalòng lalò na sa Ikitáng Hilagà ó Polo Norte. Nagsisimulâ ang kababalagháng itó pagkaraán ng tatlong oras sapúl sa paglubóg ng Araw at tumátagál hanggáng sa pagsilang ng tinurang tangláw.

T. ¿Anó ang *kababalaghán sa hangin* (meteoros aéreos)?

S. Ang mga kababalagháng nililikhâ ng mga takbó ng hangin sa alapaáp.

T. ¿Anó ang tinátawag na *hangin* (viento)?

S. Ang paghihip na minsáng marahás at minsáng mahinà ng hangin, na pumapaspás mulâ sa isáng panig hanggáng sa kabilâ ng alapaáp.

T. ¿Alin ang dahilán ng hihip ng hangin?

S. Ang nagiging dahilán ng hihip ng hangin ay ang pagkakaibá ng kasukatan ng init (temperatura) sa dalawáng poók na nagkakalapít. Ang init ng Araw ay siyáng pangulong gumágawâ sa pagkakaroón ng hangin.

T. ¿Paano ang pagbabahabahagi ng hangin, sangayon sa lakás ó hinà ng kanyáng paghihip?

S. Ang hangin ay binabahagi sa *marahan*, *katamtaman* ó *malamíg*, *malakás* ó *mabilís*, *lubhang malakás* ó *gahasa* at *masiguwá*, sangayon sa takbóng nánukol na 2, 10, 20, 25, 30 ó higít na metro sa isáng segundo.

T. ¿Paano ang pagbabahabahagi ng hihip ng hangin, sangayon sa kanyáng túnguhin at tagál?

S. Ang hihip ng hangin ay binábahagi sa *palagian* (constantes), panápanahón (periódicos) at *pabagobago* (variables). Tinátawag na *hanging palagian*, yaóng humihihip sa iisáng túnguhin ó poók lamang; *hanging panápanahón*, yaóng naghaharì sa isáng bayan ó lupàin sa gayó't ganitóng panahón; at *hanging pabagobago*, yaóng walâng tiyák na túnguhin ang paghihip.

T. ¿Anó ang tinátawag na *amihan*?

S. Isá sa mga hanging panapanahón na naghaharì sa mga dalampasigan at ang kanyáng túnguhin ay buhat sa dagat patungong lupà kung sa araw at tum-

balík namán kung sa gabí. Ang dahilán nitó'y ang pagkakaibá ng lagay ng kainitan sa dagat at sa lupà, pagkâ't sa gabi'y lalòng nanglalamig ang lupà kay sa dagat at sa araw namá'y lalòng nagiinit.

T. ¿Anó ang tinátawag na *bagyó?*

S. Ang hanging lubhâng masasál na lumílikhâ ng malalaking kasiràan sa poók na kanyáng daanán. Ang bagyó ay nangyayari ss ibá't ibáng poók at lalòng lalò na sa mga bayang mainit.

T. ¿Paano ang pagkakáalám kung may bagyóng darating?

S. Kung lumálapít ang isáng bagyó sa isáng bayan ay nababatíd sa pamamagitan ng *barómetro.*

T. ¿Anó ang *ipoipo* at anó ang *buhawi?*

S. Tinátawag na *ipoipo,* ang pagkakatagpô ó pagkakasalubong ng dalawáng hanging magkasalungát At tinátawag na *buhawi,* ang ipoipong malakás na siyáng sumisirà ng anó mang maraanan. Kung ang bnhawi'y mangyari sa dagat ay nápapailangláng ang tubig, at kung sa katiha'y humihigop namán ng lupà ó buhangin.

T. ¿Iláng kasangkapan ang kinákailangan upáng mákilala ang ibá't ibáng kalagayan ng panahón?

S. Tatló: ang *barómetro,* ang *termómetro* at ang *higrómetro.* Ang *barómetro* ay siyang nagpapakilala ng mangyayari sa panahón, na dili iba't kung uulan ó babagyó kayâ. Ang *termómetro* ay siyáng nagpapakilala ng kasukatan ng init. At ang *higrómetro* ay siyáng nagpapakilala ng kahalumigmigán ng hangin ó kayâ'y ng kasukatan ng singáw ng tubig sa alapaáp.

## IKA III KABANATA.

### Bahaging lusaw o ang tubig.

TANONG. ¿Anó ang *tubig?*

SAGOT. Isáng lusáw na magaláw, na kung dalisay ó malinis, ay maliwanag, walâng amóy, walâng kulay at walâng lasáp na tiyák.

T. ¿Anóng mg̃a sangkáp mayroón ang tubig?

S. Ang mg̃a sangkáp ng̃ tubig ay itó: 89 na bahagi ng̃ *oxigeno* at 11 bahagi ng̃ *hidrógeno.*

T. ¿Ang tubig bagá'y palagi na lamang lusáw?

S. Hindî pô: ang tubig ay maáaring *lusáw* na siyáng karaniwan, maáaring *ma'igás* katulad ng̃ yelo, busilak ó niebe, *granizo,* at ibá pa, at maáaring *mahagin* na siyáng singáw.

T. ¿Saán natatagpùan ang tubig kung na sa kalagayang lusáw?

S. Ang tubig kung na sa kalagayang lusáw ay natatagpùan sa malalaking tumpók na siyáng bumubuô ng̃ mg̃a *dagat,* at natatagpùan din namán sa lupà na nagiging mg̃a *batis, lawà, ilog,* at ibá pa.

T. ¿Anó ang pagkakaibá ng̃ tubig sa dagat at ng̃ tubig sa lupà?

S. Ang tubig sa dagat at ang tubig sa lupà ay nagkakaibá, sapagkâ't ang una'y maalat ang lasa, samantalàng ang pang̃alawa'y walâ ng̃ gayóng lasáp. Sa dahiláng itó, kung kayâ't ang una'y tinátawag na *tubig na alat* at ang ikalawá'y *tubig na tabáng*

T. ¿Anó ang *dagat* sa kahulugang pangkalahatán?

S. Ang katipunan ng̃ mg̃a tubig na alat na nang̃agkalaganap sa Sangdaigdigan, at ang kanyáng lakí ay 365,800,000 kilómetrong parisukát (cuadrado).

Lubhâng nagkakaibá ang *lalim* ng̃ dagat, palibhasà'y ang malapit sa mg̃a baybayin ay na'atarók na sa iláng metro lamang, samantalàng sa ibáng mg̃a poók ay umáabót naraán sa 8.000 metro. Ang poók na totoóng malalim ay nasa Océano Pasípiko, sa pagitan ng̃ mg̃a pulông Carolinas at Nueva Guinea, na umáabót sa 9,630 metro.

T. ¿Ilán ang mg̃a pang̃ulong *galáw* ng̃ tubig sa dagat?

S. Tatló: ang *alon*, ang *dagatan* (marea) at ang *agos* (corriente).

T. ¿Anó ang *alon*?

S. Ang sunódsunód na galáw ng̃ tubig sa dagat na nililikhâ ng̃ hihip ng̃ hang̃in. Ang taás ng̃ mg̃a alon ay náuukol sa túng̃uhin at bilís ng̃ hang̃in at sa kalaliman ng̃ dagat, na umáabót sa 15 metro ang along lalòng pinakamataás. Sangayon sa mg̃a pagsusuring ginawâ, ang tubig sa lalim na 40 metro ay palaging payapà, kahì't na anóng lakás ng̃ paggaláw sa ibabaw ng̃ dagat.

T. ¿Anó ang *dagatan* (marea)?

S. Ang paggaláw na panápanahón ng̃ pagbabâ at paglakí ng̃ tubig sa dagat.

T. ¿Ilán ang mg̃a pang̃ulong panahón ng̃ dagatan (marea)?

S. Dalawá: ang *paglakí* (flujo) at *pagliit* (reflujo). Tinátawag na *paglakí*, ang kilos na pasulóng ó paakyát ng̃ tubig sa itaás ng̃ mg̃a baybayin; at tinátawag na *pagliit*, ang galáw na pauróng ó pababâ ng̃ tubig. Bawà't isá ay tumátagál ng̃ 6 na oras.

T. ¿Anó ang *agos* (corriente)?

S. Malaking bahagi ng tubig na may malakás na galáw at may tinutuntóng isáng tiyák na landás sa gitnâ ng dagat.

T. ¿Anó ang *uliuli ó alimpuyó?*

S. Ang galáw na paikít na lubhâng marahás, na násusubok ó nangyayari sa tubig ng dagat sa mga poók na tiyák. Nangyayari ang ganitó dahil sa pagkakásalubong ng dalawáng agos.

T. ¿Mayroón bagáng mga bahagi ang dagat?

S. Opò; ngunì't ang mga bahaging itó ay hindi nahahangganáng maigi dî gaya ng sa lupà. Kayâ't malimit magkayuwisyuwis sa paggamit ang mga ngalang *Oséano, dagat, laot, loók,* at ibá pa.

T. ¿Anó ang tinátawag na *Oséano?*

S. Ang nápakalaking bahaging katutubò na maáaring gawín sa tubig.

T. ¿Mayroóng ilán ang mga Oséano?

S. Limá, at itó: ang *Oséano Glasial Artiko,* na sumásaklâw sa mga tubig na nálalagáy sa may ikitáng Hilagà ó polo Norte; ang *Oséano Glasial Antártiko,* na nátatagpùan sa malapit sa ikitáng Timog ó polo Sur; ang *Malaking Oséano* na tinátawag din namáng *Oséano Pasípiko,* na nakalatag sa pagitan ng Asia at Amérika; ang *Oséano Indiko,* na nálalagáy sa mga baybaying timog ng Asia; at ang *Oséano Atlántiko,* na nangakalaganap sa Europa, Aprika at Amérika.

T. ¿Gaano ang kalaparan ó kalakhán ng mga Oséanong itó?

S. Itóng mg̃a sumúsunód:

| | |
|---|---|
| Oséano Glasial Artiko.... | 14 000,000 km. paris. |
| Oséano Glasial Antártiko. | 12.400,000 „ „ |
| Oséano Pasípiko.......... | 175 400,000 „ „ |
| Oséano Indiko............ | 74.000,000 „ „ |
| Oséano Atlántiko......... | 90.000,000 „ „ |
| Kabuùan......... | 365.800,000 km. paris. |

T. ¿Anó ang *dagat* sa tang̃ìng pakahulugán?

S. Ang *dagat* ay isáng bahagi ng̃ Oséano na dahil sa kanyáng anyông likás ó dahil kayâ sa kaugalìan, ay nagkaroón ng̃ isáng tang̃ìng ng̃alan, gaya sa halimbawà ng̃ *dagat ng Tsina*.

T. ¿Anó ang *laot* (golfo)?

S. Ang isáng bahaging malakí ng̃ dagat na nápapaloób sa lupà, gaya sa halimbawà ng̃ *laot ng Linggayén*, sa Panggasinán.

T. ¿Anó ang *loók* (bahía)?

S. Ang isáng muntìng laot na may muntìng pasukán, gaya ng̃ *loók ng Maynila* (bahía de Manila).

T. ¿Anó ang mg̃a ng̃alang itinátawag sa mg̃a bahagi ng̃ dagat na napapagitanan ng̃ dalawáng lupà?

S. Ang mg̃a ng̃alang itó: *kipot* (estrecho) at *kanál*.

T. ¿Anó ang tinátawag na *kipot* (estrecho)?

S. Ang isáng makitid na landás ng̃ dagat na nasa pagitan ng̃ dalawáng lupàng nagkakalapit paris sa halimbawà ng̃ *kipot ni San Bernardino* na nasa pagitan ng̃ Samar at ng̃ Lusón.

T. ¿Anó ang tinátawag na *kanál*?

S. Ang kakiputan ng̃ dagat na nasa pagitan ng̃ dalawáng pampáng ó baybaying nagkakatapát, gaya

sa halimbawà ng *kanál de la Mancha* na nasa pagitan ng Pransia at Inglate ra.

T. ¿Anó ang *daungan* (puerto)?

S. Ang isáng muntíng pasukán ng dagat sa lupà, matibay at kanlóng sa hangin, na siyáng sinasadsarán ng mga sasakyáng dagat, gaya ng *daungan ng Maynila*.

T. ¿Anó ang *sadsaran* ó *punduhan* (muelle)?

S. Ang isáng poók ng lupà na sadyâng yarì ng mga tao na nápapasok sa may dakong dagat, upáng magíng tanggulan ng mga sasakyáng dagat sa mga hangin at panulak sa mga alon at upáng mapadalî sa paglululan at paglulunsád ng mga kalakal.

T. ¿Anó ang tinátawag na *astillero*?

S. Ang poók sa may baybáy dagat na pinaggagawán ng mga sasakyán.

T. ¿Anó ang tinátawag na *arsenal*?

S. Ang poók na malapit sa dagat na pinaggagawán at pinagkukumpunihán ng mga sasakyán.

T. ¿Saán nanggagaling ang lahát ng tubig na nátatagpùan sa lupà?

S. Nanggagaling sa tubig na nahuhulog sa alapaáp, sa pamamagitan ng ulán, busilak ó niebe, hamóg, at ibá pa. Ang tubig na itó'y dalisay halos, at tinátawag na *tabáng* bilang kalaban ng *alat* ó tubig sa dagat.

T. ¿Saán nápapatungo ang tubig na nahuhulog sa lupà?

S. Ang isáng bahagi ay nagiging singáw at mulíng pumapailangláng, ang ibáng bahagi'y tumatagós sa ilalim ng lupà, at ang ibá pang bahagi'y umáagos sa ibabaw na nagiging batis, ilog, at ibá pa.

T. ¿Anó ang tinátawag na *bukál*?

S. Isáng muntìng bahagi ng̃ tubig na tumutulò ó bumabalong sa lupà. Ang bukál ay nagkakaroón sa mg̃a bundók at sa mg̃a patag, bagamá't sa una ay lalòng marami.

T. ¿Anó ang tinátawag na *batis*?

S. Isáng agos ng̃ tubig, mabilís at paibáibá, na tang̃ìng nagkakaroón sa panahón ng̃ tagulán.

T. ¿Anó ang *saluysóy* (arroyo)?

S. Isáng muntìng landás ng̃ tubig na lagìng tumátakbô.

T. ¿Anó ang tinátawag na *ilog*?

S. Ang agos na malakí at palagìan na pumapatung̃o sa isáng dagat, sa isáng lawà ó sa isá ring ilog. Ang ilog na lalòng mahabà ay ang *Nilo*, na ang sukat ay 5.590 kilómetro.

T. ¿Anó ang tinátawag na *katarata*?

S. Pagkáhulog ó lundág na malalakí ng̃ tubig ng̃ isáng ilog. Ang *katarata* ay isá sa lalòng magagandáng pánoorin ng̃ Kalikasán. Mayroóng nagtatagláy ng̃ lubós na kagandahan at kadakilàan na hinahang̃àan ng̃ sangdaigdíg at dinadalaw ng̃ libolibong tao, na walâng ibáng layon sa paglalakbáy kundî panoorin ang gayóng mg̃a kababalagháng likás sa ibabaw ng̃ lupà. Ganyán ang nangyayari sa mg̃a katarata ng̃ Niagara at Tequendama, sa Hilagàang Amérika.

T. ¿Anó ang tinátawag na *pádaluyan* (canal)?

S. Ang daán ng̃ tubig na binuksán ng̃ tao sa ibabaw ng̃ lupà upáng takbuhán ng̃ tubig sa ilog ó sa dagat at ginágamit sa paglalayág, pagpapatubig at ibá pang láyunin. Ang mg̃a *pádaluyan* ay

nakatutulong sa pagsasakâ, palibhasà'y naipamamahagi ang tubig na nasa mg̃a ilog hanggáng sa mg̃a poók na malalayò. Ang isáng mabuting paraán sa pagpapatubig ay siyáng kayamanan ng̃ mg̃a bayan, magíng sa pagpapatabâ sa lupà at magíng sa pagsansalà sa mg̃a pagkakatuyót na nangyayari sa panapanahón.

T. ¿Anó ang tinátawag na *lawa* (lago)?

S. Isáng malaking bahagi ng̃ tubig na náliligiran ng̃ lupà sa lahát ng̃ panig, gaya sa halimbawà ng̃ *lawa ng Bay*. Ang lawàng lalòng malalim sa Sangsinukob ay ang *Baikal* na nasa Rusia Asiática na umáabót sa 1,373 metro.

T. ¿Anó ang tinátawag na *laguna*?

S. Ang tinátawag na *laguna* ay isáng lawàng muntî.

T. ¿Anó ang tinátawag na *estanque*?

S. Ang isáng lawàng sadyâng ginawâ ng̃ tao.

T. ¿Anó ang *labák* (pantano)?

S. Ang tubig na nábibingbing sa mg̃a lupàng mabababà, na ang mg̃a gilid ay walâng tiyák na hangganan at karaniwan nang náliligiran ng̃ mg̃a halamang tubig.

## IKA IV NA KABANATA.

## Bahaging matigas o ang lupa.

TANONG. ¿Anó ang *lupa*?

SAGOT. Ang bahaging matigás ng̃ Sangdaigdíg na siyáng tinátahanán ng̃ mg̃a tao at pinagtatamnán ng̃ mg̃a halaman.

T. ¿Sa anóng anyô nákikilala ang lupà?

S. Sa tatlóng malalakíng bahagi ó tumpók, na pinanganganláng *kontinente*, at sa maraming tumpók ó bahaging mumuntî, na pinamamagatán namáng *pulo*.

T. ¿Anó ngâ ang tinátawag na *kontinente?*

S. Isáng malakíng bahagi ó tumpók ng lupà na sumásakláw ng iláng bayan ó bansâ at hindî nahahatì ng dagat.

T. ¿Alínalín ang mga tinurang kontinente?

S. Ang mga kontinenteng tinuran ay itó: ang *Datihan* (Antiguo), na sumásakláw sa Europa, Asia at Aprika; ang *Bago* (Nuevo) na náuukol sa Amérika; at ang *Dagatan* (Marítimo) na náuukol namán sa Australia.

T. ¿Iláng bahagì mayróon ang Sangdaigdíg?

S. Ang Sangdaigdíg ay mayroóng limáng bahagi, at náitó: *Europa, Asia, Aprika, Amérika* at *Oseanía.* Ang mga lupàng na sa mga ikitán ó polo ay hindî násasama sa alín man sa mga bahaging itó ng Sangsinukob.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng mga bahaging itó ng Sangdaigdíg?

S. Ang sumúsunód:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Europa............... | 9.900,000 | km. | paris. |
| Asia................. | 42.200,000 | ,, | ,, |
| Aprika............... | 30.000,000 | ,, | ,, |
| Amérika.............. | 38.700,000 | ,, | ,, |
| Oseanía.............. | 11.000,000 | ,, | ,, |
| Ang lupàng nasa mga polo. | 12.400,000 | ,, | ,, |
| Kabuùan...... | 144.200,000 | Km. | paris. |

T. ¿Anó ang mga ngalang tinátagláy ng iláng bahagi ng lupà?

S. Ang mga ngalang *península, istmo ó daanán, pulo, kapuluan, kabo ó lungos, dalampasigan, kapatagan, parang, iláng, oasis, bundók, kabundukan, buról, lambák, bulkán at lindól.*

T. ¿Anó ang tinátawag na *península?*

S. Isáng bahagi ng lupà na nálıligiran ng tubig sa lahát ng dako, liban lamang ang isáng muntíng panig na nákakabít sa isáng kontinente, katulad ng *Espanya.*

T. ¿Anó ang *istmo ó daanán?*

S. Isáng ulós na makipot ng lupà na siyáng nagkakabít ng isáng península sa isáng kontinente, ó kayâ'y ng dalawáng bahaging malakí ng isáng kontinente, gaya sa halimbawà ng *istmo ng Panamá,* sa Amérika.

T. ¿Anó ang *pulo* (isla)?

S. Isáng tumpók ó bahagi ng lupà, na lubhâng maliít kay sa kontinente, na nálıligiran ng tubig sa lahát ng dako, katulad ng *pulong Lusón.*

T. ¿Anó ang *kapuluan* (archipiélago)?

S. Ang katipunan ng maraming pulô na nagkakalapítlapít, kagaya ng *Kapuluang Pilipinas.*

T. ¿Anó ang tinátawag na *kabo* ó *lungos?*

S. Isáng bahagi ng lupà na nápapasok sa dagat; kung totoóng mataás ay tinátawag na *promontorio,* at kung mababà at makipot ay pinamamagatáng *punta* ó *tunguwáy,* katulad ng *kabo Bolinaw,* sa Panggasinán.

T. ¿Anó ang *baybayin* (costa)?

S. Ang dulo ó gilid ng lupà na bahagyâng ináapawan ng tubig sa dagat; kung mababà at mabuhangin ay tinátawag na *pasigan* ó *dalampasigan.*

T. ¿Anó ang *kapatagan* (llanura)?

S. Isáng malakíng bahagi ng̃ lupàng pantáy na walâng kataasáng nakapipinsalà.

T. ¿Anó ang *parang* (páramo)?

S. Malawak na kapatagan na hindi sinasaka at walâ isá mang táhanan.

T. ¿Anó ang *iláng* (desierto)?

S. Lupàng kálapadlaparan na hindi tinatahanán ng̃ tao at walâng tumutubòng halaman. Mayroón namáng nalalatagan ng̃ buhang̃in na ang pagdaraán ay lubhâng mapang̃anib. Ang iláng na lalòng malakí sa Sangdaigdíg ay ang *Sahara* na nasa gitnâ ng̃ Aprika

T. ¿Anó ang tinátawag na *oasis*?

S. Ang poôk na may mg̃a halaman na nátatagpùan sa gitnâ ng̃ mg̃a iláng ó desierto.

T. ¿Anó ang *bundók* (monte ó montaña)?

S. Tumpók ó bahaging mataás ng̃ lupà sa ibabaw ng̃ kalaparan ng̃ daigdíg, gaya ng̃ *bundók* ng̃ *Arayat* sa Kapampang̃an.

T. ¿Anó ang *kabundukan* (cordillera)?

S. Ang katipunan ng̃ maraming bundók na nagkakakabítkabít sa ibabâ.

T. ¿Anó ang mg̃a ng̃alan ng̃ ibá't ibáng panig ng̃ bundók?

S. Tinátawag na *tuktók* ó *taluktók*, ang panig na lalòng mataás; *libís* ó *dahilig*, ang tarík ó dalisdís ng̃ bundók, at *paá* ang panig na lalòng mababà.

T. ¿Anó ang *buról* (colina)?

S. Ang bundókbundukan ó ang bundók na hindi lubhâng mataás.

T. ¿Anó ang *lambák* (valle)?

S. Ang poók ng̃ lupàng pantáy na nálalagáy sa pagitan ng̃ dalawáng bundók.

T. ¿Anó ang *bulkán?*

S. Ang bundók na bumubugá ng̃ apóy na lumálabás sa isáng malakí at malalim na butas na tinátawag na *kráter*. Ang pagbugá ay maáaring mangyari sa ibabaw ng̃ lupà at sa ilalim ng̃ dagat: kung minsan ang pagputók ng̃ bulkán dito sa huli ay nagiging pulô pagkátapos.

T. ¿Anó ang *lindól?*

S. Ang biglâng paggaláw ó pagugâng kagulatgulat ng̃ lupà na nililikhâ ng̃ mg̃a lakás sa ilalim, na, sangayon sa kanyáng karahasán ay sumisirà ng̃ madlâng bagay sa poók na pinangyarihan. Ang lindól ay kapatíd halos ng̃ bulkán, palibhasà'y nililikhâ kapuwà ng̃ mg̃a lakás na nagtitipontipon sa ilalim ng̃ lupà. Sa madlâng kasakunàang ilkás na nangyayari sa Sangdaigdíg ay walâng makakapantáy sa lindól. Ang kanyáng galáw na pangpaguhô sa lalòng matitíbay na gusalì ay nagaganáp sa iláng segundo lamang. Ang malalakás na lindól ay nakapagpapalubóg ng̃ mg̃a pulô at mg̃a bayan at nakapagpapabagong ganáp sa kaayusán ng̃ lupà.

## IKA V KABANATA.

## Ukol sa tao at sa mga lahi.

TANONG. ¿Anó ang *tao?*

SAGOT. Ang tang̃ing hayop na nábubuhay sa Lupà na may sariling matuwíd at may isáng káluluwáng hindî mamámatáy na kinálalakipan ng̃ pangdamdám, pagiisip at kalooban.

T. ¿Sa anó nabábahagi ang tao?

S. Walâ pòng bahagi isá man: ang lahát ay siyáng

bumubuó ng tinátawag na Sangkatauhan. Ang tanging kaibháng nápupuná sa isá't isáng bayan ay nanggagaling sa lagáy ng panahón, pagkain, ibá't ibáng kabuhayan at kalagayan ng kabihasnán, mga pangyayaring siyáng nakakatulong sa pagkakaibá ng kulay, anyô, taás, pangungusap at karúnungan.

T. ¿Anó ang sukat másabi ukol sa lalaki at babae?

S. Na, sa lahát ng bayan, ang lalaki ay malakás, mataás at may malaking katawán kay sa babae.

T. ¿Gaano ang taás ng tao?

S. Ang taás ng tao ay hindî pantáypantáy, bagamá't ang karaniwan ay 1'65 metro; nguni't mayroón din namang tao na lubháng muntî na pinamamagatáng *pandák* ó *enano*, at mayroóng lubhâng malakí na tinátawag namáng *malangkád* ó *higante*.

T. ¿Parisparis bagá ang kulay ng tao?

S. Hindî pò, at ang katotohana'y nangagkakaibáibá, at dahilan ngâ rito'y nagkaroón ng lahilahì.

T. ¿Iláng lahì mayroón ang tao?

S. Mayroóng limá: *lahing puti*, *lahing diláw*, *lahing itím*, *lahing amerikana* at *lahing malaya*.

T. ¿Saánsaán nanánahán ang ibá't ibáng lahing itó?

S. Ang lalòng marami sa *lahing puti* ay nananahán sa Europa, ang sa *lahing diláw* ay sa Asia, ang sa *lahing itím* ay sa Aprika, ang sa *lahing amerikana* ay sa Amérika, at ang sa *lahing malaya* ay sa Oseanía.

T. Bukód sa mga lahing tinuran ¿ay mayroón pa bang ibá?

S. Marami pa pò, nguni't ang mga lahing itó ay mga sangásangá na lamang ng limáng pangulong lahing nabanggít.

T. ¿Ilán ang kabuùang bilang ng̃ mg̃a tao sa Lupà?

S. Humigít kumulang sa 1,547 ang̃awang̃aw na tao, na nang̃abábahagi sa limáng panig ng̃ Sangdaigdíg, sa paraáng sumúsunód:

| | | |
|---|---|---|
| Europa | 422 | ang̃awang̃aw. |
| Asia | 783 | ,, |
| Aprika | 133 | ,, |
| Amérika | 156 | ,, |
| Oseanía | 53 | ,, |
| Kabuùan | 1 547 | ang̃awang̃aw. |

T. ¿Iláng tao ang nananahán sa lupàng na sa mg̃a ikitán ó polo?

S. Ang nananahán sa mg̃a tinurang lupà ay binabalak na may 13,000 tao.

T. ¿Paano ang pamumuhay ng̃ tao?

S. Ang tao'y ipinang̃áng̃anák na hubád, ng̃unì't salamat sa kanyáng paglisip ay nabalutan ang kanyáng katawán ng̃ mg̃a sangkáp na naáakmâ sa kanyá upáng máilag sa init at lamíg. Ang kabagayáng itó at ang kaurìang mabuhay sa anó mang bagay na makakain na ibinubung̃a ng̃ kalikasán ay siyáng ipinagiging marapat na makatahán ang tao sa ibá't ibáng lupà, kung kayâ't nakikita natin na ang kanyáng kapangyarihan ay nakalaganap sa buông Sangsinukob.

# BULATLUPANG KAPAMAYANAN

## (GEOGRAFIA POLITICA)

### UNANG KABANATA.

### Ang kapisanan, bayan at bansa.

TANONG. ¿Anó ang *kapisanan* (sociedad)?

SAGOT. Ang pagsasamasama ng̃ mg̃a tao sa hang̃ád na magtulung̃án, magdamayán at lumikhâ ng ikabubuti ng̃ bawà't isá at ng lahát.

T. ¿Ang kapisanan bagá'y katutubò sa katauhan?

S. Oo pò, at nagpapatibay sa bagay na itó ang pananalitâ, ang pagliisip, ang kahinàan ng̃ katawán ng̃ tao, ang pagaalagà sa mg̃a sanggól, at ibá't ibá pa, na parapatang nagpapakilala na kailang̃an ang pagsasamahán ng mg̃a tao.

T. ¿Saán nagbuhat ang kapisanan?

S. Ang kapisana'y nagbubuhat sa *ának* (familia) ó *lipi*, na kung kasákasama ng̃ *pananambá* ó *relihión* at ng *karapatán sa pagaari*, ay siyáng bumubuô ng tatlóng saligáng kinababatayán ng násabing kapisanan.

T. ¿Anóanó ang kailang̃an sa isáng kapisanan?

S. Sa lahát ng̃ kapisanan ay kailang̃ang magkaroón ng tagautos na siyáng *kapangyarihan* at ng tagasunód na siyáng *mga sakóp* (súbditos). Tungkulin ng kapangyarihan ang pagtatangkilik sa kanyáng mg̃a

sakóp ukol sa kanyáng katutubòng karapatán ng pagkatao, pagkakápantáy, kalayàan, katiwasayán, pagsasapìsapì at pagaarì, na sa ikatutupád ng mga karapatáng itó ay naglalagdâ ng mga *batás*.

T. ¿Iláng baitang ang sakláw ng kapisanan?

S. Tatló: ang *ának ó kapisanang bahay* (sociedad doméstica), ang *lipi ó kapisanang pagmamaguláng* (sociedad patriarcal), at ang *kapisanang bayan* (sociedad civil).

T. ¿Anó ang *anák ó kapisanang bahay*?

S. Ang pagsasamasama ng mga taong náuukol sa iisáng ának (familia) at naninirahan sa iisáng bahay. Ang kapisanang itó ay binubuó ng magasawang lalaki at babae, ng mga magulang at mga anák at ng pangínoón at alilà.

T. ¿Anó ang *lipi ó kapisanang pagmamaguláng*?

S. Ang katipunan ng iláng ának (familia) na nangánanahán sa isáng lupà ng tiwátiwaláy sa ilalim ng pamamahalà ng isáng amá, na siyáng panginoón ng kanyáng mga anák at mga inapó at siyáng punòng may hawak ng madlâng kapangyarihan.

T. ¿Anó ang *kapisanang bayan*?

S. Ang katipunan ng maraming ának (familia) na may tiyák na tinitiraháo, nangagsisikilala sa iisáng punò ó kapangyarihan, at pinamámahalàan sa pamamagitan ng mga batás na pantáypantáy, na nagtatakdâ ng mga tungkulin at karapatán ng mga kasapì.

T. ¿Anó ang tinátawag na *bayan* (pueblo)?

S. Ang katipunan ng maraming tao na may iisáng pinanggalingan at naninirahan sa iisáng lupà.

T. ¿Anó ang tinátawag na *bansa* (nación)?

S. Ang pagsasamasama ng mga taong nanganánahán sa maraming bayang nagkakalakiplakip.

T. ¿Anó ang tinátawag na *Estado?*

S. Ang katipunan ng mga taong may iisáng kapangyarihan at may iisáng batás na sinúsunód, na nagpupunyagî sa ikapagtatamó ng madlâng kagalingan sa pamumuhay.

T. ¿Sa anó nababahagi ang mga bayan ukol sa mga baitang ng kabihasnán?

S. Sa *bulastóg* (salvaje), *mabangís* (bárbaro), at *bihasá* (civilizado).

T. ¿Anó ang tinátawag na *bayang bulastóg?*

S. Yaóng bayang, ang mga tao ay nangananahán sa mga bundók ng tiwátiwaláŋ at nangabubuhay sa mga bungang kahoy; ang kaniláng mga ugalì ay mababangís at dî nakákikilala ng pagsulat; at nanga susukuban ng iisáng punòng walâng ibáng pinapagbaharì kundî ang sariling kalooban.

T. ¿Anó ang *bayang mabangís?*

S. Yaóng bayang ang mga tao ay nangagsasamasama sa pamamagitan ng isáng simulâng pagkakátatág na may mga kautusáng násusulat at pángasiwàang bayan na tanging nátutupád sa tulong ng hukbó na siyáng pinakabantáy ng punò. Ang mga taong mababangís ay may mga ugaling palibotlibot na nangabubuhay sa pagkain ng mga bungang kahoy at mga hayop, at ang kanyáng paglalagaláŋ na walâng katapusán ay siyáng nagbubunsód sa masasamâng hilig, sa panghaharang at sa pagdidigmâan.

T. ¿Anó ang *bayang bihasá?*

S. Yaóng bayang, ang mga tao ay nangagsisikap

sa ikawawastô ng kapisanan at nangagsisitulong sa ikagagalíng ng bawà't isá; at tinátangkilik ng Pámahalàan ang mga mámamayán at ang kanyáng mga pagaari laban sa mga pagbabantâ at panunubok ng masasamâng loób. Silá y nangakakakilala at nangagsusumikap ng gayón na lamang sa ikapapaanyô ng mga kasiningan (artes), karúnungan (ciencias), polítika at pagbabatás, at nangagsisihilig sa pagsasakâ, sa industria at sa pángangalakál ng buông kaigtingán at katalinuhan.

## IKA II KABANATA.

## Ukol sa pananamba o relihion.

TANONG. ¿Anó ang *pananambá ó relihión?*

SAGOT. Ang pagsambá ó paggalang na inihálhandóg ng buông pagibig sa Maykapál.

T. ¿Sa anó nababahagi ang pananambá?

S. Sa dalawá, na pinamámagatáng *monoteista* at *politeista*. Tinátawag na *monoteista* ang sumásambá sa iisáng Diós, at *politeista* ang nanánampalataya sa maraming diós.

T. ¿Alinalín ang mga *relihióng monoteista?*

S. Ang *Judaismo* ó relihión ng mga hudió, ang *Cristianismo* ó relihión ni Hesukristo, ang *Mahometismo* ó relihión ni Mahoma, at ang *relihión ni Confucio* ó ng mga intsík. Ang *Cristianismo* ay may tatlóng sangá: ang *Católica Apostólica Romana*, ang *Cismática Griega*, at ang *Protestantismo*.

T. ¿Anó ang *Judaismo?*

S. Ang relihión ó pananambáng ipinahayag ng Diós at ibinigáy sa mga hebreo sa pamamagitan ni Moisés

at ng̃ mg̃a manghuhulà ó propeta. Ang relihióng itó ay siyáng sinasampalatayanan ng̃ lahát ng̃ hudió, na umáabót sa 11 ang̃awang̃aw na nakakalat sa buông sangsinukob.

T. ¿Anó ang *Catolicismo?*

S. Ang *Catolicismo* ó ang relihióng *Católica Apostólica Romana*, na pinang̃ung̃uluhan ng̃ *Papa*, ay kinikilala itóng parang kinatawán ni Hesukristo at kahalili ni San Pedro. Ang nananalig sa pananambáng itó ay umaabót sa 264 na ang̃awang̃aw na nang̃aninirahan sa Europa, Asia, Aprika, Amérika at Oseanía.

T. ¿Anó ang *Cismática Griega?*

S. Ang relihióng itó ay siyáng itinatág ni Focio at Miguel Cerulario. Hindî kumíkilala sa kapangyarihan ng̃ Papa. Ang kanyáng mg̃a kapanalig ay umaabót sa 110 ang̃awang̃aw na nakalaganap sa Europa at Asia.

T. ¿Anó ang *Protestantismo?*

S. Ang *Protestantismo* ó ang relihióng *Protestante* ay siyáng ipinang̃aral ni Lutero niyóng taóng 1597. Ang pananambáng itó ay hindî sumúsunód sa Papa at ang tang̃ing pinagbabatayán ay ang malayàng kahulugán ng̃ Biblia. Ang mg̃a nananalig ay umáabót sa 185 ang̃awang̃aw na nang̃akasabog sa Europa, Asia, Aprika, Amérika at Oseanía.

T. ¿Anó ang *Mahometismo?*

S. Ang relihióng itinatág ni Mahoma na tagá Arabia. Ang pananambáng itó ay isáng paglalakip ng̃ Cristianismo at Judaismo. Tinatanggáp nitó ang pagkakasál ng̃ isáng lalaki sa maraming babae, at nagbabawal ng̃ paginom ng̃ alák at ibá pang bagay. Mayroóng 187 ang̃awang̃aw na kapanalig na nakalaganap sa Europa, Asia at Aprika.

T. ¿Anó ang relihión ni *Confucio?*

S. Ang relihióng ipinangaral ng pilósopóng intsík na si Confucio. Sumásambá sa Kalikasán at waláng simbahan ni parì. Ang mga kumikilala sa relihióng itó ay ang mga hirang na intsík.

T. ¿Alínalín ang mga pangulong *relihióng politeista?*

S. Ang *Brahmanismo, Budismo, Sabeismo, Fetichismo, Magismo, Nanakismo,* at ibá pa. Ang lahát ng mga relihióng itó ay umáabót sa 773 angawangaw na kapanalig na nangakalaganap sa Asia, Aprika, Amérika at Oseanía.

T. ¿Anó ang *Brahmanismo?*

S. Ang relihióng sinasampalatayanan ng mga indio sa Indostán. Tatlóng diós ang kaniláng sinásambá, na ang mga ngala'y *Brahma, Visnú* at *Chiva.* May 210 angawangaw na kapanalig.

T. ¿Anó ang *Budismo?*

S. Ang *Budismo* ay isáng bahagi ng Brahmanismo na ipinangaral ni Buda ó Sakia-Muni. Nanánalig sa relihióng itó ang Tibet, ang China, isáng bahagi ng India, Corea, Japón at Tartariang ruso at intsík. Mayroóng 438 angawangaw na kapanalig.

T. ¿Anó ang *Sabeismo?*

S. Ang relihióng sumásambá sa Araw at sa ibá pang tangláw sa langit. Tanging nananalig dito'y ang iláng lipì sa Asia.

T. ¿Anó ang *Fetichismo?*

S. Ang relihióng sumásambá na parang diós sa alín mang bagay na may buhay ó waláng káluluwá kayâ. Ang mga nananalig dito'y ang mga itím sa Aprika at ang mga nananahán sa iláng pulô ng Oseanía.

T. ¿Anó ang *Magismo?*

S. Ang *Magismo* ó relihión ni *Zoroastro* ay isáng pananampalataya na tumátanggáp ng̃ isáng simulâ-ing mabuti at isáng simulâing masamâ, na tinátawag ang una ng̃ *Oromazes* at ang ikalawá ay *Ahrimán*.

T. ¿Anó ang *Nanakismo?*

S. Ang *Nanakismo* ó relihión ng̃ mg̃a *seijs* ay isáng paglalakip ng̃ Mahometismo at Brahmanismo. Ang kaharian ng̃ Lahore sa India ay siyáng nananalig sa pananambáng itó.

## IKA III KABANATA.

## Pagkakaiba ng mga salita o wika.

TANONG. ¿Anó ang *salita* ó *pangungusap?*

SAGOT. Ang pagbabadyá ng̃ pagiisip sa pamamagitan ng̃ mg̃a tandâ.

T. ¿Sa anó nabábahagi ang salitâ?

S. Sa *katutubo* (natural) at sa laláng (artificial). Tinátawag na *salitang katutubo* ang binubuô ng̃ mg̃a tandâng kilalá na at ginágamit ng̃ lahát ng̃ tao, at *salitang laláng* ang kinasasangkapán ng̃ mg̃a salitâng pinagkasunduan ó pinagsangusapanan.

T. ¿Alínalín ang mg̃a tandâng ginágamit sa salitâng katutubò at alínalín ang sa salitâng laláng?

S. Ang mg̃a tandâ ng̃ salitâng katutubò ay dili ibá't ang mg̃a *asta*, *ngiwi*, *kilos*, *kindát*, *tingín*, *ungol*, at ibá't ibá pang gangganitó; at ang sa salitâng laláng ay dili ibá't ang mg̃a *pangungusap na binibigkás ng buong linaw*.

T. ¿May iláng bahagi ang salitâng laláng?

S. Dalawá: *pagbadyá* at *pagsulat*. Magiging *pag-*

*badyá* kailán ma't ang mga pangungusap ay binibigkás ó sinasambít ng dilà, at magíging *pagsulat* kailán ma't ginágamit ang mga tandâ ó titik na naglalarawan ng mga gayóng pangungusap.

T. ¿Anó ang tinátawag na *wika?*

S. Ang katipunan ng mga pangungusap at ang mga kaparaanán ng pagsasalitâ ng isáng bayan ó bansâ.

T. ¿Anó ang tinátawag na *dialekto?*

S. Ang sangá ng isáng wikà na may sariling hugis ó paraán ng pagsasalitâ.

T. ¿Nakatutulong kayâ sa paglagô ng mga wikà ang pagaaral ng *literatura?*

S. Ang pagaaral ng *literatura* ay nakakátulong ng malakí sa pagpapalagô ng mga wikà; palibhasà'y kung dî tutulong ang *literatura*, ang wikà ay untíuntîng namamatáy, na nagsisimulâ muna sa pagkasirà na nalilikhâ ng masamâng pagbigkás ng karamihan, pagkatapos ay pagipít ng pagipit at patungo sa pagkáhulog, hanggáng sa katapustapusan, dahil sa pagsakmál ng ibáng wikà na nakakapaghari at nakakapangibabaw, ay ganáp nang nawawalâ at namamatáy. Dahil dito'y kung kayâ't ang mga wikà ay itinutulad sa mga may buhay, yamang siyá'y kagaya rin ng mga itó, na ipinanganganák, lumálakí, mulîng nálilikhâ, nanghihinà at namamatáy.

T. ¿Anó ang mga nangyari sa ibá't ibáng wikà?

S. Ang mga nangyari ay itó: ang kastilà, ang pransés at ang italiano ay *ipinanganák* ó nangagsipanggaling sa latín; ang kastilà at ang inglés ay *nangagsilaki* ó nangagsilaganap; ang árabe ay *muling nalikha* ó namuhatan sa ibá't ibáng dialekto; ang

mğa wikà ng mğa tubò sa Hilagàng Amérika ay *nanganghina;* at ang latín at ang datihang griego ay *nangamatáy.*

T. ¿Walâ bagáng nagaakalàng yumarì ó lumaláng ng isáng *wikang pangsinukob* (idioma universal)?

S. Marami pò, ngunì't nangabigông lahát ang mğa pagaakalàng itó, bagamá't ang tinurang gawàin ay hindî maikakailâng makapagdudulot ng maraming kagalingğan sa mğa tao. Sa kasalukuyan ay pinagsusumikapang mapalaganap ang wikàng pinamamagatáng *esperanto,* na hindî natin másabi kung ang mğa pagsusumikap na itó ay magtatagumpáy sa panahóng hinaharáp.

T. ¿Ilán ang wikàng ginágamit ng Sangkatauhan?

S. Lubhang marami, at ang nápagbubukódbukód hanggá ngayón ay umáabót sa bilang na 860. Sa Europa'y náuukol ang 53, sa Asia'y 153, sa Aprika'y 115, sa Amérika'y 422, at sa Oseanía'y 117.

T. ¿Alínalín ang mğa pangulong wikàng ginágamit sa limáng hahagi ng daigdíg?

S. Sa Europa, ang *kastila, pransés, alemán, inglés, italiano* at *ruso;* sa Asia, ang *intsík, persa, turko, árabe, indio, inglés at ruso;* sa Aprika, ang *árabe, ehipsio, kapre, nubio* at *mandingo;* sa Amérika, ang *kastila, inglés, portugués, pransés, asteka, guaraní, tapuyano, irokés* at *karibe;* at sa Oseanía, ang *malayo, tagalog, kastila, inglés* at *olandés.*

## IKA IV NA KABANATA.

## Sarisaring ayos ng pamahalaan o gobierno.

TANONG. ¿Anó ang *pámahalaan* (gobierno)?

SAGOT. Ang katipunan ng mga simulâin ó kautusán na siyáng naghaharì sa isáng bayan, bansâ, ó estado.

T. ¿Kailangan kayâ ang pámahalàan?

S. Ang pámahalàan ay totoong kailangan sa isáng bayan, upáng mapamalagì ang kaayusán at mapanagután ang katahimikan.

T. ¿Ilán ang mga ayos ng pámahalàan?

S. Tatló: ang *pámamahalaang hari* ó *monárkiko*, ang *pámahalaang bayan* ó *republikano* at ang *pámahalaang halo* ó *konstitusional*.

T. ¿Anó ang *pamahalaang hari* ó *monárkiko*?

S. Ang pinaghahariàn ng iisá katao na naghahawak ng kataastaasang kapangyarihan. Ang punòng mataás sa pámahalàang ganitó ay tinátawag na *Hari*, *Emperador*, *Czar*, *Sultán*, *Chah*, at ibì pa

T. ¿May iláng hugis itóng *monarquía*?

S. Marami, at itó ang mga pangulong hugis: *absoluta*, *limitada*, *constitucional*, *hereditaria* at *electiva*.

Tinátawag na *monarquía absoluta*, ang paghaharìng ganáp ng isáng namumunò sa kanyáng mga sakóp. Ang kanyáng kalooban ay siyáng batás na sinusunód, siyáng naglalagdâ ng kautusán, siyáng nagpapaganáp at siyáng humahatol at nagpaparusa sa kanino mang lumálabág sa kanyáng kapangyarihan. Ang Tsina ay ganitó niyóng araw.

Tinátawag na *monarquía limitada*, kung ang kapangyarihan ng harì ay nahahangganán ng mga ipinaguutos ng batás. Ang Inglaterra ay ganitó ang ayos ng pámahalàan.

Tinátawag na *monarquía constituacional*, kung ang pangsimulâng batás ay nahuhuwád sa isáng kasulatan na tinátawag na *Alituntunin* ó *Constitución*.

Tinátawag na *monarquía hereditaria*, kailán ma't ang paghaharì ay nagpapasalinsalin sa mğa tao nğ iisáng kaanak (familia).

At tinátawag na *monarquía electiva*, kailán ma't ang harì ay inihahalál nğ mğa taong may tagláy na kapangyarihan sangayon sa ipinaguutos nğ batás.

T. ¿Anó ang *pámahalaang bayan* ó *republicano*?

S. Ang ayos nğ pámahalàan, na ang kapangyarihan ay gináganáp nğ maraming tao. Ang punò sa pámahalàang itó ay karaniwang tawaging *Pangulo* ó *Presidente*.

T. ¿May iláng ayos namán itóng republikano?

S. Tatló, na tinátawag na *teocrático*, *aristocrático*, at *democrático*. Tinátawag na *gobierno teocrático*, ang pámahalàang pinaghaharìan nğ mğa parì. Tinátawag na *gobierno aristocratico*, ang pámahalàang pinaghaharìan nğ iláng taong mararangál. At tinátawag na *gobierno democrático*, ang pámahalàang pinaghaharìan nğ bayan, na siyáng may hawak nğ kataastaasang kapangyarihan. Ang bayang itó ay nagtitipon sa isáng *Kapulungang Bayan* ó *Asamblea*, upáng maglagdâ nğ mğa kautusáng kinákailanğan ukol sa pamamahalà at sa pagtutulunğán nğ isá't isá.

T. ¿Anó ang *pámahalaang halo* ó *konstitusional*?

S. Ang pámahalàang binubuò nğ monárkiko at republikano; sa makatuwíd bagá, yaóng ang punò nğ bansâ ay walâng kapangyarihang gumawâ ó bumago sa kanyáng sarili nğ mğa panğulong kautusán kundî sa tulong nğ mğa kinatawáng bayan, na, ang mğa itó'y maáaring magtatág nğ isá ó dalawáng kapulunğan (cámara) sangayon sa kanilàng pagkasundùan.

T. ¿Anó ang tinátawag na *anarkía*?

S. Ang kalagayan ng̃ isáng bayan ó estado na walâng tiyák at tunay na pámahalàan.

T. ¿Anó ang *kalipunan* (confederación)?

S. Ang katipunan ng̃ iláng estadong malalayà, na kayâ pinagsasamasama ay ukol sa ikabubuti ng̃ kanilâng pagaarì at pagtatanggulan ng̃ bawà't isá, at dahilán ditó'y may kinikilalang isáng punòng mataás. Katulad nitó ang Estados Unidos ng̃ Hilagàang Amérika.

T. ¿Anó ang tinátawag na *sakóp* (colonia)?

S. Ang alin mang bayan ó lupàin na kinuha ó sinakóp ng̃ isáng bansâ at pinamamahalàan ng̃ mg̃a tang̃ìng kautusán.

T. ¿Anó ang *pangulong bayan* (capital)?

S. Ang bayang kinatitirhán ng̃ mg̃a matataás na punò ng̃ isáng bansâ. Tinátawag ding *pangulong bayan* ang lugál na kinátatahanán ng̃ mataás na pinunò ng̃ isáng lalawigan.

## IKA V KABANATA.

## Ang pagsasaka, industria, pangangalakal, pangasiwaang bayan at karunungan.

TANONG. ¿Alínalín ang mg̃a batis na pinagbubuhatan ng̃ kayamanan ng̃ isáng lupàin?

SAGOT. Dilì ibá't ang *pagsasaka*, ang *industria* at ang *pangangalakál*. Nakátutulong dito ang *pang̃asiwaang bayan* at ang *karunungan*.

T. ¿Anó ang tinátawag ng̃ *pagsasaka?*

S. Ang paglinàng ng̃ lupà at ang pagaalagà ng̃ mg̃a hayop na pakikinabang̃an.

T. ¿Alínalín ang mg̃a sang̃á ng̃ pagsasakâ?

S. Ang tinátawag na *selvicultura* ó paglináng ng mga gubat, ang *floricultura* ó pagtataním ng mga bulaklák, ang *horticultura* ó pagtataním ng mga halaman, ang *apicultura* ó pagaalagà ng mga pukyutan, ang *sericicultura* ó pagaalagà ng mga uód sutlâ, at ang *ganadería* ó pagaalagà ng mga hayop na pakikinabangan, gaya ng baka, kabayo, asno, baboy, at ibá pa.

T. ¿Makabuluhán bagá ang pagsasaká?

S. Ang pagsasakâ'y lubhâng makabuluhán, palibhasà'y siyáng nagdudulot sa atin ng pagkain, pananamít at ibá pang kagamitán sa pamumuhay ng tao.

T. ¿Anó ang tinátawag na *industria*?

S. Ang pagbabago ng mga unang ánihin (primeras materias) sa mga sangkáp ó kagamitáng naáangkóp sa ating mga kailangan.

T. ¿Sa anó nababahagi ang industria?

S. Sa tinátawag na *manufacturera* na natutungod sa mga gáwàing ginágawáp sa kamáy, at sa *fabril* na náuukol namán sa mga gáwàin sa mákiná.

T. ¿Makabuluhán din bagá ang industria?

S. Ang industria'y lubhâ ring makabuluhán, pagkâ't dahil sa kanyá'y nagkakaroón ng nápakalakíng halagá ang mga unang ánihin at ang mga bungang katutubò, palibhasà'y siyáng nagbabago sa mga sangkáp na lubhâng kailangan.

T. ¿Nakatutulong bagá ang industria sa pagkásulong ng isáng lupàin?

S. Ang industria ay nakatutulong ng lubhâng malakí sa pagkásulong ng isáng lupàin; palibhasà'y ang pagpapalusóg sa kanyá ay nangangailangang linangin ang mga karunungan at ang mga magandáng sining

(bellas artes) at ang pagpapakaayos ng̃ pamamahalà sa bayan.

T. ¿Anó ang tinátawag na *pangangalakál?*

S. Ang katipunan ng̃ mg̃a gáwàing gináganáp sa mg̃a kalakal, na ang mg̃a itó'y binibili, ipinagbibilí at ipinagpapálipatlipat.

T. ¿Sa ilán nababahagi ang pang̃ang̃alakál?

S. Sa dalawá: *sa loób* at *sa labás*. Sinásabing *pangangalakal sa loób*, kung gináganáp sa mg̃a poók ng̃ isáng bayan ó bansâ; at sinásabing *pangangalakal sa labás*, kung gináganáp sa ibáng bansâ ó bayan.

T. Ang pang̃ang̃alakál sa labás ¿sa anó nahahatì?

S. Sa *papasók* (importación) at sa *papalabás* (exportación). Magiging *papasók* kung ang mg̃a kalakal ay dumáratíng ó pumápasok sa isáng bayan, at magiging *papalabás* kung umáalís ó lumálabás.

T. ¿Alíñalín pa ang mg̃a karaniwang bahagi ng̃ páng̃ang̃alakál?

S. Ang mg̃a sumúsunód: *sa pakyawan* ó *sa tingi*, sangayon sa malakí ó muntîng bílihan; at *sa katihan* ó *sa dagat*, sangayon sa lupà ó karagatan ang pinaggaganapán.

T. ¿Anó ang kabuluhán ng̃ páng̃ang̃alakál?

S. Ang páng̃ang̃alakál ay siyáng nagpapahayag ng̃ kayamanan ng̃ isáng bansâ at ng̃ kasipagan ng̃ kanyáng mg̃a mananahán, siyáng nagdadalá ng̃ sarisaring kailang̃an sa ibá't ibáng bayan ng̃ sangdaigdíg, at siyáng nagpapabukás ng̃ mg̃a daanán at nagpapagawâ ng̃ mg̃a sasakyáng tagapaghatíd ng̃ mg̃a kalakal. Dahil dito'y napagtatalastás na kung alín ang bayang bihasá ay siyáng may malusóg na páng̃ang̃alakál.

T. ¿Anó ang dapat másabi ukol sa *pángasiwaang bayan* (administración pública)?

S. Ang pángasiwàang bayan ay siyáng nagtatatág ng̃ mg̃a pagkakásundôsundô ng̃ pámahalàan at ng̃ mg̃a sakóp upáng pagtibayin ang kaginhawahan at tangkilikín ang mg̃a pagaarì ng̃ bansâ.

T. ¿Nakátutulong bagá ang pángasiwàang bayan sa kayamanan ng̃ mg̃a bansâ?

S. Náuukol ang bagay na itó sa mabuti ó masamâng pang̃ang̃asiwà: ang iláng bansâ'y naghihirap dahil'án sa masaguwâng pagaatang ng̃ buwís sa balikat ng̃ mga sakóp, at ang ibá nama'y sa di katumpakán ng̃ pagtatatág ng̃ násabing atang, na, malayòng tumangkilik sa kayamanan ng̃ bayan ay lalò pang nakasisirà.

T. ¿Anó ang tinátawag na *hukbó?*

S. Ang katipunan ng̃ mg̃a taong may almás na nagtatanggól sa mg̃a bayan ó bansâ upáng mapamalagì ang kanyáng kasariulán at igalang sa loób at labás ng̃ mg̃a tubò at dayuhan.

T. ¿Anó ang tinátawag na *marina?*

S. Ang katipunan ng̃ mg̃a daong, na ang ibá'y may almás at ang ibá'y walâ, na iniing̃atan ng̃ mg̃a bayan sa ikalalagô at ikapagtatangkilik ng̃ pang̃ang̃alakál.

T. ¿Anó ang *karúnungan* (cultura)?

S. Ang kalagayang panglahát ng̃ kabihasnán ng̃ isáng bayan, na nákikilala sa pamamagitan ng̃ pagaaral, sa pagkakásulong ng̃ mg̃a sining (arte), dunong (ciencia) at industria, sa paglagô ng̃ páñgang̃alakál, at ang ugaling marang̃ál at makakapuwà ng̃ mg̃a tao.

T. ¿Alín ang saligán ng̃ karúnung̃an?

S. Ang saligán ng̃ karúnung̃an ay dilì ibá't ang pagaaral.

T. ¿Anó ang *pagaaral?*

S. Ang paraán ng̃ pagkakamít ng̃ mg̃a kinákailang̃ang dunong ó kaalamán upáng gumanáp ng̃ gayó't ganitóng hanapbuhay at ukol sa kabuhayan ng̃ lahát.

T. ¿Iláng baitang ang sinásakláw ng̃ pagaaral?

S. Tatló: *una* (primaria), *ikalawa* (secundaria) at *mataás* (superior). Sa *unang pagaaral* (primera enseñanza) ay tang̃ing itinuturò ang mg̃a dunong ó kaalamáng lubhâng kailang̃an ukol sa mg̃a karaniwang paggamit ng̃ kabuhayan; sa *ikalawáng pagaaral* (segunda enseñanza) ay idinudulot ang kailang̃ang paghahandâ sa pagaaral ng̃ mg̃a túng̃uhin (*carrera*) at sa *mataas na pagaaral* (enseñanza superior) ay natatamó ang mararang̃ál na hanapbuhay at mg̃a dakilàng karúnung̃ang nákikilala ng̃ayón sa ating kapisanan.

# BULATLUPANG KASALAYSAYAN

## (GEOGRAFIA DESCRIPTIVA)

### UNANG KABANATA.

### Ang Europa at sa kanyang saklaw.

TANONG. ¿Anó ang dapat másabi sa *Europa?*

SAGOT. Ang Europa'y siyáng muntîng bahagi ng daigdíg, siyáng luklukan ng kabihasnán at siyáng másulong sa mga karúnungan, sining (arte) at industria.

T. ¿Alín ang mga hangganan ng Europa?

S. Sa Hilagà, ang Océano Glacial Artico; sa Silanganan, ang kabundukan ng Ural at ang dagat Caspio; sa Timog, ang Mediterráneo at ang kabundukan ng Cáucaso; at sa Kanluran, ang Océano Atlántico.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupà?

S. Ang kalakhán ng Europa ay umáabót sa 9.900,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán (habitantes) sa Europa?

S. Humigít kumulang sa 422 angawangaw na tao.

T. ¿Alínalín ang mga bansâng malalakí sa Europa?

S. Ang mga bansâng malalakí, kasama ang pangulong bayan (capital) ng bawà't isá ay itóng mga sumúsunód:

| MGA BANSA. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| | **SA TIMOG** |
| **España** . . . . . | Madrid. |
| **Portugal.** . . . . | **Lisboa.** |
| **Italia.** . . . . . . | **Roma.** |
| **Turquía.** . . . . | Constantinopla. |
| **Bulgaria.** . . . . . | Sofía. |
| Rumanía. . . . . | Bucarest. |
| **Servia.** . . . . . | Belgrado. |
| Grecia. . . . . | Atenas. |
| | **SA GITNA** |
| Francia. . . . . | París. |
| **Suiza.** . . . . . | **Berna.** |
| **Alemania.** . . . . . | Berlín. |
| Holanda. . . . . | La Haya. |
| **Bélgica.** . . . . . | **Bruselas.** |
| **Austria-Hungría.** . . . | Viena. |
| | **SA HILAGA** |
| Gran Bretaña at Irlanda. . | Londres. |
| **Dinamarca.** . . . . | Copenhague. |
| **Suecia.** . . . . . | Estocolmo. |
| **Noruega.** . . . . . | Cristianía. |
| | **SA SILANGANAN** |
| **Rusia.** . . . . . . | San Petersburgo. |

**T.** ¿Alínalín ang mga bansâng mumuntî sa Europa?

**S.** Ang mga bansâng mumuntî, patí ng mga pangulong bayan ay itóng mga sumúsunód:

| MGA BANSA. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| República nḡ *Andorra*, sa España. | Andorra la Vieja. |
| República nḡ *San Marino*, sa Italia. | San Marino. |
| Principado nḡ *Montenegro*, sa Turquía. | Cetigne. |
| Principado nḡ *Mónaco*, sa Italia. | Mónaco. |
| Principado nḡ *Lechtenstein*, sa Suiza. | Vaduz. |
| Ducado nḡ *Luxemburgo*, sa Bélgica. | Luxemburgo. |

T. ¿Alínalín ang malalakíng dagat nḡ Europa?

S. Ang *Océano Glacial Artico*, sa Hilagà; ang dagat nḡ *Norte*, sa itaás nḡ Holanda; ang *Báltico*, sa pagitan nḡ Suecia at Alemania; ang *Océano Atlántico*, sa Kanluran nḡ Europa; ang *Cantábrico*, sa pagitan nḡ España at Francia; ang *Mediterráneo*, sa Timog nḡ Europa; ang *Adriático* sa silanḡanan nḡ Italia; at ang *Negro*, sa pagitan nḡ Turquía at Rusia.

T. ¿Alín ang mḡa panḡulong kipot (estrecho)?

S. Ang *Skager-Rak*, *Kattegat*, *Sund*, *malakí* at *munting Belt* sa dagat nḡ Báltico; ang daanáng *Calais* at ang kanál nḡ *Mancha* sa dagat nḡ Norte; ang *Gibraltar*, sa pagitan nḡ España at Africa; ang *Mesina*, sa Italia at Turquía; ang *Dardanelos*, sa Turquía at Asia; at ang *Bósforo* sa pagpasok nḡ dagat Negro.

T. ¿Alín ang mḡa panḡulong laot (golfo)?

S. Ang *Botnia* at *Finlandia*, sa dagat nḡ Báltico; at ang *Vizcaya* sa dagat nḡ Atlántico.

T. ¿Alín ang malalakíng ilog?

S. Ang *Volga*, *Don* at *Dnieper*, sa Rusia; ang *Támesis* at *Savern*, sa Gran Bretaña; ang *Danubio* at *Rhin* sa Alemania; ang *Sena* sa Francia; at ang *Tajo*, *Ebro* at *Guadalquivir*, sa España.

T. ¿Alín ang malalakíng lawà (lago)?

S. Ang dagat *Caspio*, *Saima*, *Ladoga* at *Onega* sa Rusia; ang *Vener*, sa Suecia; ang *Constanza* at *Ginebra* sa Suiza; at ang *Mayor* at *Como* sa pagitan ng̃ Suiza at Italia.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong península?

S. Ang *Escandinavia*, na binubuô ng̃ Suecia at Noruega; ang *Jutlandia*, sa Dinamarca; ang *Ibérica*, na binubuô ng̃ España at Portugal; ang *Italia*; at ang *Morea* sa Grecia.

T. ¿Alínalín ang mg̃a istmo ó daanán?

S. Ang *Corinto* sa Grecia, at ang *Perekop* sa pagitan ng̃ mg̃a dagat ng̃ Negro at Azov.

T. ¿Alínalín ang mg̃a pulôug malalakí?

S. Sa Océano Glacial: ang *Spitzberg*, *Nueva Zembla* at *Lofoten*. Sa Océano Atlántico: ang *Islandia*, *Gran Bretaña* at *Irlanda*. Sa dagat Báltico: ang Kapulùang *Danés* ó *Dinamarca*. Sa Mediterráneo: ang *Baleares*, *Córcega*, *Cerdeña*, *Sicilia*, *Malta*, *Eubea* at *Candía*.

T. ¿Alínalín ang mg̃a bundók?

S. Ang *Kiolen* sa Suecia at Noruega, ang *Urales* at *Cáucaso* na siyáng humahatì sa Europa at Asia, ang *Karpathos* sa Austria, ang *Alpes* na sumásaklâw sa Italia, Francia at Suiza, ang *Apeninos* sa Italia, ang *Pirineos* na nasa pagitan ng̃ España at Francia, at ang *Balkanes* sa Turquía.

T. ¿Alín ang mg̃a bulkáng lalòng malalakí?

S. Ang *Vesubio* sa Italia, ang *Etna* sa Sicilia at ang *Ekla* sa Islandia.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong kayamanan ng̃ Europa?

S. Sa mg̃a mineral ay mayroóng bakal at uling na bató (carbón de piedra), tinggá, tansô tinggáng

putî, zinc, azogue at sangyawà ó asupré;—mg̃a batóng mármol, jaspe at ibá pang batóng mahahalagá;—petróleo, tubig na mineral at ibá pa.

Sa mg̃a halaman ay mayroóng trigo, centeno, cebada, maís, patatas, kanyamo, lino, at ibá't ibá pa;—sa Hilagàan ay mayroóng magagaling na kahoy na masasangkáp sa pagyarì ng bahay; sa gitnâ at Timog ay mayroóng alak, lang̃ís, at ibá pa.

Ang mg̃a hayop na mabang̃ís ay kakauntî na lamang, dahil sa paglipol ng̃ tao; at ang mg̃a hayop na pakikinabang̃an ay lubhâng saganà, gaya ng̃ baka, kabayo, asno, baboy, mg̃a ibon, at ibá't ibá pa.

T. ¿Alínalín ang mg̃a pang̃ulong wikàng ginágamit sa Europa?

S. Ang *kastila*, *pransés*, *alemán*, *inglés*, *italiano*, *ruso*, *portugués*, *sueco*, *danés*, *holandés*, *húngaro*, *polaco*, *bohemio*, *búlgaro* at *servio*.

T. ¿Alínalín ang mg̃a relihióng sinasampalatayanan ng̃ mg̃a tagá Europa?

S. Ang *Católica Apostólica Romana*, ang *Cismática Griega*, ang *Protestante*, ang *Judaica* at ang *Mahometana*.

## I.—ANG ESPAÑA.

T. ¿Anó ang katang̃ìan ng̃ España?

S. Ang España ay nátang̃ì niyóng araw sa kalakhán ng̃ kanyáng kapangyarihan sa limáng bahagi ng̃ Sangsinukob.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Ang kalakhán niyá ay 504,500 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nanánahán sa España?

S. May 18½ angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang mga kayamanan ng España?

S. Sa mga halaman ay grano, olivo at uvas. Sa mga mineral ay pilak, bakal, azogue, tansô at tinggâ. Sa mga hayop ay mayroóng tupa, kabayo, baka at baboy.

T. ¿Alín ang pámahalàan ng España?

S. Ang kanyáng pamahalàan ay *monarquía constitucional*, na ang pagkaharì ay pasalinsalin sa mga anák.

T. ¿Alín ang kanyáng relihióng sinásambá?

S. Ang kanyáng relihión ay ang *Católica Apostólica Romana.*

T. ¿Alín ang wikàng pangbansâ ng España?

S. Ang wikàng *kastila.*

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng España?

S. Ang Madrid, Barcelona, Cadiz at Sevilla.

## II.—ANG PORTUGAL.

T. ¿Anó ang katangìan ng Portugal?

S. Ang Portugal ay natangì niyóng araw sa kanyáng pagkamánunuklás ng mga lupàin sa Africa, Asia at América.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Umáabót sa 92,500 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nanánahán sa Portugal?

S. May 5 1/2 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang mga kayamanan ng Portugal?

S. Ang kanyáng mga kayamanan ay itó: alak, bungangkahoy, langís, patatas;—mga hayop, mga isdâ;—tansô.

T. ¿Alín ang pámahalàan ng Portugal?

S. Ang kanyáng pámahalàan ngayón ay repúblika.
T. ¿Alín ang kanyáng relihión?
S. Ang *Católica Apostólica Romana*, at may malayàng pananampalataya.
T. ¿Alín ang wikàng pangbansâ ng Portugal?
S. Ang wikàng *portugués*.
T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Portugal?
S. Ang Lisboa, Oporto, Braga at Coímbra.

## III.—ANG ITALIA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Italia?
S. Ang Italia ay lubhâng katangìtangì sa kagandahan at lalòng lalò na sa kanyáng pagkamahiligín sa mga sining ó *arte*, gaya ng músika, pintura, eskultura, at ibá pa.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?
S. Ang kanyáng lakí ay 287,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mga nanánahán sa Italia?
S. May 33 1/2 angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang mga kayamanan ng Italia?
S. Sutlâ, mga hayop, mga ibon at mga isdâ;—alak, kanyamo, lino, bigás at langís;—mármol, sangyawà at zinc
T. ¿Alín ang pámahalàan ng Italia?
S. Ang kanyáng pámahalàan ay *monarquía constitucional*.
T. ¿Alín ang kanyáng relihión?
S. Ang *Católica Apostólica Romana* at may malayàng pananampalataya.
T. ¿Alín ang wikàng pangbansâ ng Italia?
S. Ang wikàng *italiano*.

T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan nğ Italia?
S. Ang Roma, Milán, Turín, Florencia at Venecia.

## IV.—ANG TURQUIA EUROPEA.

T. ¿Anó ang katangìan nğ Turquía?
S. Ang Turquía ay isá sa mğa bansâng malakí, na nakalaganap ang kanyáng kapangyarihan sa Europa, Asia at Africa.
T. ¿Gaano ang kalakhán nğ Turquía Europea?
S. Ang kanyáng lakí ay 169,000 kilómetrong parisukát, bukód dito ang mğa sakláw niyáng lupàin.
T. ¿Ilán ang mğa nananahán?
S. May 6 na anğawanğaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mğa kayamanan?
S. Trigo, centeno, cebada, bulak, langís, alak;—mğa hayop, sutlâ, espongha;—ibá't ibáng kalâ ó metál.
T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional*. Ang kanyáng relihión ay ang *Mahometana*. Ang wikàng ginágamit ay *turko*, *árabe*, at ibá pa.
T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan nğ Turquía Europea?
S. Ang Constantinopla, Salónica a. [illegible]uk[illegible]poli.

## V.—ANG BULGARIA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Bulgaria?
S. Ang Bulgaria ay isáng bayan humiwaláy sa kaharìan nğ Turquía at nğayó'y may sariling pámahalàan.
T. ¿Gaano ang kalakhán nğ kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 96,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mğa nananahán?

S. May 4 na angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Ang trigo, cebada, centeno;—ang mg̃a hayop, at ibá pa.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay ang *Cismática Griega.* Ang wikàng ginágamit ay *búlgaro.*
T. ¿Alín ang mga pang̃ulong bayan ng̃ Bulgaria?
S. Ang Sofía, Filipopolis, Varna at Burgas.

## VI.—ANG RUMANIA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Rumanía?
S. Ang Rumanía ay isáng bansâng may kasarinlán ng̃ayón na humiwaláy rin sa kapangyarihan ng̃ Turquía.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?
S. May 131,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. May 6 1/2 ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang mga kayamanan ng̃ Rumanía?
S. Ibá't ibáng hayop,—ang trigo at ang maís na siyáng ikinabubuhay ng̃ bayang itó.
T. ¿Alin ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay *Cismática Griega.* Ang wikàng *rumano* ay siyáng ginágamit.
T. ¿Alín ang mga pang̃ulong bayan ng̃ Rumania?
S. Ang Bucarest, Yassy at Galatz.

## VII.—ANG SERVIA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Servia?

S. Ang Servia ay isá ring bansâng nagsasarilí ngayón na humiwaláy sa kaharian ng Turquía.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 48,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mga nananahán?
S. May 2½ angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?
S. Ang trigo, maís, at ibá pa;—ang kabayo, baka at kambíng;—ang bakal, tansô, pilak, tinggâ
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay *Cismática Griega.* Ang wikàng ginágamit ay *servio.*
T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Servia?
S. Ang Belgrado, Semendria at Nisch.

## VIII.—ANG GRECIA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Grecia?
S. Ang Grecia ay isáng bayang napatangì at napabantóg, dahil sa nagíng luklukan ng matataás na karunungan at mga sining ó arte.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 65,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mga nananahán?
S. May 2½ angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?
S. Ang pasas, alak, langís, trigo;—ang mga hayop, sutlâ, espongha;—tinggâ at mármol.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay *Cismática Griega.* Ang wikàng *griego* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Grecia?
S. Ang Atenas, Corinto, Patras at Paros.

## IX.—ANG FRANCIA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Francia?
S. Ang Francia ay isá sa mga bansâng lalòng bihasá sa Sangdaigdig, may malakás na hukbó at may malusóg na pagsasakâ, industria at pángangalakál.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 536,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mga nananahán?
S. May 39 na angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?
S. Ang tupa at baka, sutlâ;—alak, asukal, grano at gulay;—bakal, hulla.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *república.* Ang relihión ay ang *Católica*, ngunì't may malayàng pananampalataya. Ang wikàng *pransés* ay siyáng ginagamit ng Pámahalàan.
T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Francia?
S. Ang París, Lyon at Marsella.

## X.—ANG SUIZA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Suiza?
S. Ang Suiza ay natatangì sa kagandahan ng kanyáng mga bulubundukin, lalòng lalò na sa kanyáng *leche condensada.* keso, mantikà, kayo, sutlâ, orasán at mga mákina.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?
S. Ang lupàin ng Suiza ay lubhâng muntì: mayroón lamang 41,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?
S. May 3 1/2 angawangaw na tao,
T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?
S. Nangunguna ang baka;—kahoy, trigo, patatas, at ibá pa.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pamahalàan ay *repúblika*, na ang lahát ng bayan ay nábibigkís sa isáng kalipunán (confederación). Ang relihión ay *Protestante* at *Católica*. Ang mga wikàng ginágamit ay *alemán*, *pransés* at *italiano*.
T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Suiza?
S. Ang Berna, Zurich at Ginebra.

## XI.—ANG ALEMANIA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Alemania?
S. Ang Alemania ay isáng bansâng lubhâng bihasá, may hukbóng kagulatgulat at másulong sa mga karunungan, arte at músika at gayón din sa mga kayo at sa mga mákina.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 542,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mga nananahán?
S. May 60 1/2 angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?
S. Mga hayop at mga isdâ;—asukal, lúpulo, lino;—hulla, bakal, at ibá pa.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional*, at nábubuklód sa isáng Kalipunán ang 26 na estado ng Alemania. Ang relihión ay *Protestante* sa Hilagà at *Católica* sa Timog, bagamá't may malayàng pa-

nanampalataya. Ang wikàng *alemán* ay siyáng ginágamit ng̃ Pámahalàan.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Alemania?

S. Ang Berlín, Leipzig, Munich at Hamburgo.

## XII.—ANG HOLANDA.

T. ¿Anó ang katang̃ìan ng̃ Holanda?

S. Ang Holanda ay isá sa mg̃a bayang may lupàng mababà na naliligiran ng̃ marami at malalakíng *dique* upáng masanggaláng sa tubig ng̃ dagat, at isá sa mg̃a bansâng totoóng másulong sa pagsasakâ, industria at pang̃ang̃alakal.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Mayroón lamang 33.000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 5½ ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Ang remolacha, patatas;—mg̃a hayop, mantikà, keso;—mg̃a isdâ, at ibá pa.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay *Protestante* at may malayàng pananampalataya. Ang wikàng *holandés* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Holanda?

S. Ang La Haya, Amsterdam at Rotterdam.

## XIII.—ANG BELGICA.

T. ¿Anó ang katang̃ìan ng̃ Bélgica?

S. Ang Bélgica, bagamá't isáng muntîng bansâ lamang, ay lubhâng natatang̃î sa kanyáng karunung̃an at sa kanyáng mayamang industria na hinahang̃àan

halos ng buông Europa, gaya bagá ng *kayo, encaje, papel, kala ó metal* at ibá pa.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 29,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán an mga nananahán?

S. May 7 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Ang hulla, bakal, zinc, mármol;—patatas, trigo, lino;—mga hayop, at ibá pa.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay *Católica,* bagamá't may malayàng pananampalataya. Ang wikàng ginágamit ay ang *francés* at *flamenco.*

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Bélgica?

S. Ang Bruselas, Amberes at Gante.

## XIV.—ANG AUSTRIA—HUNGRIA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Austria-Hungría?

S. Ang Austria-Hungría ay isá sa mga bansâng lalòng bihasá, malakás at may maraming hukbó.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 676,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. ¿May 50 angawangaw na tao?

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Grano, gulay, kahoy, lúpulo, tabako;—bakal, hulla;—mga hayop.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihión ay *Católica* at may malayàng pana-

nampalataya. Ang mg̃a wikàng ginágamit ay *alemán, húngaro, italiano,* at ibá pa.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Austria?

S. Ang Viena, Budapest at Trieste.

## XV.—ANG GRAN BRETAÑA AT IRLANDA.

T. ¿Anó ang katang̃ìan nitóng Inglaterra?

S. Ang Inglaterra ay siyáng ulo sa karamihan ng̃ mg̃a pangdigmâ at ng̃ mg̃a bayang sinásakóp at lubhâng natatang̃ì sa pagkamalusóg ng̃ kanyáng pagsasakâ, industria at pang̃ang̃alakal.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 315,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 44 na ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Ang hulla, bakal, tinggâ, tinggâng putî, tansó;—patatas, remolacha, lino;—mg̃a hayop at mg̃a isdâ.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional.* Ang relihióng sinásambá ay ang *Protestante,* tang̃ì ang Irlanda na *Catolicismo;*—Ang wikàng *inglés* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Inglaterra?

S. Ang Londres, (ang siudad na lalòng malakí sa Sangdaigdíg na tinatahanán ng̃ 7 ang̃awang̃aw na tao), ang Glascow, Liverpool at Manchester.

## XVI.—ANG DINAMARCA.

T. ¿Anó ang katang̃ìan ng̃ Dinamarca?

S. Ang Dinamarca ay isáng bayang marunong, at nátatang̃ì sa pagkamangdaragát ng̃ mg̃a tubò rito.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 39,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. May 2½ ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Ang trigo, centeno,—mg̃a haycp, gaya ng̃ baka, kabayo, kambíng, baboy;—mg̃a ibon at mg̃a isdâ.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional*. Ang relihión ay *Protestante*. Ang wikàng ginágamit ay *dinamarqués*.
T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Dinamarca?
S. Ang Copenhague, Elseneur at Aalborg.

## XVII.—ANG SUECIA.

T. ¿Anó ang katang̃ian ng̃ Suecia?
S. Ang Suecia ay nábibilang ding isá sa mg̃a bayang bihasá at marunong.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 448,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. May 5 ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Ang bakal;—mg̃a kahoy, trigo;—mg̃a hayop at mg̃a isdâ.
T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?
S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional*. Ang relihión ay *Protestante*, na may pananampalatayang malayà. Ang wikàng *sueco* ay siyáng ginagamit.
T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Suecia?
S. Ang Stocolmo, Goteborg at Gefle.

## XVIII.—ANG NORUEGA.

T. ¿Anó ang katañgìan ng̃ Noruega?

S. Ang Noruega ay isá ring bansâng marunong, at ang mg̃a noruego ay magagalíng na mangdaragát na naglalakbáy sa lahát ng̃ dagat ng̃ Sangdaigdíg.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 321,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S, May 2½ angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Ang tansô;—mg̃a kahoy;—mg̃a isdâ at mg̃a hayop.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional*. Ang relihión ay *Protestante*, na may malayàng pananambá. Ang wikàng *noruego* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Noruega?

S. Ang Christianía, Bergen at Trondhiem.

## XIX.—ANG RUSIA.

T. ¿Anó ang katañgìan ng̃ Rusia?

S. Ang Rusia ay isáng bansâng lubhâng malakí, na siyáng sumásakláw sa kalahatì ng̃ Europa at siyáng may maraming nananahán dito.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 5½ ang̃awang̃aw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 121 ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Ang trigo, centeno, kanyamo, lino, kahoy;—mg̃a hayop, isdâ;—bakal, petróleo.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional* buhat niyóng taóng 1905. Ang relihión ay *Gismática Griega*, na ang kataastaasang punò ay ang *Czar*. Ang mga wikàng ginágamit ay ang *ruso*, *polaco*, at ibá pa.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Rusia?

S. Ang San Petersburgo, Moscou, Varsovia at Odesa.

## IKA II KABANATA.

## Ang Asia at sa kanyang saklaw.

TANONG. ¿Anó ang dapat másabi sa *Asia?*

SAGOT. Ang Asia'y siyáng malakíng bahagi ng Sangdaigdíg at may maraming nananahán; siyáng pinanggalingan ng mga tao, ng mga karunungan at ng mga sining ó arte, at ng madadakilàng kaharìan; at siyáng pinagbuhatan ng mga bantóg na relihióng kasalukuyang ginágamit ng Sangkatauhan.

T. ¿Alín ang mga hangganan ng Asia?

S. Sa Hilagà, ang Océano Glacial Artico: sa Silanganan, ang Océano Pacífico; sa Timog, ang dagat ng India; at sa Kanluran, ang Europa, ang Mediterráneo, ang dagat Caspio at ang Dagat na Pulá (Mar Rojo).

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupà?

S. Ang kalakhán ng Asia ay mayroóng 42.200,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán sa Asia?

S. Humigít kumulang sa 783 angawangaw na tao.

T. ¿Paano ang pagkakahatìhatì ng mga bayan sa Asia?

S. Ang mga bayan ó bansá ng Asia ay nababa-

hagi sa kaparaanáng sumúsunód, kasama ang kanikaniyáng kinalalagyán at gayón din ang pañgulong bayan (capital) ng bawà't isá.

| KINALALAGYAN. | MGA BAYAN. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|---|
| Hilagà. | Rusia Asiática. | |
| Silañganan. | Japón. . . | Tokio. |
| ,, | China. . . | Pekín. |
| ,, | Corea. . . | Seul. |
| Timog. | Indo-China. . | |
| ,, | India. . . | Calcuta. |
| Gitnâ. | Turquestán. . | |
| ,, | Persia. . . | Teherán. |
| ,, | Afghanistán. | Kabul. |
| ,, | Beluchistán. . | Kelat. |
| Kanluran. | Arabia. . . | |
| ,, | Turquía Asiática. | |

T. ¿Alínalín ang mña dagat ng Asia?

S. Sa Hilagà, ang dagat ng *Kara* na sakláw ng *Océano Glacial Artico*; sa Silañganan, ang mña dagat ng *Beríng*, *Ojotsk*, ng *Japón*, *Amarillo* at ng *China* na sakláw ng *Océano Pacífico*; sa Timog, ang dagat ng *India* at ang *Omán*; at sa Kanluran, ang dagat na *Pulá*, ang *Mediterraneo* at ang *Negro*.

T. ¿Alín ang mña pañgulong kipot (estrecho)?

S. Ang *Bab-el Mandeb*, sa pagitan ng Africa at Arabia; ang *Ormuz* sa Persia at Arabia; Ang *Malaca*, sa península ng Malaca at ng pulô ng Sumatra; ang *Beríng*, sa Siberia at América; ang kanál ng *Formosa*, sa pulông may ganitóng pañgalan at China; ang *Corea*,

sa penínsulang may ngalang ganitó at Japón; at ang *La Perouse*, sa mga pulóng Yeso at Sajalín.

T. ¿Alín ang mga pangulong laot (golfo)?

S. Ang *Arábigo* ó *Dagat na Pulá*, sa pagitan ng Arabia at Africa; at ang *Pérsico*, *Omán* at *Bengala*, sa Océano Indico.

T. ¿Alín ang malalakíng ilog?

S. Ang *Obi*, *Yenissei* at *Lena* na lumálabás sa Océano Glacial Artico; ang *Amur*, *Hoang Ho*, *Yang-tse-kiang* at *Mekong* sa Océano Pacífico; at ang *Brahmaputra*, *Ganges*, *Indus*, *Tigris* at *Eufrates* sa dagat ng India.

T. ¿Alín ang malalakíng lawà (lago)?

S. Ang *Baikal*, *Balkasch*, dagat ng *Aral* at dagat *Caspio*, sa Rusia Asiática; ang *Tengri Nor* at *Kuku Nor* sa China; at ang *Urmiah* sa Persia.

T. ¿Alín ang mga pangulong península?

S. Ang *Malaca* sa Indo-China; ang *Kamchatka*, sa Seberia; ang *Arabia*, ang *Corea* at ang *Indostán*.

T. ¿Alín ang mga pulóng malalakí?

S. Sa Océano Glacial: ang *Nueva Siberia*; sa Océano Pacífico ang *Tarrakai* ó *Sajalin*, ang *Japón*, ang *Formosa* at ang *Hainan*; sa dagat ng India: ang *Ceilán*; at sa Mediterráneo: ang *Chipre* at *Rhodas*.

T. ¿Alín ang mga bundók na matataás?

S. Ang *Himalaya*, *Thian-chan*, *Kuen Lun* at *Jingan*, sa China; ang *Birmania* at *Annam*, sa Indo-China; ang *Ghates*, sa India; ang *Tauro* at *Líbano* sa Turquía Asiática; at ang *Cáucaso*, sa Transcaucasia.

T. ¿Alín ang bulkáng lalòng malakí?

S. Ang *Kamchatca*, sa mga pulông Kuriles at ng Japón.

T. ¿Alín ang mga iláng na malawak?

S. Ang *Gabi* ó *Chamo*, sa China; at ang *Roba el Jali*, sa Arabia.

T. ¿Alín ang mga pangulong kayamanan ng Asia?

S. Sa mga mineral ay mayroóng gintô, pilak, platino, tansô, tinggâng putî, batobalanì, at ibá pang kalâ ó metal;—mayroóng diamante, rubí, at ibá pang batóng mahahalagá;—mayroóng mina ng petróleo at ibá pa.

Sa mga halaman ay mayroóng tsá, goma, dagtâ ng kahoy, tinà, bulak, asukal, kapé, apiyan, bigás, alcanfor at kanela;—mayroóng ébano, sándalo, at ibá pang kahoy na mahalagá.

Sa mga hayop ay mayroóng uód sutlâ (gusano de seda) sa Siberia, ang kambing sa Tibet, ang elepante sa India, ang mga kabayo sa Arabia at ang mga kamelyo na ginágamit sa pagpapasán ng mabigát.

T. ¿Alín ang mga wikàng ginágamit ng Asia?

S. Ang mga pangulong wikàng ginágamit ay *árabe, intsík, japonés, persa, turco, indostán, bengala* at *tártaro*.

T. ¿Alín ang mga relihióng sinasampalatayanan ng mga taga Asia?

S. Lahát halos ng relihión ay sinasampalatayanan dito sa Asia; ngunì't ang mga pananambáng lalòng malaganap ay ang *mahometismo*, ang *budismo* at ang *brahmanismo*.

## 1.—ANG JAPON (1)

T. ¿Anó ang katangìan ng Japón?

(1) Sa mga bayang saklâw nitóng Asia, ang tangi lamang sasalaysayín ay ang Japón, China, Indo-China, India, Persia at Arabia na siyáng lalong mahalagá.

S. Ang Japón ay isáng bayang nápakamasulong dito sa Silañganan at isá sa mga bansâng lalòng bihasá sa Sangdaigdíg.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 417,000 kilómetrong parisukát.

T ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 51 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Ang bigás, tsá, alcanfor;—hulla, tansô. Ang lalòng marami ay ang pagaalagà ng mga uód sutlâ (gusano de seda).

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía constitucional*, na ang tawag sa harì ó emperador ay *Mikado*. Ang relihión ay ang *budismo*, bagamá't may iláng kristiano. Ang wikàng *japonés* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Japón?

S. Ang Tokio, Yokohama, Kobe at Nagasaki.

## II.—ANG CHINA.

T. ¿Anó ang katangìan ng China?

S. Ang China ay siyáng malakíng bayan sa Sangdaigdíg, magíng sa kalakhán ng kanyáng lupàin at magíng sa karamihan ng mga tao.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 11 angawangaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 330 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamana?

S. Tsá, sutlâ, bigás, asukal, mga kahoy na ma-

halagá, tansó, kaolín. Nagaalagà ng mga uód sutlà, ng mga kambíng sa Tibet, at ibá pa.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihlón at wikà?

S. Ang pámahalàan ngayón ng China ay *república*. Ang relihión ni *Confucio* at ang *budismo* ay siyáng lalòng malaganap, bagamá't mayróón isáng angaw na katóliko. Ang wikàng *intsik* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alin ang mga pangulong bayan ng China?

S. Ang Pekin, Cantón at Shanghay.

## III.—ANG INDO-CHINA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Indo-China?

S. Ang Indo-China ay nahahatì sa tatlóng bahagi: *Indo-Chinang inglés*, *Indo-Chinang pransés*, at *Indo-Chinang malayá*.

T. ¿Alinalín ang mga bayang sakáw ng Indo-Chinang pransés?

S. Ang Cochinchina, Cambodja, Annam at Tonkín.

T. ¿Alín ang Indo-Chinang malayà?

S. Dilì ibá't ang kaharian ng Siam.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng buóng Indo-China?

S. Mayróng 2 angawangaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 37 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Bigás, asukal, bulak, kanela, tinà:—goma at mga kahoy,—tinggáng putì, at ibá pa.

T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan at relihlón?

S. Ang pámahalàan ng Siam ay *monarquía absoluta*. Ang mga relihióng sinasampalatayanan ay ang *budismo* at *mahometismo*.

T. ¿Alín ang mg̃a pangulong bayan ng̃ Indo-China?

S. Ang *Bangkok*, pangulong bayan ng̃ *Siam;* ang *Singapur*, mahalagáng daung̃an sa pang̃ang̃alakal; ang *Saigón*, pangulong bayan ng̃ Cochinchina; ang *Hué*, pangulong bayan ng̃ *Annam*; at ang *Hanoi*, pangulong bayan ng̃ Tonkín.

## IV.—ANG INDIA.

T. ¿Anó ang katang̃ian ng̃ India?

S. Ang India ay siyáng pinanggaling̃an ng̃ kabihasnán at dito nagningning ang mg̃a karúnung̃an at sining niyóng araw. Ng̃ayón ay sinásakóp siyá ng̃ Inglaterra.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupáin?

S. Mayroóng 4 na ang̃awang̃aw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. Lubháng marami, umáabót sa 291 ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Diamante, perlas, at ibá pang batóng mahalagá;—bigás, bulak, asukal, apiyan, tinà, goma at ibá pa. Nagaalagà ng̃ mg̃a uód sutlâ, elepante, pabo at mg̃a ibon.

T. ¿Alín ang pámahalàan at relihión?

S. Ang malaking bahagi ng̃ India ay náuukol sa Inglaterra at pinamamahalàan ng̃ isáng *Gobernador General*. Ang mg̃a relihión ay *budismo*, *brahmanismo*, *mahometismo*, *judaismo* at *cristianismo*.

T. ¿Alín ang mg̃a pangulong bayan ng̃ India?

S. Ang Calcuta, Bombay at Madrás.

## V.—ANG PERSIA.

T. ¿Anó ang katangìan ng Persia?

S. Ang Persia ay isáng bayang totoóng bihasá niyóng araw at isá sa mga bansâng may maningníng na kasaysayan. Nguni't ngayón ay lipós ng hirap at salát sa pángangalakál

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 1.645,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 9½ angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Apiyan, perlas, tabako, sutlâ;—uód sutlâ, kamelyo at mga kabayo.

T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan at relihión?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía absoluta*, nguni't may mga iláng lipì na nabubuhay ng malayà. Ang relihióng sinasampalatayanan ay ang *mahometismo*.

T. ¿Alín ang mga pangúlong bayan ng Persia?

S. Ang Teherán, Tabris at Ispahán.

## VI.—ANG ARABIA

T. ¿Anó ang katangìan ng Arabia?

S. Ang Arabia ay hindî nasupil kailán man niyóng unang panahón. Siyá'y nagningníng ng gayón na lamang sa mga sining at dunong, magíng sa panunulâ, panggagamót at sa matemátika, na siyáng pinanggalingan ng mga siprang ngayo'y ginágamit sa pagbilang.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. May 3 angawangaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. Higit sa 3 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Ang mğa pangulong kayamanan ay kapé,' kamelyo at lalòng lalò na ang kabayo na lubhâng natatangì.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ng Arabiang malayà ay *despótico* ó mapagharìharìan. Ang relihión ay ang *mahometana*. Ang wikàng *árabe* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan ng Arabia?

S. Ang La Meca, Medina at Djeddah.

IKA III KABANATA.

## Ang Aprika at sa kanyang saklaw

TANONG ¿Anó ang Aprika?

SAGOT. Ang Aprika ay isáng malaking peninsula na nákakabit sa Asia sa pamamagitan ng istmo ng Suez, na nápahiwaláy niyóng 1869 dahil sa pagkakábukás ng kanál na may gayóng ding pangalan.

T. ¿Alín ang mğa hangganan ng Aprika?

S. Sa Hilagà, ang dagat ng Mediterráneo at ang kipot ng Gibraltar; sa Silanganan, ang dagat ng India, ang dagat na Pulá at ang kanál ng Suez: sa Timog at Kanluran, ang Océano Atlántico.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupà?

S. Ang kalakhán ng Aprika ay mayroóng 30.000,000 na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mğa nananahán sa Aprika?

S. Humigít kumulang sa 133 angawngaw na tao.

T. ¿Paano ang pagkakahatìhatì ng mğa bayan sa Aprika?

S. Ang mğa bayan ó bansâ ng Aprika ay nababahagi sa sumúsunód na kaparaanán, kasama ang

kanikanyáng kinalalagyán at gayón din ang pangulong bayan na náuukol sa bawà't isá.

| KINALALAGYAN. | MGA BAYAN. | | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|---|---|
| Hilagà. | Berbería. | Marruecos | Fez. |
| ,, | | Argelia. | Argel. |
| ,, | | Túnez. | Túnez. |
| ,, | | Trípoli. | Trípoli. |
| ,, | Sahara. | | |
| Silanganan. | Egipto. | | El Cairo |
| ,, | Nubia at Sudán Egipcio. | | |
| ,, | Abisinia. | | Addis-Ababa. |
| ,, | Bayan ng mga Somalis. | | |
| ,, | Zanguebar. | | |
| ,, | Mozambique. | | |
| ,, | Madagascar. | | |
| Gitnâ. | Sudán. | | |
| ,, | Congo. | | Boma. |
| Kanluran. | Senegambia. | | |
| ,, | Guineang Hilagàan. | | |
| ,, | Guineang Tímugan. | | |
| Timog. | Damaras at Namakuas. | | |
| ,, | Aprikang Timugang inglés. | | |

T. ¿Alínalín ang mga dagat ng Aprika?

S. Sa Hilagà, ang dagat ng *Mediterráneo;* sa Kanluran, ang *Océano Atlántico;* at sa Silanganan, ang dagat ng *India* at ang dagat na *Pulá*.

T. ¿Alín ang mga pangulong kipot (estrecho)?

S. Ang *Gibraltar*, sa pagitan ng España at Marruecos; ang *Bab-el Mandeb*, sa pagitan ng dagat na Pulá at ng laot ng Adén; ang kanál ng *Mozambique*,

sa pagitan ng̃ bayang may ganitóng pamagát at ng̃ pulông Madagascar.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong laot (golfo)?

S. Ang dagat na *Pulá* at ang laot ng̃ *Adén* na nálalagáy sa Silang̃anan, ang *Guinea* na nasa Kalunuran, ang *Cabes* sa Túnez at ang *Sidra* sa Trípoli.

T. ¿Alín ang malalakíng ilog?

S. Ang *Nilo*, na nanggagaling sa Mediterráneo; ang *Zambeza* at *Limpopo*, na nagbubuhat sa dagat ng̃ India; ang *Niger*, *Congo*, *Orange*, *Gambia* at *Senegal* na nagmumulâ sa Atlántico.

T. ¿Alín ang malalaking lawà (lago)?

S. Ang *Chad* sa Sudán, ang *Nyassa* sa Mozambique, ang *Dembea* sa Abisinia, ang *Victoria Nyanza*, *Tanganika* at ibá pa sa kalagitnâan.

T. ¿Alín ang mg̃a pulông nakaligid sa Aprika?

S. Sa Océano Atlántico: ang *Madera*, *Canarias*, *Cabo Verde*, *Fernando Poó*, *Príncipe*, *Santo Tomás*, *Annobón*, *Corisco*, *Ascención*, *Santa Helena*, at ibá pang mumuntî. Sa dagat ng̃ India: ang *Madagascar*, *Mauricio*, *Reunión*, *Comores*, at ibá pa.

T. ¿Alínalín ang mg̃a bundók?

S. Ang *Atlas* sa Hilagà: ang *Cafrería* sa Timog; ang *Abisinia*, *Kenia* at *Kilimandjaro* sa Silang̃anan; ang *Kong* at *Sierra Leona* sa Kanluran.

T. ¿Alín ang mg̃a iláng ó desierto?

S. Ang *Sahara* at *Libia* sa Hilagà, at ang *Kalahari* sa Timog.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong kayamanan ng̃ Aprika?

S. Sa mg̃a mineral ay mayroóng gintô, bakal, tansô, pilak, diamante, at ibá pang batóng mahalagá. Sa mg̃a halaman ay mayroóng higuera, niyóg,

suhà, goma, tinà, paminta, bigás, asukal, kapé, tabako, bulak at pulót.

Sa mg̃a hayop ay mayroóng leóu, pantera, leopardo, elepante, kamelyo, buwaya at unggóy.

T. ¿Alín ang mg̃a wikàng ginágamit ng̃ Aprika?

S. Ang *árabe* ay siyáng lalòng malaganap sa Hilagà; ang *berberisco* sa Berberia at Sahara, at ibá't ibá pang wikà na ginagamit sa ibá't ibáng bayan.

T. ¿Alínalín ang mg̃a relihióng sinasampalatayanan ng̃ mg̃a tagá Aprika?

S. Ang *mahometismo* ay siyáng naghaharì sa dakong hilagàan at gitnâ, ang *cristianismo* ay siyáng sinusunód ng̃ mg̃a kopto at abisinio, at ang *fetichismo* na sinasambahán ng̃ mg̃a itím ó negro.

## I.—ANG MARRUECOS. (1)

T. ¿Anó ang katang̃ìan ng̃ Marruecos?

S. Ang Marruecos ay isáng kaharìan na tuwî na'y pinagnanasàang sakupin ng̃ iláng bansâ sa Europa dahil sa kayamanan ng̃ kanyáng lupàin at sa mabuti niyáng kinalalagyán.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 456,000 kilómetrong parisukat.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 7 ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

T. Trigo, centeno, cebada, bulak, kanyamo at ibá pa. Ang pang̃ulong kayamanan niyá ay nasa mg̃a hayop.

(1) Sa mg̃a bayang sakláw nitóng Aprika, ang tang̃i lamang sasalaysayín ay ang Marruecos, Trípoli, Egipto, Abisinia, Sudán at Congo na siyáng lalóng mahalagá.

T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan at relihión?

S. Ang pámahalàan ay *monarquía absoluta* at ang harì ay tinátawag na Sultán. Ang relihióng ginágamit ay ang *Mahometismo.*

T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan ng Marruecos?

S. Ang Fez, Marruecos at Meguinez.

## II.—ANG TRIPOLI.

T. ¿Anó ang másasabi sa Trípoli?

S. Ang Trípoli'y dating sinasakóp ng Turquía, ngunì't ngayó'y na sa kamáy ng Italia, sapúl nang magdigmâan ang dalawáng bansâng itó at magtagumpáy itóng hulí.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Mayroóng 1 angaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mğa nananahán?

S. May 1 angaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mğa kayamanan?

S. Trigo, centeno, bungang kahoy, gulay, at ibá pa.

T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan at relihión?

S. Ang pámahalàan ng Trípoli ay na sa kapangyarihan ng Italia. Ang relihióng ginágamit ay ang *mahometismo.*

T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan ng Trípoli?

S. Ang Trípoli, Benghazi at Derna.

## III.—ANG EGIPTO.

T. ¿Anó ang katangìan ng Egipto?

S. Ang Egipto'y siyáng luklukan ng kabihasnán at siyáng dakilàng kaharìan niyóng panahón ng mğa Faraón, at ngayó'y isáng bansâng walâng kasarinlán na pinagmimithìang makuha ng mğa Inglés.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?
S. Mayroóng 900,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. May 10½ ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Trigo, bulak, asukal, tinà, at ibá pa;—mármol, alabastro, at ibá pa;—asno, karnero, kamelyo at sarìsarìng ibon.
T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan at relihión?
S. Ang pámahalàan ng̃ Egipto ay *monarquía absoluta*, bagamá't may isáng kapulung̃an ng̃ mg̃a kinatawán. Ang harì ay tinátawag na *Virrey*, na mana't mana at kumikilala sa kapangyarihan ng̃ Sultán sa Turquía, sa pamamag'itan ng̃ buwís. Ang relihióng naghaharì ay ang *mahometismo*.
T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Egipto?
S. Ang El Cairo, Alejandría, Port-Said at Suez.

## IV.—ANG ABISINIA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Abisinia?
S. Ang Abisinia ay lubháng saganà sa mg̃a kayamanang likás ng̃ kanyáng lupàin, kung kayâ't pinagnanasàng makuha ng̃ mg̃a bansâng dayuhan.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kayáng lupàin?
S. Mayroóng 800 000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. May 8 ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Trigo, bigás, kapé, bulak, at ibá pa;—gintô, bakal, tinggâ, tansô at sangyawà.
T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan at relihión?
S. Ang kanyáng pámahalàan ay *monarquía absoluta*.

Ang kanyáng relihión ay ang *cristianismo* na hinahalùan ng mga pamahìin.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Abisinia?

S. Ang Addis-Ababa, Adua at Gondar.

## V.—ANG SUDAN.

T. ¿Anó ang másasabi sa Sudán?

S. Ang Sudán ay isáng bayang malayà sa Aprika na pinamamayanan ng mga itím ó negro, at siyá'y pinagiimbután ng gayón na lamang ng Francia, Inglaterra at Alemania, dahil sa kanyáng kayamanan at gayón din sa pángangalakál.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. May 3 angawangaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 21 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Trigo, bulak, goma;—garing, gintô, at ibá pa;—kamelyo, asno, kabayo, león, unggóy, at ibá pa.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Sudán?

S. Ang Timbuktu, Kano at Sokoto.

## IV.—ANG CONGO.

T. ¿Anó ang másasabi sa Congo?

S. Ang Congo ay isáng estadong malayà, na itinatág niyóng 1885, sa ilalim ng kapangyarihan ng Harì sa Bélgica.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. May 2½ angawangaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 19 na angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Kapé, lang̃ís, garing, caucho, at ibá pa. Ang pang̃ang̃alakál ay malayà.

T. ¿Sino ang haring kinikilala sa Congo?

S. Ang Harì sa Bélgica.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Congo?

S. Ang Boma, Leopoldville at Vivi.

## IKA IV NA KABANATA.

## Ang Amerika at sa kanyang saklaw.

TANONG. ¿Anó ang *Amerika?*

SAGOT. Ang Amérika ay isáng kontinente na binubuô ng̃ dalawáng malaking península: *Hilagaan* at *Timugan*, na nagkakásama sa pamamagitan ng̃ Istmo ng̃ Panamá, itóng istmong hindî na malalauna't magiging kanál.

T. ¿Anóanó pang ng̃alan mayroón ang Amérika?

S. Ang Amérika ay tinátawag ding *Bagong Kontinente* at *Bagong Daigdig* (Nuevo Mundo).

T. ¿Sino ang tumuklás ng̃ Amérika?

S. Ang Amérika'y tinuklás ni Cristóbal Colón niyóng taóng 1492.

T. ¿Alín ang mg̃a hangganan ng̃ Amérika?

S. Sa Hilagà, ang Océano Glacial Artico; sa Silang̃anan, ang Océano Atlántico; sa Timog, ang kipot ni Magallanes; at sa Kanluran, ang Océano Pacífico.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupà?

S. Ang kalakhán ng̃ Amérika ay mayroóng 38.700,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán sa Amérika?

S. Humigít kumulang sa 156 na angawangaw na tao.

T. ¿Paano ang pagkakabahabahagi ng mga bayan sa Amérika?

S. Ang mga bayan sa Amérika ay nababahagi sa kaparaanáng sumúsunód:

| MGA BAYAN Ó BANSA. | PANGULONG BAYAN. |
| --- | --- |
| **HILAGAANG AMERIKA.** | |
| Canadá | Ottawa. |
| Estados Unidos | Washington. |
| Méjico | Méjico. |
| **AMERIKANG KALAGITNAAN.** | |
| Guatemala | Guatemala. |
| El Salvador | San Salvador. |
| Honduras | Tegucigalpa. |
| Nicaragua | León. |
| Costa Rica | San José. |
| Panamá | Panamá. |
| Mga Pulóng Antillas. | |
| **TIMUGANG AMERIKA.** | |
| Colombia | Bogotá. |
| Venezuela | Caracas. |
| Ecuador | Quito. |
| Guayanang pransés | Cayena. |
| Guayanang holandés | Paramaribo. |
| Guayanang inglés | Georgetown. |
| Perú | Lima. |
| Bolivia | Sucre. |

| | |
|---|---|
| Chile. . . . . . . | Santiago. |
| Argentina. . . . . . | Buenos Aires. |
| Uruguay. . . . . . | Montevideo. |
| Paraguay. . . . . . | Asunción. |
| Brasil . . . . . . | Río Janeiro. |

T. ¿Alínalín ang mga dagat ng Amérika?

S. Ang *Océano Glacial Artico*, ang dagat ng *Baffin*, ang loók ó dagat ng *Hudson*, sa Hilagà; ang *Océano Atlántico* at ang dagat ng *Antillas*, sa Silañganan; ang *Océano Pacífico* at ang dagat ng *Behring*, sa Kanluran.

T. ¿Alín ang mga pangulong kipot (estrecho)?

S Ang *Behring*, sa pagitan ng Asia at Amérika; ang *Hudson*, sa pagpasok ng dagat na may ganitóng ngalan; ang *Bella Isla*, sa pagitan ng pulông Terranova at ng Kontinente; ang kanál ng *Bahama* at ng *Florida*, sa pagitan ng Estados Unidos at ng mga pulông Antillas; ang *Magallanes* at *Lemaire*, sa Timog ng Tímugang Amérika.

T. ¿Alín ang mga pangulong laot (golfo)?

S. Ang loók ó dagat ng *Hudson*, sa Canadá; ang mga laot ng *Méjico*, *San Lorenzo* at *Honduras*, sa Océano Atlántico at sa Hilagàang Amérika; ang *California*, sa Océano Pacífico at sa Méjico; ang *Panamá* at *Guayaquil*, sa Océano Pacífico at sa Tímugang Amérika.

T. ¿Alín ang malalaking ilog?

S. Ang *Yukon* at *Mackenzie*, na nanasok ang tubig sa Océano Glacial Artico; ang *San Lorenzo*, *Missisipi*, *Grande del Norte*, *Marañón* ó *Amazanas* (na siyáng malaking ilog sa Sangdaigdig), *Magdalena*, *Orinoco*,

*San Francisco* at ang ilog ng Plata, na umaagos sa Atlántico; at ang *Colorado* at *Columbia*, sa Océano Pacífico.

T. ¿Alín ang malalakíng lawà (lago)?

S. Ang *Oso*, *Esclavo*, *Athabaska* at *Winnipeg*, sa Canadá; ang *Superior*, *Hurón*, *Michigán*, *Erié* at *Ontario*, sa Hilagà ng Estados Unidos, ang *Nicaragua*, sa bayang may ganitóng ngalan; ang *Maracaibo*, sa Venezuela; at ang *Titicaca* sa Perú at Bolivia.

T. ¿Alínalín ang mga península?

S. Ang *Alaska*, *Labrador*, *Nueva Escocia*, *Florida*, *Yucatán* at *California*, na pawàng sa Hilagàang Amérika.

T. ¿Alín ang mga pulông malalakí?

S. Ang *Groenlandia Terranova*, *Cuba*, *Haití*, *Puerto Rico*, *Jamaica*, *Lucayas*, kapulùang *Magallanes*, *Reina Carlota*, *Príncipe de Gales* at ibá pa.

T. ¿Alínalín ang mga bundók?

S. Sa Hilagà: ang *Alaska*, *Alleghanys*, *Montañas Pedregosas*, at ang mga kabundukan ng *Andes*, *Guayana* at *Brasil*

T. ¿Alín ang mga bulkáng lalòng malakí?

S. Ang *San Elías* sa Alaska; ang *Popocatepell* sa Méjico; ang *Agua* sa Guatemala; ang *Antisana*, *Cotopaxi* at *Pichincha* sa Ecuador; ang *Misti* sa Perú; at ang *Llullaillaco* sa Chile.

T. ¿Alín ang mga pangulong kayamanan ng Amérika?

S. Sa mga mineral ay mayroóng gintô, pilak, bakal, tansô, azogue, uling na bató, petróleo, diamante, at ibá pa.

Sa mga halaman ay mayroóng patatas, maís, bulak, kakáw, tabako, kampetse, asukal, kapé, tinà, sagtag.

Sa mga gubat ay maraming punòng matataás na kinakukunan ng masasaráp na bunga at magagandáng kahoy.

Sa mga hayop na mababangís at sa mga ibong magagandá ay lubhâ ring saganà dito sa Amérika.

T. ¿Alín ang mga pangulong wikàng ginágamit sa Amérika?

S. Ang mga wikàng lalòng malaganap na ginágamit sa Amérika ay ang *kastila, inglés* at *portugués*.

T. ¿Alínalín ang mga relihióng sinasamplatayanan ng mga tagá Amérika?

S. Ang mga taong bihasá ay nanánalig sa *catolicismo* at *protestantismo*, at ang mga taong gubat ó bulastóg ay nananampalataya sa *fetichismo*.

## I.—ANG MEJICO (1)

T. ¿Anó ang katangìan ng Méjico?

S. Ang Méjico ay isáng bansâng másulong sa Amérika, na halos nakikiagáw sa kanyáng kalapít, ang Estados Unidos.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. May 2 angawangaw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. May 13 ½ angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Mina ng pilak at ibá pang metal;—kapé, kakáw, tabako, tinà, at ibá pa.

(1) Sa mga bayang sakláw nitóng Amérika, ang tangì lamang sasalaysayín ay ang Méjico, Chile, Argentina, Brasíl, Cuba at Puerto Rico na siyáng lalong mahalagá pará sa atin. Ang Estados Unidos ng Hilagang Amérika ay may isáng tanging bahagi sa hulí ng aklát na itó.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ng Méjico ay *república*, na may Pangulo, Senado at Kapulungan ng mga kinatawán. Ang relihión ay ang *Católica*, bagamá't may malayàng pananampalataya. Ang wikàng *kastilá* ay siyáng ginágamit ng Pámahalàan.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Méjico?

S. Ang Méjico, Vera Cruz at Acapulco.

## II.—ANG CHILE.

T. ¿Anó ang katangìan ng Chile?

S. Ang Chile ay isáng bansàng lubhâng másulong sa Tímugang Amérika at lubhâng saganà sa mga kayamanang likás ng lupà.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. May 759,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

S. Higít sa 3 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Salitre, tinggâ, pilak, uling na bató, sangyawà at mga batóng mahalagá, bukód pa ang ibá't ibáng halaman na kagaya ng tumutubò sa Europa at Amérika.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *república*, na ang Pangulo ay inihahalál sa tuwîng 5 taón. Ang relihióng laganap ay ang *Católica*, bagamá't may malayàng pananampalataya. Ang wikàng *kastila* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Chile?

S. Ang Santiago, Valparaiso at Concepción.

## III.—ANG ARGENTINA.

T. ¿Anó ang katangìan ng̃ Argentina?

S. Ang Argentina ay isáng bansâng másulong sa kasalukuyan. Kung ang Estados Unidos ay natatang̃ì sa Hilagà ng̃ Amérika, ang Argentina ay natatang̃ì namán sa Timog.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. Kuláng-kuláng sa 3 ang̃awang̃aw na kilómetrong parisukat.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 6 na ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Maís, bulak, asukal, tsá, at ibá pa;—gintô, pilak, tansô, at ibá pang metal;—mg̃a hayop, gaya ng̃ kabayo, toro, at ibá pa.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *república*, at ang Pang̃ulo ay inihahalal sa tuwing 6 na taón. Ang relihión ay *Católica*, bagamá't may pananampalatayang malayà. Ang wikàng *kastilà* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Argentina?

S. Ang Buenos Aires, La Plata at Córdoba.

## IV.—ANG BRASIL.

T. ¿Anó ang katang̃ìan ng̃ Brasil?

S. Ang Brasil ay isáng bayan sa Amérika na may malawak na lupàin, katulad na halos ng̃ Estados Unidos.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. May 8½ ang̃awang̃aw na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 16 na angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Mina ng gintô, pilak, diamante, at ibá pa;—mga kahoy na tinà;—bigás, bulak, tabako, asukal, kapé, kakáw, at ibá pa.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *república*, at ang Pangulo ay inihálhalál sa tuwing 4 na taón. Ang relihión ay *Católica*, at may malayàng pananambá. Ang wikàng *portugués* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mga pangulong bayan ng Brasil?

S. Ang Río Janeiro, Bahía at Pernambuco.

## V.—ANG CUBA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Cuba?

S. Ang Cuba ay isá sa mga pulô sa tinátawag na *Grandes Antillas*. Ang Cuba ay nagkaroón ng kasarinlán niyóng 1898 sa pamamagitan ng kasundùan sa París.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. May 118,800 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán?

.S May 2 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Asukal, tabako, kapé, mga kahoy na makinis at mga bungang kahoy;—mga hayop, pulót, at ibá pa;—mina ng tansô, bakal at asfalto.

T. ¿Alín ang pámahalàan, relihión at wikà?

S. Ang pámahalàan ay *república*, na may Senado at Kapulungan ng mga kinatawán. Ang relihióng *Católica* ay siyáng naghaharì. Ang wikàng *kastila* ay siyáng ginágamit.

T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan ng Cuba?
S. Ang Habana, Santiago at Matanzas.

### VI.—ANG PUERTO RICO.

T. ¿Anó ang másasabi sa Puerto Rico?
S. Ang Puerto Rico ay kaisáng palad halos ng Pilipinas, na sakóp ngayón ng Estados Unidos at malaon na ring nagmimithî ng kanyáng kasarinlán.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyang lupàin?
S. May 9,300 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mğa nananahán?
S. May 1 angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mğa kayamanan?
S. Ang mğa pangulong kayamanan ay itó: asukal, kapé, tabako, pulót, baka at mğa bungang kahoy.
T. ¿Alín ang kanyáng pámahalàan?
S. Ang pámahalàan ng Puerto Rico ay kahawíg na kahawíg halos ng sa Pilipinas.
T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan ng Puerto Rico?
S. Ang San Juan, Ponce at San Germán.

## IKA V KABANATA.

## Ang Oseania at sa kanyang saklaw.

TANONG ¿Sa anó nábubuô ang *Oseanía?*
SAGOT. Ang bahaging itó ng Sangdaigdíg ay binubuô ng lahát ng pulông nátatagpùan sa Océano Pacífico at nangakalagáy sa pagitan ng Datihan at Bagong Kontinente.
T. ¿Alín ang mğa hangganan ng Oseanía?
S. Sa Hilagà, ang dagat ng Bering; sa Silangğanan, ang Amérika; sa Timog, ang Océano Glacial

Antártico; at sa Kanluran, ang dagat ng India at ang Asia.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupà?

S. Ang kalakhán ng Oseanía ay mayroóng 11.000,000 na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mga nananahán sa Oseanía?

S. Humigít kumulang sa 53 angawangaw na tao.

T. ¿Paano ang pagkakabahagi sa Oseanía?

S. Ang Oseanía ay mayroóng apat na bahagi na tinátawag na *Malasia*, *Melanesia*, *Micronesia* at *Polinesia*. Ang mga pulông lalòng mahalagá na saklâw ng bawà't isá ay itóng sumúsunód:

| MGA PULO Ó KAPULUAN. | | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|---|
| **MALASIA.** | | |
| Pulông Sonda. | Sumatra. . . . | Padang |
| | Java. . . . | Batavia. |
| Borneo. . . . . . . . | | Borneo. |
| Célebes. | | |
| Pulông Molucas. | | |
| Kapuluang Pilipinas. . . . | | Maynilà. |
| **MELANESIA.** | | |
| Australia. . . . . . . . | | Melbourne. |
| Tasmania. . . . . . . | | Hobart. |
| Nueva Guinea. | | |
| Kapuluang Bismarck. | | |
| ,, Salomón. | | |
| ,, Santa Cruz. | | |
| Nuevas Hébridas. | | |
| Nueva Caledonia. . . . . | | Numea. |
| Nueva Zelanda. . . . . | | Wellington. |

## MICRONESIA.

Pulông Palaos.
,, Marianas.
,, Carolinas.
Kapulùang Magallanes.
,, Marshall.
,, Gilbert.

## POLINESIA.

Pulông Hawali. . . . Honolulu.
,, Viti ó Fiji.
Kapulùang Samoa ó Navegantes.
,, Tonga ó de los Amigos.
,, Sociedad.
,, Tuamotú.
,, Tubuai.
Pulông Marquesas. . . Papeete.

T. ¿Alínalín ang mg̃a dagat ng̃ Oseanía?

S. Bukód sa Océano Pacífico at dagat ng̃ India, ang lalòng mahalagá'y itóng mg̃a sumúsunód: dagat ng̃ *China*, ng̃ *Joló*, ng̃ *Célebes*, ng̃ *Java*, ng̃ *Molucas* at ng̃ *Banda*, sa Malasia; at ang dagat ng̃ *Coral*, sa Malanesia

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong kipot (estrecho)?

S. Lubhâng marami, ng̃unì't ang lalòng mahalagá ay ang *Malaca*, *Singapur* at *Sonda* sa mg̃a pulông Sonda; ang *Macassar* sa pagitan ng̃ Borneo at Célebes; ang *Torres* at *Bass* sa Australia; at *Cook* sa Nueva Zelanda.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong laot (golfo)?

S. Ang *Plenty* at *Abundancia* sa Nueva Zelanda; ang *Carpentaria* sa Australia; ang *Geelvinck* sa Nueva

Guinea; ang mĝa loók nĝ *Boni, Tolo* at *Tomini* sa Célebes; at ang loók nĝ *Illana* sa Pilipinas.

T. ¿Alín ang malalakíng ilog?

S. Ang *Murray* at *Darling* sa Australia, *Kapuas* at *Barito* sa Borneo, at *Fly* sa Nueva Guinea.

T. ¿Alín ang malalakíng lawà (lago)?

S. Ang *Eyre, Torrents*, at *Gairdner* sa Australia, ang *Taupo*, at *Teanau* sa Nueva Zelanda, at ang *Bay* sa Pilipinas.

T. ¿Alín ang mĝa bundók at bulkáng matataás?

S. Ang *Korintji* sa Sumatra, ang *Kinibalu* sa Borneo, ang *Apo* sa Pilipinas, ang *Mauna Loa* at *Mauna Kea* sa Hawaii, at ang *Owen Stanley* sa Nueva Guinea.

T. ¿Alín ang mĝa pangulong kayamanan nĝ Oseanía?

S. Sa mĝa mineral ay mayroóng mina nĝ gintô, diamante, bakal, tansô, at tinggâng putî.

Sa mĝa halaman ay mayroóng bigás, pamintá, alcanfor, tabako, kapé, bulak, niyóg, asukal, tinà, at ibá pa. Sa mĝa gubat ay maraming kahoy na magagandá na magagamit sa pagyarì nĝ bahay, kasangkapan, at ibá pa.

Sa mĝa hayop ay marami rin, gaya nĝ kabayo, manók, áso, at ibá't ibá pa, at saká mĝa ibong sarìsarì.

T. ¿Alín ang mĝa relihióng sinasampalatayanan nĝ mĝa tagá Oseanía?

S. Ang *catolicismo* na nakalaganap sa maraming puló, ang *protestantismo* sa ibá namán, at ang *mahometismo* na naghaharì sa iláng bahagi ng Malasia.

## I.—ANG SUMATRA. (1)

T. ¿Anó ang Sumatra?
S. Ang Sumatra ay isáng puló, na siyáng pinakamalakí sa tinátawag na Kapulùang Sonda.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?
S. May 433,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. May 3 ½ ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Ang mg̃a pang̃ulong kayamanan ay itó: bigás, kapé, tubó, niyóg, pamintá, tinà, tabako, uling, gintô, at ibá pa.
T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Sumatra?
S. Ang Padang, Palembang at Bankulen.

## II.—ANG JAVA.

T. ¿Anó ang másasabi sa Java?
S. Ang Java ay isáng puló na nasa timog ng̃ Borneo at sinásakóp ng̃ Holanda.
T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?
S. May 126,000 kilómetrong parisukát na malakí ng̃ kauntî sa pulòng Lusón.
T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?
S. Higít sa 28 ½ ang̃awang̃aw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?
S. Bigás, kapé, tsá, tabako, tubó, maís, tinà, saging, bulak, niyóg, bayabas, at ibá't ibá pa.

---

(1) Sa mg̃a pulo at kapulúang saklaw nitóng Oseanía, ang tang̃i lamang sasalaysayín ay ang Sumatra, Java, Borneo, Célebes, Australia at Hawaii na siyáng lalong mahalagá. Ang Kapulúang Pilipinas ay may isáng tang̃ing bahagí na nálalagáy sa dakong hulí ng̃ aklát na itó.

T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan nğ Java?
S. Ang Batavia, Surabaya at Surakarta.

## III.—ANG BORNEO.

T. ¿Anó ang másasabi sa Borneo?
S. Ang Borneo ay isáng puló na nasa timog nğ Pilipinas at sinásakóp nğ Holanda at Inglaterra.
T. ¿Gaano ang kalakhán nğ kanyáng lupàin?
S. May 746,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mğa nananahán?
S. May 2 angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mğa kayamanan?
S. Bigás, bulak, luya, pamintá, alcanfor, mğa kahoy na mainam, mğa bunğang kahoy;—mina nğ gintô, diamante, tinggâng putî, tansô, bakal;—unggóy, baka, kalabáw, mğa ibon, at ibá pa.
T. ¿Alín ang mğa pangulong bayan nğ Borneo?
S. Ang Borneo, Kudat at Bandjermassin.

## IV.—ANG CELEBES.

T. ¿Saán naroon ang pulông Célebes?
S. Ang Célebes ay nasa timog nğ Mindanáw at nasa silanğanan nğ Borneo. Ang pulông itó'y sinásakóp nğ Holanda.
T. ¿Gaano ang kalakhán nğ kanyáng lupàin?
S. May 179,000 kilómetrong parisukát.
T. ¿Ilán ang mğa nananahán?
S. May 1 ½ angawangaw na tao.
T. ¿Alín ang kanyáng mğa kayamanan?
S. Bigás, tabako, kapé, tubó, bulak, patatas, kakáw, mabubuting kahoy;—unggóy, baboy ramó, kalabáw,

baka, kambing;—mina ng gintô, tinggâng putî, tansô, sangyawà at bakal.

T. ¿Alín ang mg̃a pangulong bayan ng̃ Célebes?

S Ang Menado at Macassar.

## V.—ANG AUSTRALIA.

T. ¿Anó ang katang̃ian ng̃ Australia?

S. Ang Australia ay siyáng pulông napakamalakí sa Sangdaigdíg na halos kasinglakí ng̃ Europa. Siyá ay isáng bayang másulong sa kapanahunang itó at kasalukuyang sinásakóp ng̃ Inglaterra.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. May 7.630,000 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. May 4 na ang̃awang̃aw na tao.

T. ¿Sino ang mg̃a namamayang itó?

S. Mg̃a itím ó negro, bagamá't ang karamihan ay mg̃a putî.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Ang mg̃a kayamanan niyá ay itó: gintô, pilak, tansô, bakal, at ibá pa;—trigo, centeno;—mg̃a hayop.

T. ¿Alín ang mg̃a pang̃ulong bayan ng̃ Australia?

S. Ang Melbourne, Sidney at Adelaida.

## VI.—ANG HAWAII.

T. ¿Anó ang másasabi sa Hawaii?

S. Ang kapulùang Hawaii ay lupàing sakláw ng̃ Estados Unidos buhat niyóng 1897. Sa mg̃a hulíng panahóng itô, ang Hawaii ay totoóng napabalità dito sa Pilipinas, dahil sa pagdadalá ng̃ libolibong pilipino sa tinurang pulô upáng doó'y magtaním ng̃ tubó na siyáng ginagawâng asukal.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin?

S. May 16,700 kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán?

S. Mayroóng 154,000 tao.

T. ¿Sino ang mg̃a namamayang itó?

S. Mg̃a tagá Hawaii, haponés, intsík, portugués, pilipino at amerikano.

T. ¿Alín ang kanyáng mg̃a kayamanan?

S. Ang mg̃a kayamanan ng̃ Hawaii ay itó: tubó, kapé, tabako, niyóg, luya, at ibá pa;—kabayo, baka, at ibá't ibá pang hayop na pinakikinabang̃an.

T. ¿Alín ang mg̃a pulông malakí ng̃ Hawaii?

S. Ang kapuluang Hawaii na tinátawag ay binubuô ng̃ malalakíng pulông itó: *Hawaii*, *Maui*, *Oahú* at *Kauai*.

T. ¿Alín ang pang̃ulong bayan ng̃ Hawaii?

S. Ang pang̃ulong bayan ng̃ Hawaii ay Honolulu na nalalagáy sa pulông Oahú.

# BULATLUPA NG PILIPINAS (1)

## (GEOGRAFIA DE FILIPINAS)

UNANG KABANATA.

### Salaysay na pangkalahatan.

TANONG. ¿Anó ang dapat másabi sa *Pilipinas?*

SAGOT. Ang Pilipinas ay isáng bayang bihasá, marunong at mayaman, na kasalukuyang nagpupunyagî ng buông kaya sa ikapagtatamó ng kanyáng kasarinlán.

T. ¿Bakit pinamagatáng Pilipinas?

S. Pinamagatáng ganitó ng kastilàng Ruy López de Villalobos, bilang parangál ó alaala sa Prínsipe ng Espanyang nangangalang *Felipe.*

T. ¿Saán nátatagpùan ang Pilipinas?

S. Ang Pilipinas ay nátatagpùan sa panig ng Dulong Silangan (Extremo Oriente) na pinamamagatáng Malayà ó Malasia.

T. ¿Alín ang kanyáng mga hangganan?

S. Sa Hilagà at Kanluran, ang dagat ng China; sa Silanganan, ang Océano Pacífico; at sa Timog, ang dagat ng Célebes.

---

(1) Ang *Bulatlupa* ó *Heograpía ng Pilipinas* na itó ay pahaláw lamang. Ang kumatha nitó ay nagaakalang yumari ng isáng bukód at makapál na aklát na *Heograpía ng Pilipinas,* sa wikang tagalog din, na katutútuhang ganáp ng madlang bagaybagay sa ating lupain na pawang makabuluhán at pakikinabangan nating mga pilipino.

T. ¿Mayroóng ilán ang mga pulô ng Sangkapuluang Pilipinas?

S. Sangayon sa hakà ng mga amerikano, ang mga pulông saklâw ng Sangkapuluang Pilipinas ay mahigít pa sa 3,000.

T. ¿Ilán ang mga pulông pinananahanán ng mga pilipino?

S. Ang mga pulông pinananahanán ó pinamamayanan lamang ng mga pilipino ay kulángkuláng sa 300.

T. ¿Alín ang labingdalawáng pulông malakí ng Pilipinas na totoóng mahalagá?

S. Ang Lusón, Mindanáw, Samar, Negros, Panáy, Palawan, Mindoro, Leyte, Sebú, Bohol, Masbate, at Holó.

T. ¿Alín pa ang pinakamamalakíng pulô ng Pilipinas?

S. Ang Batanes, Babuyanes, Polillo, Korrehidor, Katanduanes, Marinduke, Tablas, Busuanggá, Kulión at Basilan.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng ating lupàin?

S. Ang kalakhán ó kalawakan ng ating lupàin ay binábalak sa 355,000 kilómetrong parisukát; na hindî pa kasama rito ang Kapuluang Holó at mga pulông mumuntî.

T. ¿Ilán ang mga nananahán sa Pilipinas?

S. Humigít kumulang sa 8 angawangaw na tao.

T. ¿Alín ang tatlóng urì ng mga tao na naninirahan ngayón sa Pilipinas?

S. Ang *itím* ó *ita*, ang *malayo* ó *pilipino* at ang *dayuhan* na kinatitipunan ng ibá't ibáng lahì.

T. ¿Sino ang mga itím ó ita?

S. Mga taong maiitím, na lubháng kauntî ang bilang at nanganananahán sa mga bundók at kagubatan.

T. ¿Sino ang mg̃a malayo ó pilipino?

S. Ang mg̃a taong kulay kayumanggí na lubhâng marami ang bilang at nang̃ananahán sa ibá't ibáng pulô ng̃ Pilipinas.

T. ¿Sa ilang tumpók nababahagi ang lahing malayo ó pilipino?

S. Sa tatlóng malakíng tumpók: una'y ang mg̃a *binyagan*, ikalawá'y ang mg̃a tinátawag na *moro* at ikatló'y ang mg̃a *tagagubat* na ayaw pasakláw sa kapangyarihang dayo.

T. ¿Alíngalín ang mg̃a binyagan?

S. Ang mg̃a tagalog, bisayà, ilokano, bikol, panggasinán, kapampang̃an, kagayán at sambál.

T. ¿Saán nang̃atitirá ang mg̃a binyagang itó?

S. Ang mg̃a *tagalog* ay nang̃atitirá sa Gitnâ ng̃ Lusón; ang mg̃a *bisaya* sa mg̃a Pulông Kabisayàan; ang mg̃a *ilokano* sa hilagàang kanluran ng̃ Lusón; ang mg̃a *bikol* sa timog silang̃anan ng̃ Lusón; ang mg̃a *panggasinán* sa Lalawigan ng̃ Panggasinán; ang mg̃a *kapampangan* sa Lalawigan ng̃ Kapampang̃an; ang mg̃a *kagayán* sa Lalawigan ng̃ Kagayán; at ang mg̃a *sambál* sa Lalawigan ng̃ Sambales.

T. ¿Mayroóng ilán ang mg̃a pilipinong binyagan?

S. Sa 8 ang̃awang̃aw na pilipino, ay kuláng kuláng sa 7 ang̃awang̃aw ang mg̃a binyagan.

T. ¿Alíngalín ang mg̃a moro?

S. Ang mg̃a lipìng nang̃ananahán sa Kattabato, Dabaw at Sambuwangga, at sa ibá't ibáng poók ng̃ Holó at Mindanáw.

T. ¿Alín ang relihióng sinasampalatayanan ng̃ mg̃a moro?

S. Ang *Mahometismo* ó relihión ni Mahoma.

T. ¿Alínalín ang mg̃a tagagubat?

S. Ang mg̃a lipìng lalòng kilalá sa mg̃a taong gubat ay ang *igurót, ilungot, tingian, kalinga,* at *gaddan* sa pulông Lusón; ang *tiruráy* sa Mindanáw at ang *tagbanuá* sa Palawan.

T. ¿Mayroóng ilán ang mg̃a wikàng ginágamit sa Pilipinas?

S. Lubhâng marami, ng̃unì't ang lalòng malaganap ay ang *Tagalog*, ang *Bisaya*, ang *Ilokano*, ang *Kapampangan* at ang *Bikol*, na pawàng nang̃anggaling sa wikàng malayo.

T. ¿Alínalín ang kanyáng relihión ó pananambá?

S. Ang mg̃a relihióng pinakamalaganap ay ang *Católica Apostólica Romana*, ang *Aglipayana* ó ang *Simbahang Pilipinong Malaya* at ang *Protestante*.

T. ¿Alín ang pang̃ulong halaman sa Pilipinas?

S. Ang *palay* ó *bigás* na tumutubò sa bawà't lalawigan at siyáng pang̃ulong pagkaing ikinabubuhay ng̃ mg̃a pilipino.

T. ¿Alíng poók ng̃ Pilipinas ang may malawak na tániman ng̃ palay?

S. Ang gitnâ ng̃ Lusón na sumásakláw sa mg̃a lalawigang Panggasinán, Nueva Ecija at Tarlak.

T. ¿Anó ang ginagawâng asukal dito sa Pilipinas?

S. Ang tubó, na kinukunan ng̃ katás sa pamamagitan ng̃ hapitán ó pangimpít.

T. ¿Alíng poók ang lalòng saganà sa asukal?

S. Ang Lusón, Panáy at Negros.

T. ¿Alín pa ang isáng halamang lalòng mahalagá sa Pilipinas?

S. Ang tabako.

T. ¿Alíng mga lalawigan ang lalòng maraming pananím ng tabako?

S. Ang Kagayán at ang La Unión.'

T. ¿Saán ang lalòng maraming gawàan ng tabako't sigarilyo?

S. Sa Maynilà.

T. ¿Alíng mga bayan ang pinagbibilhán ng maraming tabako?

S. Ang Espanya at ang Tsina.

T. ¿Anó ang ginagawâng kalibkíb ó koprax?

S. Ang ginagawâng kalibkíb ay dilì ibá't ang niyóg.

T. ¿Saán ang lalòng maraming punò ng niyóg?

S. Sa Lalaguna at sa Tayabas.

T. ¿Alín ang bayang pinagbibilhán ng maraming kalikbíb?

S. Ang Francia, na ginágamit niyáng sangkáp sa ibá't ibáng bagay na lubhâng makabuluhán.

T. ¿Alín pa ang isáng tangì at mahalagáng halaman sa Pilipinas?

S. Ang abaká, na siyáng ginagawâng damít, lubid, at ibá pa.

T. ¿Saán ang lalòng maraming punò ng abaká?

S. Sa Albáy, Sorsogón, Leyte at Mindanáw.

T. ¿Alín ang mga bansâng pinagdadalhán ng maraming abaká?

S. Ang Inglaterra at ang Estados Unidos.

T. ¿Marami bagáng kapé sa Pilipinas?

S. Marami rin, na ang lalòng saganà ay ang Lepanto Bontok at Holó.

T ¿Marami bagáng kahoy sa Pilipinas?

S. Sa Pilipinas ay totoóng masaganà sa kahoy, na bukód sa masaganà ay may ibá't ibá pang hu-

gis at pawàng maiinam. Ang mg̃a kahoy na itó ay malsasangkáp sa lalòng maririkít at malalakíng bahay, at magagawâng sulatán, sisidlán ng̃ damít at ibá't ibá pang kagamitán.

T. ¿Marami bang hayop sa Pilipinas?

S. Ang mg̃a hayop na pinakikinabang̃an ay marami gaya ng̃ kalabáw, kabayo, baka, baboy, kambíng, usá at manók.

T. ¿Anó ang másasabi sa mg̃a ibon sa Pilipinas?

S. Ang mg̃a ibon dito ay may 700 hugis, na ang kalahatì nitó ay siyáng natatagpùan sa Pilipinas.

T. ¿Anó namán ang másasabi tungkól sa mg̃a isdâ sa Pilipinas?

S. Ang mg̃a isdâ ay totoóng masaganà rito, magíng sa mg̃a dagat at magíng sa mg̃a ilog.

T. ¿Mayaman bagá ang Pilipinas sa mg̃a mineral?

S. Ang Pilipinas ay mayaman din namán sa mg̃a mineral, at ilán nitó'y lubhâng mahalagá at masaganà.

T. ¿Alín ang mg̃a mineral na lalòng mahalagá na natatagpùan dito sa ating lupàin?

S. Ang gintó, pilak at tinggâ.

T. ¿Saán natatagpùan ang maraming gintô?

S. Sa Benguet, Dalawáng Kamarines, Masbate at hilagàan ng̃ Mindanáw.

T. ¿Saán natatagpùan ang maraming pilak?

S. Sa Lepanto Bontok.

T. ¿Saán natatagpùan ang maraming bakal?

S. Sa Lalawigan ng̃ Bulakán, malapit sa Anggát.

T. ¿Saán natatagpùan ang maraming karbón ó uling na bató?

S. Ang maraming karbón ay natatagpùan sa Sebú,

sa pulông Batan at sa Polillo, at gayón din namán sa ibá't ibáng poók ng Kapuluang Pilipinas.

T. ¿Alín ang mga pangulong daungan (puerto) sa Pilipinas?

S. Ang *Maynila*, *Iloilo*, *Sebú* at *Sambuwanga*.

T. ¿Alín ang mga pangulong kipot (estrecho)?

S. Ang *San Bernardino*, sa pagitan ng Samar at Lusón; ang *San Juanico*, sa pagitan ng Samar at Leyte ang *Tañón*, sa pagitan ng Sebú at Negros; ang *Guimarás*, sa pagitan ng Panáy at Negros; ang *Mindoro* sa pagitan ng Mindoro at ng mga pulông Kalamianes; ang *Balabak*, sa pagitan ng pulông Balabak at Borneo; ang *Surigáw* sa pagitan ng Leyte at Mindanáw; at ang *Basilan*, sa pagitan ng Mindanáw at ng pulông Basilan.

T. ¿Alín ang malalaking ilog?

S. Ang *Malaking Ilog ng Kagayan* na lumálabás sa Aparri; ang *Agno* na umaagos sa laot ng Linggayén; ang *Pasig* na pumapasok sa look ng Maynilà; ang *Pulangui* ó *Malaking Ilog ng Mindanáw* na lumalabás sa kalapít ng Kotabato; ang *Agusan* na lumalabás sa dagat sa laot ng Butuan.

T. ¿Alín ang malalaking lawà (lago)?

S. Ang lawà ng *Bay* sa lalawigang Laguna, ang *Taál* ó *Bombón* sa Batangan, ang *Lanaw* at ang *Mainit* sa Mindanáw, ang *Kanarén* sa Tarlak.

T. ¿Alín ang mga bundok na matataás?

S. Ang *Apo* (ang taás ay 10 312 paa) sa Mindanáw, ang Kanlaón (8,192 paá) sa Negros, ang *Halkón* (8,800 paá) sa Mindoro, ang *Mayon* (7,926 paá) sa Albay, ang *Banahaw* (7,382) sa pagitan ng Tayabas at Laguna; ang *Data* (7,364 paá) sa hilagàan ng Lusón.

T. ¿Alín ang malalaking kabundukan?

S. Buông kapulùan halos ay nahahalangan ng malalaking kabundukan, nguni't ang lalòng mga tangì ay itóng sumúsunód: ang *Sierra Madre*, na nálalagáy sa dakong silanganan ng Lusón; ang *Caraballos*, na nalalatag sa dakong gitnâ at kanluran ng Hilagàan ng Lusón; ang *Oriental* at ang *Central* na nálalagáy kapuwà sa pulông Mindanáw.

T. ¿Mayroóng ilán ang mga bulkán sa Pilipinas?

S. Sa Pilipinas ay mayroóng tatlumpû't tatlóng bulkán na pawàng mahalagá, na ang labingdalawá nitó'y kasalukuyang kumikilos.

T. ¿Alín ang mga pangulong bulkáng kumikilos?

S. Ang *Mayon* sa Albáy, ang *Taal* sa Batangan, ang *Apo* sa Mindanáw, at ang *Kanlaón* sa Negros.

T. ¿Alín ang tatlóng tumpók na malakí na kinababahagiaan ng Pilipinas?

S. Ang Kapulùang Pilipinas ay nababahagi ngâ sa tatlóng malaking tumpók, na dili ibá't ang *Lusón*, ang *Bisaya* at ang *Mindanáw*.

## IKA II KABANATA.

## Ang Pulong Luson.

TANONG. ¿Anó ang másasabi sa pulông *Lusón?*

SAGOT. Ang Lusón ay siyáng pinakamalaking pulô at siyáng tumpók na mahalagá sa Sangkapulùang Pilipinas.

T. ¿Alín ang mga hangganan ng Lusón?

S. Sa Hilagà, ang Batanes at Babuyanes; sa Silanganan, ang Océano Pacífico; sa Timog, ang mga

pulông Mindoro, Masbate at Samar; at sa Kanluran, ang dagat nğ China.

T. ¿Gaano ang kalakhán nğ pulông Lusón?

S. Ang kalakhán nğ pulông Lusón ay 122,346 na kilómetrong parisukát.

T. ¿Ilán ang mğa lalawigang sakláw nğ Lusón?

S. Ang mğa lalawigang sakláw nğ Lusón ay dalawampû at tatló, kasama na rito ang Maynilà. Itóng Maynilà ay ipinalalagáy na parang isáng munisipio at parang isáng lalawigan.

T. ¿Alínalín ang mğa lalawigan nğ Lusón?

S. Ang mğa lalawigan nğ Lusón ay itóng mğa sumúsunód, na mulâ sa itaás patunğong ibabâ, kasama ang panğulong bayan (capital) nğ bawà't isá.

| MGA LALAWIGAN. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| Ilokos Norte. . . . . | Laoag. |
| Kagayán. . . . . . | Tuguegaráw. |
| Ilokos Sur. . . . . | Bigan. |
| Lalawigang Bulubundukin. | Bontok. |
| La Unión. . . . . . | San Fernando. |
| Isabela. . . . . . | Ilagan. |
| Nueba Biskaya. . . . | Bayombong. |
| Panggasinán. . . . . | Linggayén. |
| Sambales. . . . . . | Iba. |
| Nueba Esiha. . . . | Kabanatuan. |
| Tarlak. . . . . . . | Tarlak. |
| Kapampanğan. . . . | San Fernando. |
| Bataan . . . . . . | Balanğà. |
| Bulakán. . . . . . | Malulos. |
| Rizal. . . . . . | Pasig. |

| | |
|---|---|
| Maynilà. . . . . . | Maynilà. |
| Kabite. . . . . . | Kabite. |
| La Laguna. . . . | Santa Cruz. |
| Batañgan. . . . . | Batañgan. |
| Tayabas. . . . . . | Lusena. |
| Dalawáng Kamarines. . . | Nueba Káseres. |
| Albáy. . . . . . . | Albáy. |
| Sorsogón. . . . . . | Sorsogón. |

T. ¿Alín ang mga lalawigang nasa kalapít ng Lusón?

S Ang lalawigang *Batanes* na nasa hilagà, at ang lalawigang *Mindoro* na nasa timog ng Lusón.

T. ¿Maisasalaysáy bagá ang katañgìan ng bawà't isá sa mga lalawigang sakláw ng Lusón?

S. Ang mga lalawigan ng Lusón ay maisasalaysáy na isáisá, bagamá't pahaláwhaláw lamang at itóng mga sumúsunód. (1)

*Ilokos Norte.*—Mga tubò: bigás, tubò, maguey, tabako at bulak. Namamayan: ilokano at iláng tingiyán sa mga bundók. Nananahán: 155,000 tao. Mga pangulong bayan: Laoag, Dingras, Bakarra at Batak.

*Kagayán.*—Mga tubò: tabako, bigás, at ibá pa. Namamayan: kagayán at ilokano. Nananahán: 97,000

---

(1) Ninanais sana ng sumulat nitó na salaysayíng isáisá at buong buo ang mga katangíang tagláy ng lahát ng mga lalawigan sa Pilipinas, ngunì't hindi mangyari ang ganitó dahil sa ang aklát na itó'y hindi iniúukol lamang sa ating Kapuluan. Sa aklát na *Heograpía ng Pilipinas* na ináakalang sulatin ng buong buo ng sumulat nitó ay matutunghán ang makakabuluháng salaysáy na ukol sa ating mga lalawigan.

tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Tuguegaráw, Aparri at Lal-lok.

*Ilokos Sur.*—Ang sub-provincia ó susog-lalawigan nitó ay ang Abra. Mg̃a tubò: bigás, tubó, maguey, tinà, tabako at bulak. Namamayan: ilokano at iláng tingiyán sa mg̃a bundók. Nananahán: 212,000 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Bigan, Kandón at Narbakan.

*Lalawigang Bulubundukin (Provincia Montañosa).*—Ang mg̃a sub-provincia ó susog-lalawigan ay itó: *Bengued*, pang̃ulong bayan, Baguio; *Amburayan*, pang̃ulong bayan, Tagudín; *Lepanto*, pang̃ulong bayan, Cervantes; *Bontók*, pang̃ulong bayan, Bontók; *Ifugaw*, pang̃ulong bayan, Basaue; *Kalinga* at *Apayaw*. Namamayan; mg̃a lipìng hindî binyagan sa Hilagà ng̃ Lusón.

*La Unión.*—Mg̃a tubò: bigás, tabako, tubó, bulak at maguey. Namamayan: ilokano, iláng panggasinán, sa timog, at iláng igurót sa mg̃a bundók. Nananahán: 105,000 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan, San Fernando, Tubaw, at Agoo.

*Isabela.*—Mg̃a tubò: tabako, bigás at tubó. Namamayan: kagayán, ilokano at iláng tagá bundók. Nananahán; 54.000 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Ilagan, Cabagan at Echague.

*Nueba Biskaya.*—Mg̃a tubò: tabako, bigás, at ibá pa. Namamayan: ilokano, kagayán, gaddán at igurót Nananahán: 30,000 tao. Pang̃ulong bayan: Bayombóng.

*Panggasinán.*—Mg̃a tubò: bigás, pawid, niyóg, tubó at tabako. Namamayan: panggasinán, ilokano, iláng ita at igurót sa mg̃a bundók. Nananahán: 300,000 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Linggayén, Dagupan, Kalasiáw, San Carlos.

*Sambales.*—Mĝa tubò: bigás, tubó at tabako. Namamayan: sambal, panggasinán, tagalog, at maraming ita sa bulubundukin. Nananahán: 90,000 tao. Mĝa pangulong bayan: Iba, Subik at San Narciso.

*Nueba Esiha.*—Mĝa tubò: bigás, tabako, manî at sakâ mĝa kahoy na nakukuha sa mĝa bundók. Namamayan: tagalog at ilokano. Nananahán: 148,000 tao. Mĝa pangulong bayan: Kabanatuan, Gapáng, San Isidro, Kuyapó.

*Tarlak.*—Mĝa tubò: bigás, asukal, at ibá pa. Namamayan: ilokano, kapampangan at panggasinán, iláng tagalog at sambal, at maraming ita sa mĝa bundók. Nananahán: 115,000 tao. Mĝa pangulong bayan: Tarlak, Concepción, Victoria.

*Kapampangan.*—Mĝa tubò: tubó, bigás, pawid, mais, at iba't ibá pa. Namamayan: kapampangan, tagalog at ilang ita. Nananahán: 224,000 tao. Mĝa pangulong bayan: San Fernando, Bakulod, Angeles, Guaguà at Makabebe.

*Bataan.*—Mĝa tubò: bigás, tubó at tabako, at mainam na kahoy sa mĝa bundók. Namamayan: tagalog at iláng ita. Nananahán: 52,000 tao. Mĝa pangulong bayan: Balangà, Udyóng, Marlbeles.

*Bulakán.*—Mĝa tubò: bigás, tubó, pawid, at mĝa kahoy. Industria: tubâ ó alak, damít, tabako, sombrero, silya. Namamayan: tagalog. Nananahán: 230,000 tao. Mĝa pangulong bayan: Malulos, Bulakán, Baliwag, Hagunoy, San Miguel de Mayumo.

*Rizal.*—Mĝa tubò: bigás, tubó, kawayan, kahoy, niyóg at mĝa bungang kahoy. Industria: tubâ ó alak, asukal, at gawàan ng mĝa palayók, pilón, at ibá pa. Namamayan: tagalog at iláng ita sa mĝa bundók. Mĝa

pangulong bayan: Pasig, Malabón, Marikina at Antipulo.

*Maynila.*—Itó ang pangulong bayan ng Sangkapuluang Pilipinas. Mga kalakal: lubhâng saganà sa ibá't ibáng poók. Mga industria: lubhâng marami, at ang lalòng mahalagá'y ang gawàan ng tabako at sigarilyo, gawàan ng sombrero, sapatos, alak, sabón, pabangó, at ibá't ibá pa. Namamayan: mga tagalog at mga dayuhan, gaya ng intsík, amerikano, kastilà, inglés, alemán, pransés, haponés, at ibá't ibá pa. Nananahán: 240,000 tao. Mga bayan: Tundó, San Nicolás, Binundòk, Intramuros, Santa Cruz, Kiyapò, Sampalok, San Miguel, Pakò, Ermita, Maalat, Pandakan at Santa Anà.

*Kabite.*—Mga tubò: bigás, tubó, kanyamo, kapé, at mga bungang kahoy. Nananahán 132,000. Mga pangulong bayan: Kabite, Imus at San Francisco de Malabón.

*La Laguna.*—Mga tubò: ang lalòng mahalagá'y ang niyóg na siyáng ginagawâng kalibkíb ó koprax, at sa lalawigang itó'y mayroóng angawangaw na punò ng niyóg. Bukód dito'y mayroóng abaká, bungang kahoy, gulay, bigás at tubó. Namamayan: tagalog Nananahán: 188,000 tao. Mga pangulong bayan: Santa Cruz, Biñyáng, Santa Rosa, Kalambâ (na siyáng tinubùan ni Gat Rizal).

*Batangan.*—Mga tubò: bigás, tubó, abaká, niyóg at kapé. May maraming kabayo, at lubhâng masaganà sa dalanghita at ibá pang bungang kahoy. Namamayan: tagalog. Nananahán: 312,000 tao. Mga pangulong bayan: Batangan, Lipá, Taál, Bawáng at Balayang.

*Tayabas,*—Itó ang pinakamahabàng lalawigan sa pulông Lusón. Ang kanyáng sub-provincia ó susog-la-

lawigan ay ang Marinduke. Mĝa tubò: bigás, abaká, niyóg, asukal, tabako, at ibá pa. Namamayan: mĝa tagalog, bikol at iláng ita. Nananahán: 300 000 tao Mĝa pangulong bayan: Lusena, Sariaya, Lukbán, Atimunan at Tayabas. Ang pangulong bayan nĝ Mariduke ay Boak.

*Dalawáng Kamarines.*—Mĝa tubò: abaká, bigás, tubó, kakáw na lubhâng mainam, at ibá pa. Mĝa metal at mineral: gintô, pilak, bakal, tinggâ, tan-ô at uling na bató ó karbón. Mĝa industria: gawàan nĝ alak, paggawâ nĝ pabangóng ilangilang, paggawâ nĝ sinmay, at ibá't ibá pa. Namamayan: mĝa bikol, iláng tagalog at iláng ita. Nananahán: 185,000 tao. Mĝa panĝulong bayan: Nueva Káceres, Daet, San José, Iriga, Parakalé at Libmanan.

*Albáy.*—Mĝa tubò: ang pangulong halaman sa Albáy ay ang abaká. Bukód dito'y mahalagá rin ang kalinkíb at tubó. Namamayan: mĝa bikol. Nananahán: 150 000. Mĝa pangulong bayan: Albáy, Legaspi, Tabako at Guinobatan.

*Sorsogón.*—Ang sub-provincia ó susog lalawigan nitó ay ang Masbate. Mĝa tubò: ang mĝa pangulong halaman ay ang abaká at kalibkíb ó koprax Mĝa mineral: ang mĝa panĝulong mineral na natatagpùan ay ang gintô, uling na bató ó karbón at bakal. Namamayan: mĝa bikol. Nananahán: 120,000 Mĝa pangulong bayan. Sorsogón, Bacon at Bulan.

*Batanes* at *Babuyanes.*—Ang mĝa pulông itó na nasa Hilagà nĝ Lusón ay isá ring lalawigan na kilalá sa tawag na Batanes. Ang mĝa taong nananahán dito ay lubhâng kaunti lamang. Ang pangulong bayan nĝ lalawigang Batanes ay *Santo Domingo de Basco.*

*Mindoro*.—Ang pulông Mindoro ay ibá ring lalawigan na nasa timog ng̃ Lusón. Ang kalakhán ng̃ kanyáng lupàin ay 10,422 kilómetrong parisuká. Mg̃a tubò: ang mg̃a pang̃ulong halaman ay abaká, tubó, bigás at niyóg. Sa mg̃a kahoy na sangkáp sa bahay ay lubhâng saganà. Sa mg̃a mineral ay mayroóng gintô, tinggâ, tansô at karbón. Namamayan: mg̃a tagalog, bisayà at mangyán. Nananahán: 64 000 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Kalapán, Lubang, at ibá pa.

## IKA III KABANATA.

## Ang Pulong Bisaya.

TANONG. ¿Saan nálalagáy ang mg̃a pulông Bisayà?

SAGOT. Ang mg̃a pulông Bisayà ay nálalagáy sa gitnâ ng̃ Sangkapulùang Pilipinas, sa pagitan ng̃ Lusón at Mindanáw.

T. ¿Ilán at alín ang mg̃a pulông malakí ng̃ Bisayà?

S. Ang mg̃a pulông malakí ng̃ Bisayà ay anim, na dilì ibá't ang *Samar*, *Leyte*, *Bohol*, *Sebú*, *Negros*, at *Panáy*. Ang Negros ay nababahagi sa dalawá na pinamamagatáng *Negros Oriental* at *Negros Occidental*, at ang Panáy naman ay nahahatì sa tatló na dilì ibá't ang *Iloilo*, *Kapis* at *Antike*.

T. ¿Ilán at alín ang mg̃a lalawigan ng̃ Bisayà?

S. Ang mg̃a lalawigang saklâw ng̃ Bisayà ay sampuô, na nálalagáy dito sa sumúsunód, kasama ang kaníkanyáng kapital ó pang̃ulong bayan.

| MGA LALAWIGAN. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| Samar. . . . . . . | Katbalogan. |
| Leyte. . . . . . | Takloban. |

| | |
|---|---|
| Bohol. . . . . . . | Tagbilaran. |
| Sebú. . . . . . . | Sebú. |
| Negros Oriental. . . . | Dumaguete. |
| Negros Occidental. . . | Bakolod. |
| Iloilo. . . . . . . | Iloilo. |
| Kapis. . . . . . | Kapis. |
| Antike. . . . . . . | S. José de Buenavista |
| Palawan. . . . . . | Puerto Princesa. |

T. Mangyaring isalaysáy na isáisá ang katangìan ng̃ mg̃a lalawigang sakláw ng̃ Bisayà.

S. Ang mg̃a lalawigan ng̃ Bisayà ay sasalaysayíng pahaláw lamang dito sa mg̃a sumúsunód:

*Samar:*—Itó ang pulông pinakamalakí ó pinakamalawak sa mg̃a pulông Bisayà. Siyá ang ikatló sa bilang sa hanáy ng̃ mg̃a pulông malakí. Mg̃a tubò: ang lalòng mahalagá'y ang abaká at koprax, at sumúsunód dito ang bigás at tubó. Mg̃a mineral: ang mg̃a natatagpùan dito ay gintô, tinggâ at karbón. Namamayan: mg̃a bisayà at iláng tagalog. Nananahán: 232,500 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Katbalogan, Kalbayog, Gandara, Borongan at Guiwan.

*Leyte.*—Ang Leyte ay nasa timog kanluran ng̃ Samar, na náhihiwaláy dito sa pamamagitan ng̃ kipot ni San Juanico. Ang lalawigang itó ay may maraming loók (bahía) at daung̃an (puerto). Mg̃a tubò: ang lalòng mahalagá'y ang abaká, koprax ó kalibkíb at bigás. Namamayan: mg̃a bisayà. Nananahán: 270,500 tao. Mg̃a pang̃ulong bayan: Taklobon, Palo, Tanawan, Malitbog, Baybay, Ormok at Karigarà.

*Bohol.*—Ang Bohol ay nasa timog kanluran ng̃

Leyte. Siyá ang pulông pinakamaliít sa mga pulông Bisayà. Ang lalawigang itó ay may maraming bundók. Mga tubò: ang lalòng mahalagá'y ang bigás, koprax at abaká. Namamayan: mga bisayà. Nananahán: 246,500 tao. Mga pangulong bayan: Tagbilaran, Kalapé, Loon at Tubigon.

*Sebú*.—Ang Sebú ay nasa hilagàng kanluran ng Bohol, na náhihiwaláy dito sa pamamagitan ng kipot ng Tañón. Ang lalawigang itó ay may marami ring bundók. Ang pulông Sebú ay nálalagáy sa gitnâ ng mga pulông Bisayà. Mga tubò: ang lalòng mahalagá'y ang asukal, tabako, niyóg at abaká. Mga mineral: ang mga natatagpùan dito ay gintô, karbón at petróleo. Namamayan: mga bisayà. Nananahán: 653,700 tao, na siyáng pinakamarami sa lahát ng lalawigan sa Pilipinas. Mga pangulong bayan: Sebú, Argaw, Karkar. Ang pulông Maktán na sakláw ng Sebú ay siyáng kinamatayán ng mánunuklás na si Magallanes.

*Negros Oriental*.—Ang Negros ay nasa kanluran ng pulông Sebú. Ang Negros ay siyáng ikaapat sa hanáy ng mga pulông malakí. Ang Negros Oriental ay nasa silanganan ng pulông Negros kalapít halos ng Sebú. Mga tubò: ang lalòng mahalagá'y ang asukal, kakáw at bulak. Sa mga mineral ay mayroóng karbón ó uling na bató. Namamayan: ang karamihan'y mga bisayà at iláng Ita sa mga bundók. Nananahán: 140,000 tao. Mga pangulong bayan: Dumaguete, Bais at Sikihor. Ang pulông Sikihor ay sakláw ng lalawigang Negros Oriental.

*Negros Occidental*.—Ang Negros Occidental ay nasa kanluran ng pulông Negros, kalapít halos ng Ilo-

ilo. Sa dalawáng bahagi ng̃ Negros, ang Negros Occidental ay siyáng lalòng malakí at mayaman kay sa Negros Oriental. Mg̃a tubò: ang lalòng mahalagá'y ang asukal na totoóng marami kay sa ibáng lalawigan. Bukód sa asukal ay mayroóng kakáw, bigás, kapé, tabako at abaká. Mayroóng karbóng natatagpùan at gayón din ang kahoy na lubhâng masaganà. Namamayan: mg̃a bisayà at iláng ita sa mg̃a bundók. Nananahán: 231,500. Mg̃a pang̃ulong bayan: Bakolod, Escalante, Cadiz, Silay, Saravia at La Carlota.

*Iloilo.*—Ang Iloilo ay nasa timog silang̃anan ng̃ pulông Panáy. Siyá ay isá sa tatlóng lalawigan na kinababahaginan ng̃ Panáy. Mg̃a tubò: ang lalòng mahalagá'y ang asukal, abaká, bigás, kakáw, kapé, koprax, tabako at kahoy. Ang mg̃a hayop na pakikinabang̃an ay lubhâng marami. Mg̃a industria: paggawâ ng̃ alak, ng̃ asukal at ng̃ mg̃a damít, gaya ng̃ husi at pinyá. Namamayan: mg̃a bisayà ang karamihan at iláng ita sa mg̃a bundók, at may marami ring intsik. Nananahán: 363,000 tao. Pang̃ulong bayan: ang Iloilo, na siyáng pang̃alawáng siudad ó kabayanan sa Sangkapulùang Pilipinas. Mg̃a bayang mahalagá: Janiway Cabatuan, Miagaw at Pototan.

*Kapis.*—Ang Kapis ay nasa hilagàan ng̃ pulông Panáy. Ang kanyáng sub-provincia ó susog-lalawigan ay ang Romblón, na kinatitipunan ng̃ mg̃a pulông Romblón, Tablas at Sibuyán. Mg̃a tubò: ang lalòng mahalagá'y ang asukal at alak. Mg̃a industria: sombrero, buslô, at bakol. Namamayan: mg̃a bisayà at iláng taong gubat. Nananahán: 189,000 tao. Pang̃u-

long bayan: ang Kapis na nasa itaás ng ilog ng Kapis. Mga bayang mahalagá: Kalibo, Bagong Washington, Ibahay at Panay.

*Antike.*—Ang Antike ay nasa kanluran ng pulông Panáy. Siyá ay isá rin sa tatlóng lalawigang kinahatìan ng Panáy. Mga tubò: ang lalòng mahalagá'y ang asukal, abaká at bigás. Industria: ang natatangì'y ang gawàan ng husi at pinyá. Namamayan: mga bisayà at iláng taong bundók. Nananahán: 114,000 tao. Pangulong bayan: San José de Buenavista. Mga bayang mahalagá: Pandán, Kulasi at Bugasong.

*Palawan.* —Ang Palawan ay isá sa mga lalawigan ng Sangkapuluang Pilipinas, na kinatitipunan ng mga pulông Palawan, Balabak, Kagayanes, Kuyo at Kalamianes. Mga tubò: ang lalòng mahalagá y ang kakáw, bigás, niyóg at bulak. May mga hayop na pakikinabangan, gaya ng kabayo, baboy, at ibá pa. Namamayan: mga bisayà, tagbanuá, at iláng moro sa dakong timog ng Palawan. Nananahán: mayroóng 10,900 tao, na ang 5,500 nitó ay mga taong gubat. Pangulong bayan ng Palawan: Puerto Princesa. Ang pulông Kuliôn na kinatitirhán ng may mga sakít na lepra ay nasasakláw ng mga pulông Kalamianes.

## IKA IV NA KABANATA.

## Ang Pulong Mindanaw.

TANONG. ¿Anó ang másasabi sa pulông *Mindanáw?*

SAGOT. Ang Mindanáw ay siyáng pangalawáng pulông malakí at siyáng ikatlóng malakíng tumpók ng Sangkapuluang Pilipinas.

T. ¿Alín ang mga hangganan ng Mindanáw?

S. Sa Hilagà, ang mg̃a pulông Bisayà; sa Silang̃anan, ang Océano Pacífico; sa Timog, ang dagat ng̃ Célebes; at sa Kanluran, ang Kapulùan at dagat ng̃ Holó.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng̃ Mindanáw?

S. Ang kalakhán ng̃ Mindanáw ay 93,854 na kilómetrong parisukát.

T. ¿Alinaling mg̃a pulô ang sakláw ng̃ tumpók ng̃ Mindanáw?

S. Ang tumpók ng̃ Mindanáw ay sumasakláw sa pulông Mindanáw, (patí ng̃ kanyáng mg̃a pulông kalapít na Dinagat, Siargáw at Basilan) at sa kapulùang Holó.

T. ¿Ilán ang mg̃a nananahán sa Mindanáw?

S. Umáabot sa 500,000 tao, na ang 208,000 nitó ay mg̃a binyagan.

T. ¿Ilán at alin ang mg̃a lalawigan ng̃ Mindanáw?

S. Ang mg̃a lalawigang sakláw ng̃ Mindanáw ay apat lamang, at itông mg̃a sumúsunód:

| MGA LALAWIGAN. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| Misamis. . . . . . . | Kagayán. |
| Agusan. . . . . . | Butuan. |
| Surigáw. . . . . . | Surigáw. |
| Lalawigang Moro. . . . | Sambuwangga. |

T. ¿Anó ang mg̃a katang̃iang másasabi sa mg̃a lalawigang sakláw ng̃ Mindanáw?

S. Ang mg̃a katang̃iang masasabi sa mg̃a lalawigan ng̃ Mindanáw ay itông mg̃a sumúsunód:

*Misamis.*—Ang Misamis ay isá sa mg̃a lalawigang binyagan sa Mindanáw. Siyá ay nálalagáy sa hilagà

ng pulông itó, at nálilligiran ng dagat, ng Lalawigang Moro at ng Agusan. Pangulong bayan: Kagayán.

*Agusan.*—Ang Agusan ay isá rin sa mga lalawigang binyagan sa Mindanáw. Siyá ay nálalagáy sa dakong hilagà ng Mindanáw, at náliligiran ng Misamis, Lalawigang Moro at Surigáw. Ang dalawáng sub-provincia ó susog-lalawigang Bukidnon at Butuan ay siyáng ngayó'y nagíng Lalawigang Agusan. Pangulong bayan: Butuan.

*Surigáw.*—Ang Surigáw ay siyáng pangatlóng lalawigang binyagan sa Mindanáw. Siyá ay nálalagáy sa dakong hilagàng silanganan ng Mindanáw, at nálilligiran ng Agusan, Lalawigang Moro at Océano Pacífico. Pangulong bayan: Surigáw.

*Lalawigang Moro.*—Ang Lalawigang Moro ay binubuô ng kalahatì ng Mindanáw na nasa dakong timog at ng Kapuluang Holó, na kasama rito ang iláng pulông mumuntî. Ang Lalawigang Moro ay nahahatì sa limáng purók ó distrito, at itóng mga sumúsunód: Holó, Sambuwangga, Lanaw, Kottabato at Dabaw. Ang pámahalàan sa Lalawigang Moro ay pinamamahalàan ng isáng gobernador sa bawà't purók ó distrito.

T. ¿Anó ang másasabi sa limáng purók ó distrito ng Lalawigang Moro?

S. Itóng mga sumúsunód:

*Purók ng Holó.*—Ang purók na itó ay dilì ibá't ang Kapuluang Holó. Ang mga pulông pinakamalakí dito sa Kapuluang Holó ay Holó, Tawi-tawi at Pangutaran. Ang mga namamayan ay mga moro, na pinangungunguluhan ng mga datò at may isáng Sultán. Ang pangulong bayan ay Holó na siyáng tinátahanán ng kaniláng Sultán.

*Purók ng Sambuwangga.*—Ang siudad ó kabayanan ng Sambuwangga ay siyáng pangulong bayan ng Lalawigang Moro, at ng purók ó distrito ng Sambuwangga. Mayroón siyáng isáng mahalagáng daungan (puerto) na pinagbibilhán ng maraming abaká at kalibkib ó kopras.

*Purók ng Lanaw.*—Ang purók ng Lanaw ay nálilibiran ng Misamis, Kottabato, loók ng Illana at Sambuwangga. Ang pangulong bayan ng Lanaw ay Iligan sa may loók ng Oroquieta.

*Purók ng Kottabato.*—Ang pangulong bayan ng purók ng Kottabato ay ang kabayanan ng Kottabato na nasa bungad ng ilog na may ganitó ring ngalan.

*Purók ng Dabaw.*—Ang pangulong bayan ng purók na itó ay ang kabayanan ng Dabaw na nalalagáy sa loók ng Dabaw.

## IKA V KABANATA.

## Ang Pamahalaan ng Pilipinas. (1)

TANONG. ¿Alín ang Pámahalàan ngayón ng Pilipinas?

SAGOT. Ang Pámahalàan ngayón ng Pilipinas ay halos kahuwád sa Pámahalàan ng Estados Unidos ng Amérika na siyáng sa kasalukuyan ay sumásakóp sa atin. Ang tanging kaibhán lamang na mapupuná

---

(1) Minarapat ng sumulat nitó na maglagáy ng isáng tanging kabanata ukol sa Pámahalaan ng Pilipinas, dahil sa kanyáng tagláy na kahalagahán na karapatdapat matatastás ng lahát ng pilipino. Ipinauunawa lamang na itó'y isáng haláw sa tunay at ganáp na Pámahalaan ng Sangkapuluang Pilipinas.

ay sapagkâ't ang Pilipinas ay isáng bayang sakóp, samantalàng ang Estados Unidos ng̃ Amérika ay isáng bayang malayà.

T. ¿May iláng kapangyarihan ang Pámahalàan ng̃ Pilipinas?

S. Ang Pámahalàan ng̃ Pilipinas ay may tatlóng kapangyarihang nagkakaibá: Tagapagpaganáp (Ejecutivo), Tagapagbatás (Legislativo) at Tagahatol (Judicial).

T. ¿Sino ang may hawak ng̃ kapangyarihang Tagapagpaganáp (Poder Ejecutivo)?

S. Ang Kapangyarihang Tagapagpaganáp ay hawak ng̃ isáng *Punong Kapuluan* ó *Gobernador General*, na tinutulung̃an ng̃ isáng Pang̃alawáng Punò ó Vice Gobernador at 4 na Kalihim ó Secretario.

T ¿Alín ang tungkulin ng̃ Punòng Kapulùan ó Gobernador General?

S. Ang kanyáng tungkulin ay dilì ibá't masdán kung ang mg̃a batás na galing sa Kongreso ng̃ Estados Unidos at ng̃ mg̃a batás na buhat sa Legislatura Filipina ay ginaganap ng̃ buông pagtatapát ng̃ mg̃a kagawad ng̃ Pámahalàan.

T. ¿Alín ang mg̃a kagawaráng nasa sa kapamahalàan ng̃ Gobernador General?

S. Ang Kalihimang Tagapagpaganáp ó *Secretaría Ejecutiva*, ang Kagawarán ng̃ *Servicio Civil*, ang Kagawarán ng̃ *Auditor* at ang Siudad ng̃ Maynilà.

T. ¿Alín ang tungkulin ng̃ Pang̃alawáng Punò ó Vice Gobernador?

S. Ang tungkulin ng̃ Pang̃alawáng Punò ó Vice Gobernador ay humalili sa tungkulin ng̃ Punòng Kapulùan ó Gobernador General, sakaling itó'y maalís

ó magbitíw ng̃ tungkól ó dilì kayâ'y magkasakít ó anó mang dahiláng dî na makapagpatuloy sa kanyáng panunungkól.

T. ¿Alín ang mg̃a kagawaráng tagapagpaganáp na sakláw ng̃ *Gobierno Insular* ó Pámahalàang Kapulùan?

S. Ang Kagawarán sa Loób (Departamento del Interior), ang Kagawarán sa Páng̃ang̃alakál at Polisía (Departamento de Comercio y Policía), ang Kagawarán sa Pananalapî at Katarung̃án (Departato de Hacienda y Justicia) at ang Kagawarán ng̃ Pagtuturòng Bayan (Departamento de Instrucción Pública). Bawà't isá sa mg̃a kagawaráng itó ay pinamamahalàan ng̃ isáng Kalihim (Secretario), na isá rin sa mg̃a kagawad ng̃ Komisión.

T. ¿Alín ang tungkulin ng̃ isáng Kalihim ng̃ mg̃a Kagawaráng itó?

S. Ang tungkulin ng̃ isáng Kalihim sa kagawaráng tagapagpaganáp ay ayusin at pang̃alagàan ang kanyáng kagawarán at magbigáy ng̃ mg̃a kautusáng kinakailang̃an sa pang̃ang̃asiwà.

T. ¿Sino ang may hawak ng̃ Kapangyarihang Tagapagbatás (Poder Legislativo)?

S. Ang Kapangyarihang Tagapagbatás ay hawak ng̃ tinátawag na *Legislatura Filipina*, na binubuô ng̃ *Comisión Civil* at ng̃ *Asamblea Filipina* ó Kapulung̃ang Bayan. Itó'y nangyayari lamang sa mg̃a lalawigang binyagan, sapagkâ't sa mg̃a lalawigang dî binyagan, ang tang̃ing may hawak ng̃ kapangyarihan sa pagbabatás ay ang Komisión.

T. ¿Ilán ang mg̃a kagawad na bumubuô ng̃ *Comisión Civil*?

S. Ang *Comisión Civil* ay binubuô ng siyám na kagawad, kasama na rito ang Pangulo ó Presidente, na hawak ng Gobernador General sa Pilipinas. Sa siyám na kagawad na iyán, ang limá ay amerikano at ang apat ay pilipino.

T. ¿Paano ang pagbabatás ng Komisión?

S. Ang Komisión ay nagbabatás sa pamamagitan ng pagkakatipon ng kanyáng mga kagawad sa isáng pagpupulong. Ang pagdaló ng higít sa kalahatì ng mga komisionado ó kagawad ng Komisión ay siyáng tinátawag na *quorum*, na sa ganitóng bagay ay makapaglalagdâ na ng anó mang kautusán.

T. ¿Sa iláng paraán nahihinggíl ang paglalagdâ ng Komisión ng mga batás?

S. Ang Komisión ay naglalagdâ ng mga batás sa dalawáng kaparaanán: ang una'y natutungod sa kaliangang pangkalahatán ng Pilipinas, at ang ikalawá'y náuukol namán sa isáng tao ó kapisanan lamang.

T. ¿Sa iláng ayos ginágagnáp ang mga pagpupulong ng Komisión?

S. Ang mga pagpupulong ng Komisión ay ginagawáp sa dalawáng ayos: ang isá'y bukód na pagpupulong na natutungod sa pagpapaganáp ng mga kautusán, at ang ikalawá'y pagpupulong na háyagan na náuukol namán sa paglalagdâ ng mga batás.

T. ¿Anó ang tinátawag na *Asamblea Filipina* ó *Kapulungang Bayan?*

S. Ang katipunan ng mga Kinatawán ó Diputado na inihalál ng mga manghahalál na may karapatán upáng katawanán ang kanikaniláng Purók ó Distri-

to at maglagdâ ng mga batás na ikagiginhawa ng Bayan.

T. ¿Alín ang tungkulin ng isáng Kinatawán ó Diputado?

S. Ang paggawâ ó paglalagdâ ng batás, sa katungkulan niyáng pagkakinatawán ng bayan, na ikabubuti ng kalahatán.

T. ¿Sa iláng taón nagtatagál ang katungkulang pagká Kinatawán ó Diputado?

S. Sa ngayón ay nagtatagál ng apat na taón.

T. ¿Sino ang maihahalál na Kinatawán ó Diputado?

S. Ang sino mang lalaking may tagláy na karapatáng pagkamanghahalál, at mayroóng 25 taón gulang.

T. ¿Ilán lahát ang mga Kinatawán?

S. Sila'y ganáp na 81 Kinatawán na náuukol namán sa 81 purók ó distrito.

T. ¿Anó ang ngalang itinátawag sa nangungulo sa Kapulungang Bayan ó Asamblea?

S. Tinátawag na *Speaker* ó Pangulo ng Kapulungang Bayan.

T. ¿Gaano ang sahod ng Pangulo at ng mga Kinatawán ng Asamblea?

S. Ang sahod ng Pangulo ó *Espeaker* ay 16,000 pisong konant sa isáng taón, at ang Kinatawán ay tatlumpûng piso sa isáng pulong, na ang gugol sa paglalakbáy, paninirahan at kinakain ay pawàng binabayaran ng bayan.

T. ¿Makailán siláng magpulong sa isáng taón?

S. Sa loób ng isáng taón ay 90 araw lamang ang kaniláng ipinagpupulong.

T. ¿Ilán ang ating Kinatawán ó Delegado sa Washington?

S. Dalawá: ang isá'y inihahalál ng̃ Komisión at ang isá nama'y inihahalál ng̃ Asamblea.

T. ¿Alín ang tungkulin ng̃ mg̃a Kinatawán sa Washington?

S. Ang kaniláng tungkulin ay katawanán nilá ang Bayang Pilipinas at ipahayag doón ang tunay na damdamin at mg̃a kinakailang̃an ng̃ mg̃a namamayan dito.

T. ¿Sino ang may hawak ng̃ kapangyarihang Tagahatol (Poder Judicial)?

S. Ang Kapangyarihang Tagahatol ay hawak ng̃ *Corte Suprema* ó Kataastaasang Húkuman sa Sangkapulùang Pilipinas, na tinutulung̃an ng̃ mg̃a húkumang mababà dito sa Maynilà at sa mg̃a Lalawigan.

T. ¿Ilán ang mg̃a namamahalà sa Kataastaasang Húkuman?

S. Ang Kataastaasang Húkuman ay pinamamahalàan ng̃ isáng Pang̃ulo at anim na Mahistrado.

T. ¿Sino ang naghahalál sa tinurang Pang̃ulo at mg̃a Mahistrado?

S. Ang Pang̃ulo at mg̃a Mahistrado ng̃ Kataastaasang Húkuman sa Pilipinas ay inihahalál ng̃ Pang̃ulo ng̃ Estados Unidos sa payo at pagpapatibay ng̃ Senado.

T. ¿Alínalín ang mg̃a húkumang tumutulong sa Kataastaasang Húkuman?

S. Ang mg̃a Húkumang Unang Dulugan ó *Juzgado de Primera Instancia* at ang mg̃a Húkumang Pamayapà ó *Juzgado de Paz*.

T. ¿Saán nalalagáy ang mg̃a Húkumang Unang Dulugan?

S. Sa Maynilà ay mayroóng isáng Húkumang Unang Dulugan na pinamamahalàan ng̃ mg̃a hukóm na halál ng̃ Komisión. Sa bawà't lalawigang násа

saklâw ng Pámahalàang Bayan ó *Gobierno Civil* ay may isá ring Húkumang Unang Dulugan na pinamamahalàan ng hukóm na halál din ng Komisión. Ang hukóm na itó ay namamahalà sa mga Húkumang Unang Dulugan na násasakláw ng kanyáng purók húkuman ó *distrito judicial.* Sa lahát ng lalawigan ng Pilipinas ay mayroóng 15 purók húkuman ó *distrito judicial* na pinamamahalàan namán ng 15 hukóm, tangì pa rito ang purók na náuukol sa Lalawigang Bulubundukin na nasa Hilagà ng Lusón.

T. ¿Saán nálalagáy ang mga Húkumang Pamayapà ó *Juzgado de Paz?*

S. Sa Maynilà at sa bawà't bayan ó munisipio ng mga Lalawigan ay mayroóng isáng Húkumang Pamayapà. Ang Húkumang itó ay pinamamahalàan ng isáng hukóm pamayapà ó *juez de paz* at isáng hukóm pamayapàng katulong ó *juez de paz auxiliar* na halál ng Gobernador General sa kapahintulután ng Komisión sa Pilipinas.

T. ¿Anó ang layon ng pagtatatág ng mga Húkumang Pamayapà sa mga bayánbayán?

S. Ang tangìng layon ng gayóng pagtatatág ay upáng madulugán karakaraka ng mga maralità sa paghingî ng katarungán?

T. ¿Gaanong panahón ang itinatagal sa panunungkulan ng mga hukóm pamayapà?

S. Ang mga hukóm pamayapà ay walâng takdâng panahón sa kaniláng panunungkulan at makapagpapatuloy nitó kailán ma't nakikitaan ng mabuting kaugalìan. Gayón man, ang Punòng Kapulùan ó Gobernador General ay may kapangyarihang palitán ó alisin silá sa panunungkól.

# BULATLUPA NG ESTADOS UNIDOS.

## (GEOGRAFIA DE LOS ESTADOS UNIDOS).

---

### TANGING KABANATA.

### Salaysay na pangkalahatan.

TANONG. ¿Anó ang másasabi sa *Estados Unidos?*

SAGOT. Ang Estados Unidos ay isáng bansâng lubhâng másulong sa mga kapanáhunang itó, lubhâng mayaman at sagaṅàng saganà sa mga industria at sa páṅgaṅgalakál.

T. ¿Alín ang kanyáng mga hangganan?

S. Sa Hilagà, ang Canadá; sa Silanganan, ang Océano Atlántico; sa Timog, ang Méjico at ang laot ng Méjico; at sa Kanluran, ang Océano Pacífico.

T. ¿Gaano ang kalakhán ng kanyáng lupàin?

S. Umáabót sa 9 ½ angawangaw na kilómetrong parisukát na kasinglakí na halos ng buông Europa.

T. ¿Ilán ang mga nananahán sa Estados Unidos?

S. Mayroóng 83 angawngaw na tao.

T. ¿Alín ang mga bundók na lalòng mataás?

S. Ang *Mabatóng Bulubundukin*, ang *Apalaches*, ang *Sierra Nevada*, at ang *Cascadas*.

T. ¿Alín ang malalakíng ilog?

S. Ang mga ilog na lalòng malakí ay ang *Mississippi* at ang *Missouri*, at ang mga sumúsunód dito'y ang *Columbia* at *Colorado*.

T. ¿Alín ang malalakíng lawà (lago)?

S. Ang *Superior, Michigán, Hurón, Erie, Ontario*, at ang *Malaking Lawang Maalat.*

T. ¿Alín ang kanyáng mga kayamanan?

S. Sa mga halaman ay lubhâng saganà sa bulak at trigo. Ang mga hayop ay lubhâng marami, gaya ng kabayo, baka, at ibá't ibá pang pinakikinabangan. Sa mga mineral ay lubhâng mayaman sa karbón, bakal at petróleo. Sa mga metal ay lubhâng saganà sa gintô, pilak, tansô, at ibá pa. Sa mga kahoy at sa mga isdâ ay marami rin.

T. ¿Bakit pinamagatáng Estados Unidos?

S. Pinamagatáng ganitó, sapagkâ't isá siyáng Kalipunán (Confederación) na binubuô ng 48 Estado at 3 Territorio.

T. ¿Alín ang Pámahalàan ng Estados Unidos?

S. Ang Pámahalàan ng Estados Unidos ay *repúblika* na pinamamahalàan ng isáng Pangulo ó Presidente at ng Kongreso na binubuô ng Senado at ng Kapulungan ng mga Kinatawán (Cámara de Representantes).

T. ¿May iláng kapangyarihan ang Pámahalàan ng Estados Unidos?

S. Ang Pámahalàan ng Estados Unidos ay may tatlóng kapangyarihang nagkakaibá: Tagapagpaganáp (Ejecutivo), Tagapagbatás (Legislativo) at Tagahatol (Judicial).

Ang Kapangyarihang Tagapagpaganáp (Poder Ejecutivo) ay hawak ng Pangulo ó Presidente ng República, na tinutulungan ng Pangalawáng Pangulo ó Vice Presidente at 7 Ministro ó Secretario.

Ang Kapangyarihang Tagapagbatás (Poder Legislativo) ay hawak ng Kongreso na may dalawáng ka-

pulungan: ang sa mga Senador at ang sa mga Kinatawán.

Ang Kapangyarihang Tagahatol (Poder Judicial) ay hawak ng Kataastaasang Húkuman (Corte Suprema) na mayroóng 10 Hukóm.

T. ¿Paano ang pamamahalà ng mga Estadong bukód?

S. Ang mga Estado ay ganáp na malalayà ukol sa mga bagaybagay sa loób, at may isáng pámahalàang sarili na nawawangkî sa pámahalàang panglahát, na may mga kapulungan ding tagapaglagdâ ng batás. Ang punò sa bawà't Estado ay pinangangánláng *Gobernador* na halál ng bayan.

T. ¿Sino ang naghahalál sa Pangulo ng Repúblika?

S. Ang Pangulo ng Repúblika ay inihahalál ng bayan sa tuwîng 4 na taón, sa pamamagitan ng boto ng mga mamamayán.

T. ¿Sino ang naghahalál sa mga Senador at sa mga Kinatawán ó Representante?

S. Magíng ang mga Senador at magíng ang mga Kinatawán ó Representante ay pawàng inihahalál din ng bayan.

T. ¿Alín ang pangulong bayan ng Estados Unidos?

S. Ang *Washington*, na siyáng pinagtitipunan ng Kongreso sa paglagdâ ng batás na ukol sa buông Estados Unidos. Ang siudad ng Washington ay násasakláw ng Columbia, isáng purók na ukol sa Pámahalàan ng Kalipunán.

T. ¿Anó ang tinátawag na *territorio*?

S. Tinátawag na territorio ay isáng bahagi ng Estados Unidos, na ang pamamahalà sa kanyá ay hawak ng Pámahalàang Kalahatán. Ang bawà't terri-

torio ay pinamamahalàan ng isáng Gobernador na halál ng Pámahalàan ng Kalipunán. Ang Pilipinas ay hindî isáng territorio kundî isáng bayang sakóp ng Estados Unidos.

T. ¿Paano ang pagiging Estado ng isáng territorio?

S. Ang isáng territorio ay magiging Estado, kailán ma't pinananahanán ng 60,000 tao, na sa ganitóng bagay ay mápapabilang na siyáng isáng bahagi ng Kalipunán.

T. ¿Alín ang kanyáng relihión at wikà?

S. Ang relihióng lalòng malaganap ay ang *protestante*, at may malayàng pananampalataya. Ang wikàng *inglés* ay siyáng ginágamit ng Pámahalàan.

T. Mayroóng iláng tumpók ang mga Estado?

S. Limá: Mga Estado sa Bagong Inglaterra, Mga Estadong Gitnâ sa Atlántiko, Mga Estado sa Gitnâ ng Amérika, Mga Estado sa Timog, at Mga Estado sa Kalunuran.

T. ¿Alinalín ang mga Estadong sakláw ng bawà't isáng tumpók na tinuran?

S. Ang mga Estadong sakláw ng bawà't isáng tumpók ay itóng mga sumúsunód, kasama ang kanikanlyáng pangulong bayan. Dapat matalastás na ang mga pangulong bayang itó ay hindî siyáng bayang pinakamalakí at hindî siyáng matao kay sa ibá.

| MGA ESTADO. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| **MGA ESTADO SA BAGONG INGLATERRA.** | |
| Maine. . . . . . . | Augusta. |
| New Hampshire. . . . | Concord. |

| MGA ESTADO. | PANGULONG BAYAN |
|---|---|
| Vermont . . . . . | Montpelier. |
| Massachusetts. . . . . | Boston. |
| Rhode Island. . . . | Providence. |
| Connecticut. . . . | Hartford. |

MGA ESTADONG GITNA SA ATLANTIKO.

| | |
|---|---|
| New York. . . . . . | Albany. |
| Pennsylvania. . . . | Harrisburg. |
| New Jersey. . . . | Trenton. |
| Delaware. . . . . | Dower. |
| Maryland. . . . . | Annapolis. |
| Virginia. . . , . | Richmond. |
| West Virginia. . . . | Charleston. |

MGA ESTADO SA GITNA NG AMERIKA.

| | |
|---|---|
| North Dakota. . . | Bismarck. |
| South Dakota. . . . | Pierre. |
| Nebraska. . . . | Lincoln. |
| Kansas. . . . . | Topeka. |
| Minnesota. . . . | Saint Paul. |
| Iowa. . . . . . . | Desmoines. |
| Missouri. . . . . . | Jefferson City. |
| Michigan. . . . . | Lansing. |
| Wisconsin. . . . . | Madison. |
| Illinois. . . . . . | Springfield. |
| Indiana. . . . . | Indianopolis. |
| Ohio. . . . . . | Columbus. |
| Kentucky. . . . . | Francfort. |

MGA ESTADO SA TIMOG.

| | |
|---|---|
| North Carolina. . . . | Releigh. |

| MGA ESTADO. | PANGULONG BAYAN. |
|---|---|
| South Carolina. . . . . | Columbia. |
| Georgia. . . . . . | Atlanta. |
| Florida. . . . . . | Tallahassee. |
| Tennessee. . . . . . | Nashville. |
| Alabama. . . . . . | Montgomery. |
| Mississippí. . . . . . | Jackson. |
| Arkansas. . . . . . | Little Rock. |
| Louisiana. . . . . . | Baton Rouge. |
| Indian Territory. . . | Tahlequah. |
| Oklahoma. . . . . | Guthrie. |
| Texas. . . . . . | Austin. |

## MGA ESTADO SA KALUNURAN.

| | |
|---|---|
| Montana. . . . . . | Helena. |
| Wyoming. . . . | Cheyenne. |
| Colorado. . . . . | Denver. |
| New Mexico. . . . | Santa Fé. |
| Idaho. . . . . . | Boise City. |
| Utah. . . . . . | Salt Lake City. |
| Arizona (Territorio). . . | Phoenix. |
| Washington. . . . . | Olympia. |
| Oregon. . . . . . | Salem. |
| Nevada. . . . . . | Carson City. |
| California. . . . . . | Sacramento. |

**T. ¿Alínalín namán ang mga territorio?**

**S. Ang *Arizona* na binanggít na sa itaás, ang *Alaska* na nasa Hilagàan ng Amérika, at ang Kapulùang *Hawaii* sa Oseanía.**

# TUNTUNAN


| KABANATA. | MUKHA. |
| --- | --- |
| **BULATLUPANG TAGALOG** | |
| Sa mĝa kababayan . . . . . . . . . . . . | 5 |
| Simula . . . . . . . . . . . . . . . . . | 7 |
| **BULATLUPANG KALANGITAN** | |
| I.—Ukol sa mĝa tangláw nĝ langit . . . . . . | 9 |
| II.—Sa mĝa planeta at sa kanyáng bahagi . . . | 11 |
| III.—Sa mĝa planetang panĝalawá (satélites) . . . | 14 |
| IV.—Sa mĝa kometa at sa kanyáng sakláw . . . | 16 |
| V.—Sa mĝa paglalaho at sa kanyáng sakláw . . | 18 |
| VI.—Ang Kalendario ó ukol sa panahón . . . . | 20 |
| **BULATLUPANG KALIKASAN.** | |
| I.—Ang Lupa at sa kanyáng bahagi . . . . . . | 23 |
| II.—Bahaging mahanĝin ó ang alapaáp . . . . | 24 |
| III.—Bahaging lusáw ó ang tubig . . . . . . . | 32 |
| IV.—Bahaging matigás ó ang lupa . . . . . . | 38 |
| V.—Ukol sa tao at sa mĝa lahi . . . . . . . . | 42 |
| **BULATLUPANG KAPAMAYANAN.** | |
| I.—Ang kapisanan, bayan at bansa . . . . . . | 45 |
| II.—Ukol sa pananambá ó relihión . . . . . . | 48 |
| III.—Pagkakaibá nĝ mĝa salita ó wika . . . . . | 51 |
| IV.—Sarisaring ayos nĝ pamahalaan ó gobierno. . . | 53 |
| V.—Ang pagsasaka, industria, pánĝanĝalakál, panĝasiwaang bayan at karununĝan . . . . | 56 |
| **BULATLUPANG KASALAYSAYAN.** | |
| I.—Ang Europa at sa kanyáng sakláw . . . . | 61 |
| II.—Ang Asia at sa kanyáng sakláw . . . . . | 78 |
| III.—Ang Áprika at sa kanyáng sakláw . . . . | 86 |
| IV.—Ang Amérika at sa kanyáng sakláw . . . . | 93 |
| V.—Ang Oseanía at sa kanyáng sakláw . . . . | 101 |
| **BALATLUPA NG PILIPINAS.** | |
| I.—Salaysáy na pangkalahatán . . . . . . . . | 109 |
| II.—Ang Pulong Lusón . . . . . . . . . . . | 116 |
| III.—Ang Pulong Bisaya. . . . . . . . . . . | 123 |
| IV.—Ang Pulong Mindanáw . . . . . . . . . | 127 |
| V.—Ang Pámahalaan nĝ Pilipinas . . . . . . . | 130 |
| **BULATLUPA NG ESTADOS UNIDOS.** | |
| Salaysáy na pangkalahatán . . . . . . . . . | 137 |

# ARITMETIKANG TAGALOG

Itó ang mahalagáng aklát na katutútuhan ng̃ apat na pang̃ulong tuntunin ó *cuatro reglas principales* at ng̃ sari-sari at matataás na pagbilang na luobang kinakailang̃an at pakikinabang̃an sa ating pamumuhay.

Ang *Aritmétika* ay isáng mataás na karunung̃an na nagtuturo ng̃ ibá't ibáng kaparaanán sa pagbilang ó pagkuwenta ng̃ anó mang bagay.

Ang *Aritmétika* ay totoóng kailang̃ang matutuhan ng̃ isáng tao, maging marunong at mangmang, mayaman at dukha mámumuhunán at manggagawa, at sa isáng sabi'y lahát na ng̃ nabubuhay sa balat ng̃ Lupa.

Ang sino mang tao, maging mámumuhunán at maging manggagawa, ay kinakailang̃ang bilang̃in ang kanyáng kinikita, ang ginugugol at ang naiimpók sa isáng araw, sa isáng linggó, sa isáng buwan ó sa isáng taóng kayá. Upáng maganap itó ay sadyang kinakailang̃an ang matuto ng̃ *Aritmétika*, na siyáng nagtuturo ng̃ sarisaring paraan ng̃ pagbilang.

Kung ibig din lang ninyong matuto ng̃ *Aritmétika* sa inyóng sarili ay kinakailang̃an ninyong basahin at pagaralan ang aklát na ARITMÉTIKANG TAGALOG na gawa ni *Mamerto Paglinawan*, na siyáng tang̃ing nagtuturo ng̃ madlang kaparaanán sa pagbilang na ipinaliliwanag sa pamamagitan ng̃ maraming halimbawa.

Sa tinurang aklát na ARITMETIKANG TAGALOG ay nálalagáy itóng mg̃a sumúsunód: pagbilang ó *numeración*, pagpisan ó *sumar*, pagbawas ó *restar*, pagparami ó *multiplicar*, pagbabahagi ó *dividir*, mg̃a hating karaniwan ó *quebrados ordinarios*, mg̃a hating ikasampuan ó *quebrados decimales*, pagsukat at pagtimbang ó *pesas y medidas*, mg̃a kasang̃áng bilang ó *números conplejos*, pagkakáagpáng at pagkakálagáy ó *razones y proporciones*, tuntunin ng̃ tatló ó *regla de tres*, tuntunin ng̃ pagsasapi ó *regla de compañía*, tuntunin ng̃ patubo ó *regla de interés*, tuntunin ng̃ pabawás ó *regla de descuento* at tuntunin ng̃ paghahalo ó *regla de aligación*.

Ang mahalagáng aklát na itó ay kasalukuyan nang ipinagbibilí. Ang sino mang bibilí sa mg̃a Aklatan ó Librería ay kinakailang̃ang sabihin ang pang̃alan ng̃ sumulat na si *Mamerto Paglinawan*, pakrá't kung di ganitó ay ibá ang ibibigáy na hindi naaakmang pagaralan. Ang halagá ay murang mura lamang: P 0.50 ang isang aklát.

E. Mamerto Paglinawan
Maynila, 13 Marzo 44
Pakikipagpabatian sa mayakda.

# Mga aklat ni Honorio Lopez

ABOGADO NG BAYAN.—*Unang Tomo.*—Binubuo ng̃ mg̃a pagsasaysáy ng̃ kapasiyahán ng̃ *Código Civil, Código Penal,* at paliwanag ng̃ *Procedimiento Civil* at *Criminal* na nagtuturo ng̃ pang̃ang̃atuwiran, pagharáp at pananaggól ng̃ mg̃a usapín sa alíng mang húkuman ó *juzgado* kahi't walang Abogado.—PISO ang halagá.

ABOGADO NG BAYAN.—*Ikalawáng Tomo.*—Aklát na kinálalagyán ng̃ mg̃a batás ng̃ Rentas Interna Amillaramiento, Konstabulario, Timbang̃an at Takalán na nagtuturo ng̃ pagpaparegistro ng̃ mg̃a lupaíng sarili kahi't walang Abogado at nang huwág maulól ng̃ Konstabulario, Montero, Inspector ng̃ Rentas Internas at Ibá pa.—Halagá: DALAWANG PESETA.

MARUNONG NG PAMAMAHALA SA BAYAN.—*Ikatlóng Tomo.*—Aklát na kinalululanan ng̃ mg̃a kapasiyahán ng *Ley Electoral, Código Municipal, Ley Provincial* at ibá pang batás na kailang̃ang malaman ng̃ isáng punong bayan, konsehal, pulís at ng̃ namamayan nang huwag siláng mahiduwa sa ipinaguutos.—PISO ang halagá.

DUNONG NG PAGYAMAN.—*Unang Tomo.*—Aklát na katutútuhan ng̃ kaparaanan ng̃ madalíng pagyaman. Nagtuturo ng̃ bagong paraán ng̃ pagtataním ng̃ mg̃a halaman upang umani ng̃ masagana, pagiimbak ng̃ kamatis, mangǵá, atbp.; paggawa ng̃ hamón, salsitsón, atbp.; pagiing̃at at paggawa ng̃ gatas, at ibá't ibá pang lubhang makakabuluhán. Nagtuturo rin ng̃ paggawa ng̃ pósporó, sabon, pabang̃ó, tintá, at ibá't ibá pang kalihimang pagkakakitaan ng̃ salapi na mg̃a malalaya at bagong hanapbuhay.—PISO ang halagá.

DUNONG NG PAGYAMAN.—*Ikalawang Tomo.*—Aklát na katutuklasán ng̃ lalong maiinam na dapat pagkakitaan, katulad ng̃ *kalihiman ng pagtuklás ng mga minang ginto, brillante,* at ipá pa, paggawa ng̃ dinamita, semento, sabóng intsik, sabóng mabang̃ó at sabóng panggamót, at marami pang kahang̃ahang̃ang kalihiman ng̃ paggawa ng̃ mg̃a bagay na dapat pagkakitaan ng̃ maraming salapi. Ang aklát na ito'y kasalukuyang sinusulat ng̃ may katha. —PISO ang halagá.

Ipinagbibilí ang mg̃a aklát na itó sa lahat ng̃ Aklatan ó *Librería* at sa bahay ni Honorio López, 1343 Anloague, Tundo, Maynila. S, P.

# Mga Aklat ng Kumatha Nito

ANG "BILL JONES"—Itó ang aklát na tumutukoy sa kautusáng nagtatakda ng ating Kasarinlan ó Independencia. Inihulog sa wikang tagalog.—Halagá: P0.20.

BAYAN AT PAGIBIG.—Ang aklát na itó'y mayroóng mga pagtatalo ukol sa mga súliranin ng ating Bayan at tungkól sa Sandata at Panulat ni Rizal at ni Bonifacio Mayroón ding mga tula na kawiliwiling basahin. Tanging inihánhandog sa mga kapisanan sa Pilipinas at may paunawa ni G. Honorio López.—Halagá: P0.50.

HEOGRAPIANG TAGALOG.—Itó ang aklát na nagtuturo ng mga karúnungang nauukol sa langit, sa lupa at sa bayan. Itó'y sumásakláw sa buong Europa, Asia, Aprika, Amérika at Oseanía, sa Kapuluang Pilipinas at sa Estados Unidos.—Halagá: P0.50.

ARITMETIKANG TAGALOG.—Itó ang mahalagáng aklát na nagtuturo ng *cuatro reglas principales, quebrados, decimales, pesas y medidas, complejos, razones y proporciones, regla de tres, compañia, interés, descuento* at *aligación* na pawang násusulat sa wikang tagalog. Ang aklát na itó'y siyáng katutútuhan ng sarisari at matataás na pagbilang na lubhang kinákailangan at pakikinabangan sa ating pamumuhay.—Halagá: P0.50.

GRAMATIKANG TAGALOG.—Ang aklát na itó na nagtuturo ng mahusay na pagsasalita at maayos na pagsulat sa Wikang Tagalog ay itinuturo ngayón sa paaraláng "Instituto Burgos". Ang salitang ginamit ay pulós na tagalog, kaya't ang sino mang makabasa'y madaling mátututo kahit na walang guro (ó maestro). Binubuo itó ng apat na bahaging mahalagá: PAGBIGKÁS (ó *Prosodia*), PAGKILALA (ó *Analogia*), PAGLALAKIP (ó *Sintaxis*) at PAGSULAT (ó *Ortografia*).—Halagá: P1.00.

MAESTRO NG BAYAN.—Itó ang aklát na katutútuhan ng mga dukha at manggagawa ng sarisaring karunungan. Naglalamán ng anim na aklát na mahalagá: GRAMATIKA, ARITMETIKA, GEOGRAFIA, HISTORIA NG PILIPINAS, MORAL at URBANIDAD, na pawang nasusulat sa Wikang Tagalog. Sa aklát na itó'y matututuhan ang marami at mahahalagang karunungan na totoóng makabuluhán sa ating pamumuhay.—Halagá: P1.00.

GRAMATIKANG KASTILA-TAGALOG.—Itó ang tanging aklát na mapagaaralan ó katutútuhan ng mga tagalog ng wikang kastila. Hindi na kailangan ang guro (ó maestro), at sukat na sa basahin ang aklát na itó ay sapát nang matuto ang sino man ng maayos na pagsasalita at matwíd na pagsulat ng wikang kastila sa loób ng lalong madaling panahón.—Halagá: P1.00.

TAGUBILIN.—Ang sino mang bibilí ng mga aklát na itó sa Aklatan ó Librería ay kinakailangang sabihin ang pangalan ng sumulat na si *Mamerto Paglinawan*, pagka't kung di ganitó ay ibá ang ibibigáy. Ipinagbibilí rin ang mga tinurang aklát sa daáng Trabajo 116, Sampalok, Maynila, S. P.

UNIVERSITY OF MICHIGAN
3 9015 05150 3814